
# SANGGUNIAN
## TAYO'Y MAGTANONG UKOL SA KAPALARAN
### KAY Prof. JOAKENS

PATALASTAS—Sa simula'y matiyak ng sarili na ang hintuturo ay nasa gitna ng Orakulong ARAW at ipaikot ng pitong ulit. Pagkatapos ay turukin ng buong ingat; kung alin man ang mapapalarang maituturong b lang ng TITIK ay may katumbas na titik na may PAHAYAG sa ibaba nito at siya naman ang nagsisiwalat ng tinataglay na KAHULUGAN sa inyong PAG-UUGALI at KAPALARAN.




Blg.—4

HILIG —— PAG-IBIG —— KAPALARAN

a.—Pananahimik sa kabuhayan ang lalandasin.
b.—Ibuhos ang pag-ibig at diyan kayo may pagunlad.
c.—Siya rin ang inyong makakaisang palad.
d.—May maningning na hilig.
e.—Huwag mainip at nalalapit na ang kapalaran.
f.—Kaya't baguhin ang kapalaran.
g.—Maging malawak ang kaisipan at lakihan ang puso.
h.—Ang bagong hinaharap ang siyang aasahan.
i.—Unti-unting dumarating ang mainam na pagkakataon.
j.—Pagsusumikap at pag-papakabait ang kailangan.
k.—Mayroong mabuting kahihinatnan.
l.—Dating kasintahan ang siyang may pagtulong.
m.—Kaya't ipagpatuloy mayroong aasahan.
n.—Ang hilig ay ipagpatuloy.
o.—Mabuting pagsasama ang hudyat ng tagumpay.
p.—Kayo ang lilikha upang magkaroon ng mabuting kabuhayan.
q.—Maganda ang kinabukasan.

G. LUCIO B. SANCHEZ. — Calawaan, Pasig, Rizal.

Kayo rin ang makasusumpong ng panibagong landas sa isang mabuting hanap-buhay na sasarilinin sa ibang panahon. Hilig ninyo ang katahimikan at walang panginoon.

G. DANIEL S. OLIVEROS. — Atimonan, Quezon.

Katambal na isinilang ang malakas na balani upang umakit ng kapuwa, kaya ingatan ang pang-akit na iyan sa kababaihan. May dadaanan kayong kagusutan ukol sa babae.

Gng. AMADA R. CRUZ. — Pamilihang-bayan, San Pablo City.

Pagsapit ng ika-tatlong anak ay doon pa lamang magbabago ang lakad ng inyong kabuhayan, kayo at ang asawa'y magkakatulong na mabuti sa hináharap na hanap-buhay.

Bb. JOVITA A. TORNENEZ. — Corron, Aritao, N. Vizcaya.

Hindi muna matutuloy sa pag-aaral at bibigyan ng puwang ang pag-aasawa sa ibang bayan. Kayo ang ligawin saanman pumunta at manirahan. Nasa buhay may asawa ang pagginhawa.

G. ALFONSO BADILLI. — Ferrol, Odiengan, Romblon.

Ang mahinahon at maingat na pag-uugali ang siyang kinagigiliwan ng kapuwá sa inyo. Sa ngayon ay dumarami ang kaibigan at kakilala. Hindi kayo maghihirap na tulad ng iba.

Bb. PERPETUA D. VALINO. — Aduas, Kabanatuan, N. Esiha.

Ang guhit sa palad ang nagpapakilaláng máy mabuting hinaharap sa pag-aasawa at maging sa kabuhayan. Magpapasásá sá kaluwagan nang kabuhayan. Kahit kayo'y babae ay nasa pag-uugali ang kase'anan sa pakikisama. Sadyang nagiingat sa bawa't hakbángin laluna kung nauukol sa inaángking hilig. Ang ilang hilig ay matutupad na walang sagabal.

# Mga Butil ng GINTO



ni EDILBERTO PARULAN

## SA MABUTING LAYUNIN

Ang buhay na siyang pinakamahalaga sa lahat ay siya rin namang madalas pagpahamakan ng tao at sa hindi kakaunting pagkakataon ay kinakasangkapan sa mga imbing hangarin. Ang ganitong pangyayari ay lubhang nagpapababa sa kadakilaan ng pagkatao na siya sanang kinakailangang itampok sa lahat ng sandali.

Dapat ngang ilaan ang buhay sa mabuting layunin, at kapag ang buhay ay hindi naitutumpak, at kapag hindi nagagamit sa wastong paraan, ang buhay na iyan ay walang kakatukatuturan.

Kung sa bagay, ang lahat ng nilikha ay nagtataglay din naman ng buhay, at ito nga lamang tao ang kailangang mapaiba. Kaya't nakikita natin na ang ibang nilikha ay walang kaunlaran at wala rin namang kahihinatnan at sa tanang buhay nila ay walang dilang bagay at gawaing maipagmamalaki katulad ng tao.

Ang buhay ng tao ay isang pagsulong, at sapagka't pagsulong ay nangangahulugan ng pagkilos, pagsisikap at paggawa. Maliban dito, magiging pangkaraniwan na lamang ang taglay nating buhay.

Kailangan nga na ang lahat at ang bawa't isa ay magamit ang kaniyang buhay sa mga layuning banal at dakila. Kailangan na ang bawa't isa ay magkaroon ng ganap na pagsisikap na maisatugatog ang buhay at magkaroon ng mga katangian. Kung kaya madalas natin makita na may mga tao na wala sa tunay na hanay ng mga dapat dakilain. Bakit nga ganito? Ito marahil ang maitatanong, at ang angkop na sagot sa tanong na iyan ay ito. Hindi napapahanay sa mga dapat dakilain sapagka't hindi nga natutuhang gamitin at iukol ang kanilang buhay sa mga adhika at layuning sukat magpahalaga at magpadaki'a sa kanilang pagkatao. Kahinahinayang ang buhay na hindi napapakinabangan.

Lubha ngang nakapanghihinayang yaong mga lalaki at babaing nagtataglay ng mayamang buhay nang hindi naman napapakinabangan at hindi nagdudulot sa kanila ng mga kasaganaan at kaligayahan. Ang panahon ng buhay ay napakaikli, at wala sinuman sa atin na nakakabatid kung kailan magwawakas tayo at kung kailan din naman papanaw sa daigdig na ito. Kung ito nga ay siyang katotohanan, bakit hindi samantalahin ang mga pagkakataon at ang bawa't sandali upang ang taglay na buhay ay ating maiukol at magamit sa mga gawain, layunin at adhikang kapuripuri? Nariyan halimbawa ang pag-ibig sa bayan, ang pagtulong sa kapuwa, ang paghahasik ng magagandang aral at simulain, ang pagpapalaganap ng dalisay na asal at ang pag-aakay sa mga naliligaw sa landas ng katotohanan.

Magamit nga lamang at maiukol ang buhay ng bawa't isa sa atin sa mabuting layunin, ang buong daigdig ay magiging payapa.

K U P O N

Prof. Joakens...
Bulaklak Publications
P. O. Box 1382, Maynila

Kalakip ng kupong ito, ang aking tanong na nakasulat, na nauukol sa tatamuhing kapalaran.

Pangalan .................................................. Gulang ............
May-asawa .......................... Dalaga ................ Binata ............
Tirahan ........................................ Lagda ..................

# ANIM NA LIBONG (P6,000.00) PISONG GANTIMPALA SA MAGSISIPAGTAGUMPAY

—— o ——

Ang pagdaraos ng timpalak-patanyagan nitong BULAKLAK PUBLICATIONS, sa paghirang ng mga dilag na siyang gagawing sagisag sa taong 1953, ay muling binubuksan ngayon at sisimulan ang pagtanggap ng mga kandidata sapul sa araw ng pagkakalathala ng alituntuning ito.

## *PATAKARAN AT ALITUNTUNIN:*

1. Ang timpalak patanyagan sa pagka "Bb. BULAKLAK NG TAONG 1953", ay magsisimula sa unang araw ng Enero, 1953. Ang lahat ng mambabasa ng mga babasahing inilalathala nitong BULAKLAK PUBLICATIONS at maging hindi man, ay may layang makapagpatala ng kanilang kandidata. Ang sinumang kandidatang ipapasok, ay kailangang maging isang dilag na ipagkakapuri at may malinis na kabuhayan kahit na maralita. Ang gulang ay hindi kukulangin sa labing-anim (16) at hindi naman hihigit sa (25) dalawampu't limang taon: Kailangang nakatapos ng elementarya sa paaralang-bayan o pribado. Ang kandidatang kilalaning opisyal nitong BULAKLAK PUBLICATIONS, sakaling mag-asawa o magkaroon ng kadahilanang hindi maiiwasan, ay maaaring palitan ng ibang kandidata ng lider na nagpasok sa kanya, upang huwag masayang ang boto ng dating kandidata. Nguni't kung mag-uurong ng kandidatura, ang lahat ng botong nauukol sa nasabing kandidata, ay pawawalang kabuluhan ng Lupon Sa Timpalak. *Ang sinumang kandidata, lider o tagapagtaguyod na maghangad labagin o lumabag kaya sa mga ALITUNTUNIN AT PATAKARANG panloob ng timpalak ay ITITIWALAG ng Lupon ang nasabing kandidata o ang kinauukulan.*
2. Ang pagtanggap ng mga kandidata, ay bukas simula sa pagkakalathala nito hanggang *ika-31 ng Disyembre,* 1952 na ibabatay sa tatak ng koreo dito sa Maynila. Ang sinumang mahuli sa takdang panahon ay hindi na pahahalagahan ng Lupon Sa Timpalak.
3. Upang kilalaning opisyal ang kandidatang isasali sa timpalak, ay kailangang lakipan ng larawan ng kandidata (*tarheta postal* (5" x 7") *ang kupon sa ibaba nito kasama ang halagang kabayaran sa isang taong suskrisyon ng alinman sa apat na babasahin at ipadala sa Lupon Sa Timpalak.*
4. Sapul sa Disyembre, 1952 ang bawa't labas ng BULAKLAK at ALIMYON ay magkakaroon ng Balotang pangkaraniwan na katumbas ng (30) tatlumpung halal. Ang BULAKLAK KOMIKS at MANILA KLASIKS ay may balota ring katumbas naman ng 20 halal. Bukod sa Balotang pangkaraniwang makukuha sa BULAKLAK, ALIMYON, BULAKLAK KOMIKS at MANILA KLASIKS, ay makapagtatamo rin ng mga BALOTA ESPESYAL sa mga tiket ng sayawan at suskrisyon sa alinman sa apat na babasahin, na gaya nitong sumusunod:

*Isang taong suskrisyon:*

| | | |
|---|---|---|
| BULAKLAK . . . | P13.00 — 2.000 | Halal |
| ALIMYON . . . . . . . . | 13.00 — 2,000 | " |
| BULAKLAK KOMIKS . . | 5.00 — 1,000 | " |
| MANILA KLASIKS . . . . | 5.00 — 1,000 | " |

*Kalahating taong suskrisyon:*

| | | |
|---|---|---|
| BULAKLAK . . . . . . | P 7.00 — 800 | Halal |
| ALIMYON . . . . . . . . | 7.00 — 800 | " |

5. Ang bilangan ay gagawing minsan sa isang buwan, sang-ayon sa mamarapatin ng Lupon Sa Timpalak, at ang mga balita at ulat, ay ilalathala sa babasahing ito.
6. *Ang HULING BILANGAN ay gaganapin sa huling araw ng Linggo ng Nobiyembre* 1953. *at ipipinid ang URNA sa ganap na ika* 2:00 *ng hapon. Orasan ng Lupon Sa Timpalak ang kikilaning opisyal.* Sinumang mahuli sa takdang araw at oras, ay hindi pahahalagahan ng Lupon Sa Timpalak.
7. Ang kandidatang magtatamo ng pinakamaraming boto o halal sa huling bilangan ay tataguriang Bb. BULAKLAK NG 1953. Ang pangalawa ay BB. ALIMYON NG 1953. Ang pangatlo ay BB. BULAKLAK KOMIKS NG 1953. Ang pang-apat ay BB. MANILA KLASIKS ng 1953, at pagkakalooban ng mga pabuyang salapi na gaya nito:

| | |
|---|---|
| UNA — "BB. BULAKLAK NG 1953" . . . . . . . . . | P2.500.00 |
| PANGALAWA — "BB. ALIMYON NG 1953" . . . . | 1,500.00 |
| PANGATLO — "BB. BULAKLAK KOMIKS NG 1953" . . | 1.000.00 |
| PANG-APAT — "BB. MANILA KLASIKS NG 1953" . . | P1,000.00 |
| Kabuuan . . . . . . . . . | P6,000.00 |

Bukod sa mga gantimpalang nabanggit sa itaas ay pagkakalooban pa rin ang apat na dilag na mangunguna, ng mga handog o kaloob ng iba't ibang bahay-kalakal na tumatangkilik sa mga babasahing inilalathalá ng BULAKLAK PUBLICATIONS, kung mayroong ipagkakaloob.

Magkakaroon ng malalaking sayawan bago matapos ang timpalak, bilang parangal sa mga kandidata.

8. Ang pagdiriwang o parangal sa apat na piling dilag ng taon ay gaganapin sa isang tanyag na pook o bulwagang katangitangi sa lunsod nitong Maynila, na mamarapatin ng Lupon Sa Timpalak at gugugulan ng pangasiwaan nitong BULAKLAK PUBLICATIONS.
9. Sinuman sa apat na dilag ang tumangging dumalo sa gabi ng pagdiriwang, ay hindi magtatamo ng gantimpala maliban kung ang hindi pagdalo, ay lubhang makatuwiran; katulad ng pagkakasakit o pagkamatay.

KUPON ________

LUPON SA TIMPALAK PATANYAGAN
BULAKLAK Publications
935-939 R. Hidalgo, Maynila

Ang nakalakip na larawan ay si ..........................
..........................................

.......................... T. Postal (5" x 7") may——— taong gulang. Nakatapos o nag-aaral sa ................

Anak nina G. at Gng. ..................................
Ipinapasok kong kandidata sa pagka BB. BULAKLAK NG 1953. Kalakip din ang halagang P............ kabayaran sa suskrisyon ukol sa (BULAKLAK) (ALIMYON) (BULAKLAK KOMIKS) (MANILA KLASIKS). Ipadala ang sipi sa pangalang .................................. Tirahan
..........................................

.............................. ..................
Lider: Tirahan:

# BULAKLAK

(Hiyas ng Tahanan)






...na mga palatuntunan ng La Tondeña, Incorpo... ...gárap" sa
...tiga-8:00-8... ...gabi at ang "Ma... ...sa DZPI

# BULAKLAK
*Hiyas ng Tahanan*

DOLORES 1951 · BABE 1949 · REMEDIOS 1950 · ZENAIDA 1948

TEOFILO E. SAUCO
Patnugot

EMILIO MAR. ANTONIO
Katulong na Patnugot

Mga Kagawad:
CONRADO S. ACUÑA
AMELIA M. ARCEGA
EMMA MARIA CRISTINA
CORAZON Y. ROSARIO

Tagapaglathala:
BULAKLAK PUBLICATIONS
935-939 R. Hidalgo, Quiapo,
P.O. Box 1382, Maynila
Tel. 3-39-71

Nakatalang Pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947.

FRANCISCO G. GUBALLA
Tagapamahalang Patnugot

TEODORO VIRREY
Katulong na Tagapamahalang Patnugot

BEATRIZ M. de GUBALLA
Tagapangasiwa


ALFREDO DE LARA
Tagapamahala sa Anunsiyo

JAVIER GUBALLA
Direktor ng Anunsiyo

Sa Sirkulasyon:
RAMON P. IGNACIO

Halaga ng Suskrisyon
Isang taon .. ......... ₱13.00
Anim na buwan ..... 7.00
(Doble sa ibang bansa)

TAON IX — MIYERKOLES, DISYEMBRE 3, 1952 — BLG. 36


# Andres Bonifacio

*(Alang-alang sa Araw ng BAYANI ng lahi)*

Hayun siya!... Nag-iisang nilalamay ang magdamag
Ang masungit na karimla'y sinuong na walang sindak,
Sa landasing mapanganib ay maingat na nagmatyag,
Kung minsan ay mapahinto at kung minsa'y mapasagsag;
Bawa't bahay, bawa't dampa'y palihim na inaakyat,
Upang ang paghihimagsik ay palihim na ianas...
At sa gayong pangyayari ang nabuo'y isang lakas,
Sagisag ay katapangan na sa dugo nakalimbag;
At ang ilaw ng higanti nang sindiha't maglagablab,
Ang labanan ay umusok sa parang ng Balintawak;
Ang Ama ng Katipunang ang damdami'y sumusulak,
Walang ngiming nanalasa't sa kalaban ay humarap;
Sa gulok na bagong hasa na sa giting kumikislap,
Ang nagtayong mga sama ay napuksa at nautas!
Kaya naman ang maapoy na labanan nang magwakas
Ang gapos ng kaalipnan nitong lahi ay nakalag;
Ang madilim nating langit ay nagningning at dumilag,
Ang bandila nitong baya'y nawagayway sa itaas!
At dahil kay Bonifaciong kagitinga'y lubos, ganap,
Lahi tayong nagkalaya't bayan tayong napatanyag!

*Pulo, Bulakan*

*Pedro B. Torres*




# ang ma

ANO ngayon ang masasabi mo? Limang taon na ang nakalilipas sapul nang pagpikitan mo ng mata ang landas ng pag-aasawa. Tatlo na ang anak ninyo at magaanak ka pa nguni't walang palatandaan ang inyong pamumuhay na kayo ay ngingitian ng magandang kinabukasan. Kung dangan ay hindi ka nakinig sa akin, kung dangan ay hindi mo ginamit ang iyong pag-iisip kung kaya hangga ngayon ay bilanggo ka ng pagtitiis. Nang nanl ligaw pa lamang sa iyo si Ruben ay sinabi ko nang hindi ang uri niya ang makapagdudulot ng kasiyasiya at matiwasay na kabuhayan. Sinabi ko sa iyo na sa buhay ng tao ay mahalaga ang salapi, sapagka't sa salapi, ay maisasagawa mo ang lahat ng kalayaan. Subali't ang mga payo ko ay niwalan mo ng kabuluhan, inibig mo rin si Ruben na isang mababang kawani nguni't makisig nga lamang. Hindi man lamang sumaisip mo na, ang makisigan ay hindi mahalagang katangian ng isang lalaki at kadalasan pa'y ang kakisigan ang siyang sanhi ng pagguho ng mga tahanan sapagka't may mga babaing, dahil sa karupukan ng puso at biglang simbuyo ng hangarin ay nararahuyo at sukat. At ano ang malay mo kung si Ruben ay nasasarili mo? Ang buhay ko ay kunan mo ng halimbawá. Sa aking pag-aasawa ay ginamit ko ang isip. Si Carlos ay hindi makisig, may kaitiman pa at hindi mahilig sa pagsusuot ng mamahaling damit. Nang kami ay bagong kasal pa lamang ay marami ang nagsabing nilapastangan ko ang aking kagandahan sapagka't si Carlos ay hindi bagay sa akin. Datapwa't sa kabila ng maraming kapintasan ay maganda naman ang aming kabuhayan at higit na maganda kaysa kabuhayan ng mga namintas. Magandang awtomobil, mga kasangkapang mahalaga, mamahaling damit, mga hiyas at iba pa. Ang mga bagay kayang iyan ay magiging akin kung ang pag-aasawa ko'y hindi ko ginamitan ng matalinong kaisipan? Kung ako ay napatukso sa kakisigan ay marahil ay katulad mo rin ako ngayon, na nangungupahan lamang sa ganitong silid. Hindi malayong ang mga anak ninyo ay lumaki sa hindi sariling tahanan, sapagka't kung ang aasahan la-

—Ema, — wika ni Ruben nang mapansin niyang natigilan pa, — ang bahay na ito ay sarili natin gayon din ang lupang kinatitirikan...

# gandang Lihim...



mang ay ang maliit na sahod ng iyong asawa, hindi kayo makakapagpagawa ng sariling bahay sa sariling lupa at hindi pa malayong, habang dumadami ang mga anak ninyo, pabigat naman nang pabigat ang inyong magiging kabuhayan.

Ang nag-ukol ng ganyang pangungusap ay si Leticia at ang pinag-ukulan naman ay ang nakababatang kapatid na si Ema. Sa tatlong magkakapatid na pawang may asawa na at may mga anak ay tanging si Ema lamang, ang bunso, ang hindi naging mapalad sa maginhawang pamumuhay palibhasa'y ang naging kabiyak ng puso ay isang kawani, na ang sahod ay katamtaman lamang upang hindi sila lipasan sa oras. Si Leticia ay mapagtagumpay na mangañgalakal ang naging asawa kung kaya may kaluwagan sa paggugol. Ang isa namang kapatid ay dalubhasang manggagamot ang nakatagpo kung kaya maganda rin ang kabuhayan. Kung si Ema ay napapadalaw sa mga kapatid at ang mga anak niya ay napapagkalooban ng mga lumang laruan ng mga anak nila ay hindi maiwasan ang pagkahabag sa sarili, sapagka't kung ang bagay na iyon ay maibabahagi niya sa pang-araw-araw na gugol, sana'y nadulutan na niya ang mga anak ng kasiyahang-loob. Subali't ang mga bagay na iyon na luwalhati ng mga bata ay ayaw ipahintulot ng karalitaan kahit na nagkakahalaga lamang ng maliit. Gayunman ay may kinabukasan pa naman na darating sa kanino man kung kaya dito na lamang umasa si Ema. Baka sakaling ang kinabukasan nila ay maging maganda, nguni't kung hindi maging maganda ay ano pa ang magagawa kundi pagtiisan ang lahat. Nabihasa na siya sa pagtitiis kung kaya hindi na magiging mahirap ang darating pang pagtitiis.

Nang mga sumunod na araw, ang ginuguniguning liwanag na ma-araw at ma-gabi ay dinadasal-dasal na nawa'y dumating na sa kanilang buhay, ay lalo pang dumilim nang dumilim, mangyari'y si Ruben ay kinapansinan ng mga pag-iiba ng kilos at gawi na naghuhudyat ng palatandaang siya ay nakalilimot sa magandang asal na sa tuwina ay dapat ikambal sa sarili ng mga lalaking marangal. Sa kabila ng kaliitan ng sinasahod at pagdadahop sa pamumuhay ay tila si Ruben ay naghahanap pa ng ibang pugad ng pag-ibig. Sa malas ay hindi pa kasiyasiya ang pag-ibig ni Ema na sapul nang sila ay magsama ay may kakambal pang pagtitiis. Sa malas ay walang kahulugan kay Ruben ang pananabik ng mga anak 'uwi siyang dumarating. Nang mga araw na iyon ay hindi na umuuwing maaga si Ruben. Ang ikalima sa hapon na dapat niyang idating sa bahay ay naging ikasampu na sa gabi at kung minsan pa ay hatinggabi na.

*Iyang Gawang Mabubuti,*
*Katulad Ng Gintong Lantay,*
*Ay Marapat Na Itago*
*At Susian Mo Sa Kaban.*

Dahil sa mga huling pangyayari ay hindi naiwasan ni Ema ang mga hinalang si Ruben ay hindi na nagtatapat. At hindi na rin napigil sa sarili ang panibughong lalo pang nagpahirap sa mga dati nang hirap na tinitiis. Gayunman, naging matimpi pa rin si Ema. Hindi niya sinabi kay Ruben ang kanyang mga hinala sapagka't ang mga ito ay bunga lamang ng guniguni. Kahit na ang mga iginagawi ng asawa ay may palatandaan ng pagtataksil ay hindi pa rin nagpahayag si Ema ng kanyang niloloob, dahil sa matuwid na ang hinala ay hinala lamang. Maaaring tutoo at maaaring hindi. Hindi niya nais na makita ang mga pangyayaring hindi naaabot ng kanyang paningin o kaya'y marinig ang mga salitang hindi naman niya narinig. Si Ema ay matahimik. Maliit pa siya ay kumilala na sa kagandahan ng katahimikan. Hindi siya ang babaing ang bahagyang apoy ng poot ay ipinaaalam sa mga kapit-bahay sa pamamagitan ng pagmumura at pagsigaw. Hindi siya ang babaing dahil sa init ng panibugho ay ginagawang tanghalan ang tahanan upang panoorin ng mga tao. Si Ema ay isa sa isag libo na kung kai-

(Sundan sa pahina 59)





**Talagang Sa Kabukira'y May Kaibang Pagtangkilik, May Magandang Pasunura't Katutubo Ang Pag-ibig.**

Ang pamamasyal ko sa bukid at ang pagdalaw kay Delia ay hindi ko nakakalimutan.

KUWENTO ni
ALEJANDRO J. FERNANDO

*BAKASYON na naman noon. Inasam-asam ko nang buong pananabik na isang taon na lamang ang gagawing kong pagpasok at paglabas sa pinto ng aming paaralan at isa na akong abugado. Matuling sumagi sa isip ko ang gayon sapagka't ang mga marka ko nama'y maipagpaparangalan kahit kanginoo. Nguni't sa* pagkakaharap ko sa salamin upang magsuklay ng buhok ay napansin kong tila bumaba ang aking katawan. Pag-aalinlangan pa rin sa aking hinala ay minabuti kong isukat ang aking mga lumang amerikana — sapagka't kung mga polo lamang at kamisadentro ay mahirap mapansin.

—Aba, mayroon yatang lakad si Daniel? — pansin ng aking ama nang ako'y mapasukan sa gayong ayos.

—Wala po. — At ipinaliwanag ko ang dahilan.

—Iyan ngá, Daniel. ang matagal ko nang sasabihin sa iyo, e. Kailangang pag-uku'an mo ang iyong katawan. Kung magkakatitulo ka man at mawawalá naman ang iyong kalusugan, wala na ring gaanong halaga.

Sa gayo'y pinagkaisahan naming mag-amá na ako'y magba-

# Malayong Kabukiran

bakasyon sa lalawigan—sa aking mga pinsán.

x x x x

Ang treng aking k'na'ululanan ay malapit nang dumating sa himpilan ng bayang aking patutunguhan. Dumungaw ako sa bentanilyá upang tapunan ng tingin ang pook na aking sadyá — sapagka't hindi pa ako napupunta doon. Sa may bandang bukid ang kiná Kuya Pedro. Mabuting pagkakataon naman, nataunan kong inilabas ng aking pinsan ang kanyang kare'e'a, kaya dito na ako nasabay.

—Tataba nga ako rito... —aniko sa aking p'nsan nang sabihin niyáng malapit na kaming sumapit sa bahay.

Tuwang tuwá ang aking amain at gayundin ang akirg mga pinsáng dalaga nang kami'y dumating.

Muli kong binanggit ang madalí kong paglusog roon nang malangap ang kakaibang simoy ng hanging dumadampi sa aking mukhá. Ang nakatu uwang ugoy ng hitik na mga uhay ng palay ay tila la ong nagpasiglá sa aking hapong katawan.

Lalo akong nasiyahan nang dumating ang gabi: masasayang tugtugan a: awitan ang pumukaw sa akin. Hindi gaya sa Mayn la na nagsasalimbayang tunog ng radyo, ugong ng mga sasakyan at kung minsan pa'y nasasabayan ng sirena ng bumbero. Niyayá akong makinig ng aking Kuya Pedro, at labis akong naligayahan sa aking mga nasaksihan. Mga katutubong sayaw ng ating mga kada agahan sa nayon; mga awit na kundiman at tugtugan ng masasayáng kabinataan. Galak akong galak.

—Gabi-gabi ba'y ganito rito sa inyo, Kuya? —naitanong ko.

—Hindi naman lagi na; kung sila'y nakatatapos na maaga sa paggapas at kung tulad ngayo'y maliwanag ang buwan, sila'y nag-aawitan at nagsasayawan. Iyan ang kaligayahan dito sa amin.

K'nabukasa'y kinailangan kong bumili ng s'garilyong "Camel", pagka't ako'y naubusan. Nagtungo ako sa isang tindahan at dito'y nakitá ang tindera na siyang umawit noong sinundang gabi. Malambing ang kanyáng t'nig at ako'y naakit niyáng lubha.

—Kung wala kayong "Camel" kah't na hu anong sigarilyo mayroon kayo riyan ay pagbilan ninyo ako.

Napansin kong nangiti ang aking binibilhan. May kahulugan iyon para sa ak'n.

—Alin hu ba rito?—ang tanong ng tindera. Nagkatamang matagal ang aming mga paningin. Napukaw ang aking damdamin.

—Kung alin hu ang nais n'nyo ay siyá ko ring gusto! —para nang pagbibiro ko.

—Aba, mahirap hu iyon. —nakikimi niyáng tanggi.

—E, dale hu, kung ayaw kayo ay sabihin na lamang ninyo ang pangalan ng mga sigarilyo ninyo diyan; sa pangalan na lamang hu ako mamimili.

—Eto ho, —at inisa-isá ng dalaga — KAPISANAN, LA INSULAR, BATAAN, LA DICHA at PAGKAKAISA. At saka ngá hu pala ULIRAN. Anupa't pawang gawá lang hu dito sa atin...

Napansin kong nakatitig sa akin ang aking kausap. Titig na kung aking warii'y panunumbat dahil sa katagalan kaipala nang di ko pagtugon. Sa paano'y kahit alin duon ang aking hingin ay natitiyak kong sasakit na naman ang aking lalamunan. Sa gayo'y sumagot ako ng ganito:

—Iyon hu bang may larawan ng dalagang iyun...

—A, ULIRAN ho, —at iniabot sa akin ang isang kaha.

Sa loob-loob ko'y mahabang ubuhan kápag iyo'y naubos ko. At dahil sa ayaw kong mahalata, iyo'y binayaran ko agad.

—Marahil uliran sa pag-ibig ang may tinda nito... —may ngiti kong pakli nang iniaabot na sa ak n ang sukli.

Muling nangiti ang dalaga, nguni't biglang lumingon nang mapansing hindi ko iniaal s ang titig ko sa kanya. Sa gayo'y natambad sa akin ang kanyang maputi at mabilog na batok. "Gandang tagalog, aniko sa saril'. At...

—Alin kuwan, ako po'y magpapaalam na, nguni't... —at saka kunwa ay binibilang ko ang kanyang isinukli sa akin.

Madali s yang humarap na napalapit pa.

—Kulang hu ba ang sukli ko sa inyo?

Nakararamdam na rin ako sa kanya kaya ako'y tumugon ng: Oho, kulang hu...

—Hayan hu at hustu, a...

—Hindi iyon ang ibig kong sabihin, —nakangiti nguni t paanas na tugon ko —ang inyo nung pangalan.

Katutubo na marahil sa mga dalagang malayo sa pusod ng kabihasnan, matagal muna bago siya tumugon:

—A..dela, ho. —nakikimi niyang pakilala.

—Kay gandang pangalan... Aling Dely o Al ng Adeling... —matapos akong makapagpasalamat.

—Hindi ho gayon, —maagap niyang hadlang —Dela lamang hu kung ako y palayawan.

—Nguni't kung Dely ho ay lalong bagay na bagay sa inyong kagandahan...

—Hindi ho uso rito sa amin iyon.

Sa gayong pagtanggi ay naunawaan ko ang kanyang ib g sabihin kaya hindi ko na iginiit ang aking mungkahi. At hindi man niya itinanong ang ak ng pangalan ay ako na ang nagbansag. Nakilala ko siya, makilala na man niya ako.

—Daniel Sulit ho, ang aking pangalan.

Bahagya ko nang nauliningan ang kanyang tugong: salamat ho.

H ndi ko man gusto pa ay napilitan na rin akong magpaalam nang tuluyan sapagka't tanghali na. Saka, baka sabihin sa kanila na bagung-bago akong kakilala ay masiyado naman ako. Nguni't kinusa kong magdahandahan; p nagingatan ko ang aking paghakbang. Nang ako'y malayu-layo na ay mabilis ko siyang

(Sundan sa pahina 62)

GUHIT ni FRANKIE SANDS



*NANG umagang iyon, ay laganap na ang balitang si Ruben Miraflor ay umalis ng tinalikdang gabi at sumama sa pangkat ni Matang-Lawin, isang pangkat ng mga taong nabubuhay sa pangungulimbat ng mga ari-arian, hiyas at salapi ng ibang nilikha.*

Marami ang pinaghaharian ng pagtataka sa ginawang pag an b ni Ruben sa pangkat ni Matang-Lawin. Kilala nila ang binatang ito sa pagiging isang ulirang mamámayan, samantala, marinig lamang ang pangalang Matang-Lawin ay kinikilabutan na sa takot ang mamamayan, palibhasa'y hindi na iilang ulit na nasaksihan ng mga ito ang mga kakila-kilabot na kabuktutang ginawa ng pangkat na iyon sa nayon ng Malapit. Naroong mandukot ito ng mga kilalang tao at pinapatay at naroon namang mangloob at manggahasa ng mga babaing halos ay walang sapat na gulang.

Higit na naghihinagpis at nagdamdam sa nangyari ay ang mabait na ina ng binata. Si aling Concha, na nuo'y payapang na kaluhod sa paanan ng isang munting altar sa dampa nilang tahanan at nanánalangin sa Poong Maykapal na rawa'y iligtas sa kapahamakan ang anak na siya n'yang tanging timbulan sa buhay.

Kung ano ang ipinagkagayon ng binata ay nagsilbing isang bugtong sa mga taong nakakikilala sa kabutihan nito.

Samantala, sa pagkakagayon ng binata ay mayroon pang isang kaluluwa na katulad ni Aling Concha ay nababalisa nang mga sandaling iyon; si Nora, ang mabait at mahinhing mutya ng nayong iyon, na itinuturing na pinagtipunan ng lahat na ng karilagang maáaring angkinin ng isang babaing Pilipina, na pinag-ukulan rin ni Ruben ng mahabang panahong panunuyo. Sa hinagap ng diwatang ito ay hindi niya sukat akalaing tototohanin ng binata ang mga pangungusap nito nang tinalikdang araw, nang hapong huling dumalaw sa kanya.

—Nora, masarap ang mamatay, kaysa mabuhay na ulila sa tanging pagmamahal, —anang binata sa malungkot na pagsasalita. —danga't ang magpakamatay ay isang kasalanan sa harap ng tao at sa Poong Maykapal, kaya, yamang ayaw mong pahalagahan ang aking mga paghihirap ay lalayo ako sa iyo at ihahanap ng lunas ang sugatan kong puso.

Isang maramot na ngiti lamang ang naging katugunan ni Nora sa sinabing iyon ni Ruben. Sa ganang kanya, ang binigkas ng binata ay katulad rin ng mga dating pangungusap nito upang makamit lamang ang kanyang oo. Ang totoo, sa pinakaubod na liha ng puso nito ay nakalimbag ang tunay na damdaming iniuukol sa binata.

—Dinaramdam ko Ruben, nguni't ang hinihiling mo sa akin ay katulad lamang ng isang bubot na bungang pilit mang pitasi'y mapait kung kanin... —ang sagot ng dalagang ikinubli ang tunay na isinisigaw ng damdamin.

**Sa tindi ng sama ng loob sa muling pagkakamit ng kabiguan ay walang paalam na umalis ang binata, bagay na hindi gaanong pinansin ni Nora, sa paniniwalang hindi rin ito makatitiis na hindi siya dalawin.**

Datapuwa't, kinabukasan nga nuon, ay parang bombang sumabog sa mga pangdinig ng dalaga ang balitang si Ruben ay umalis at sumama sa pangkat ni Matang-Lawin.

Halos ay magputok sa sama ng loob ang nagsisikip na dibdib ng dalaga, at nuon niya nakuro sa sarili ang kalupitan ng kanyang pagpapasiya. Kung ipinahayag lamang niya ang tunay na itinit bok ng kanyang puso, disin ay hindi na umabot ang gayong mga pangyayari. Sinisisi ni Nora ang kanyng sarili, nguni't ano pa ang mangyayari. Huli nang lahat Kung saan pook maáaring matagpuan si Ruben ay tanging ang may sariling katawan lamang ang nakatatalos.

Isang hapon, samantalang si Nora ay nasa hardin sa harap ng kanilang bahay at matamang inaaliw ang sarili sa pag-aayos ng halamanan, ay may dumating na isang matandang lalaki, na sa ayos ng pananamit ay mahihinuhang isang magsasaka.

—Aling Nora, —anang matandang lalaki, sabay ang pag-aabot ng isang nakatiklop na papel na puti, —ipinabibigay po ito sa inyo ni Ruben.

—Si Ruben? —napalakas ng kaunti ang sagot ng dalaga at nang mamalas ang sulat kamay sa nakatiklop na papel ay dumalas ang tahip ng kanyang dibdib.



***Dito'y Sadyang Natutupad Ang Matandang Kawikaan "Na, Sa Likod Man Ng Ulap Nagniningning Din Ang Araw".***

"Nora:—

"Sa mga sandaling matanggap mo ang sulat na ito ay higit kong nababatid na isa ka na sa mga nilikhang magkikimkim ng poot at galit sa akin, sapagka't ako ngayon ay naririto sa panig ng mga nilikhang pinaghahanap at pinag-uusig ng pamahalaan. Pinili ko ito, batay sa aking sinabi sa iyo na ako'y lalayo upang ihanap ng lunas ang sugatan kong puso. Ito lamang ang inaakala kong pook na maáari kong patunguhan, upang

# DILIM at LIWANAG

Ni ARTURO M. SALVADOR

huwag na kitang muli pang magambala, Hanggang dito at lakip ang aking dalanging nawa'y lumigaya ka sa mga araw na darating.

Ruben."


Hindi namamalayan ay may mga luha nang gumawa ng landas sa kanyang mga pisngi habang tinutunghayan ang sulat na iyon.

—Saan po ninyo siya nakita, Ingkong? —hilam sa luha ang mga matang tanong ng dalaga.

—Duon ineng, sa aking sakahan. . . —na ang tinutukoy ng matanda ay isang pook na lubhang napaka layo sa pook na iyon, na halos ay hindi nararating ng tao dahil sa kalibliban.

Isang malalim na buntong-hininga ang hinugot ni Nora sa nagsisikip na dibdib at matapos na pahirin ang luhang nagbatis sa namumurok na pisngi ay





saka nagsalita.

—Kayo po ba ay muling magbabalik roon?

—Bukas ay magtutungo ako roon, pagka't hindi pa tapos ang aking gawain sa bukid.

—Maaari po bang magdaan kayo rito bukas at may ipadadala lamang ako sa

(Sundan sa pahina 59)




*ANG bantay na nagbukas sa pintuan ng estudyo ay tumayo nang matuwid samantalang magdaraan ang magarang berlina at magalang na yumukod ito.*

*Salamat, tsip,—anang maalindog na dalagang sakay ng berlina, sabay ng matamis na ngiti.*

Samantalang ipinipinid niya ang malaki at mabigat na pintong bakal, ay hindi napigil na maibulalas ng bantay ang kanyang kasiyahan sa isang ekstra, isa sa maraming aali-aligid sa pinto sa paglulunggating makapasok sa malaking bakuran. —Sadyang iba iyang si Luz, —anang bantay. —Napakabait niyan.

Ang lahat ng nasasalubong ng berlina ng marahang palapit sa opisina ay pawang nagpupugay sa sakay nito na magiliw namang tumutugon sa kanila.

—Maganda ka ngayon, —bati ng isang kilalang direktor.

—Darling, —tawag naman ng isang tanyag na artistang lalaki.

—Hiya Toots —pakli naman ng dalawang "crew" na kapuwa may pasang ilaw.

Bawa't isa sa mga bumati sa kanya'y sinuklian ni Luz ng karampatang tugon. Ang masiglang batiang tulad noon ay lalong nagpaparilag sa kariktan ng bukang liwayway. Iyon ang dahilan kung bakit, gayong napakahirap ng maglingkod sa pelikula, lahat ng mapasok dito'y hindi makatigil na animo'y nakahitit ng apian.

—G. Decoroso, hindi ako huli, —malambing nguni't may panunadyong bati niya sa mukhang mabagsik na lalaking nakaupo sa isang malaking mesa, sabay turo sa orasan.

Napanganga nang kaunti ang ilang artista, ang kawaning nakarinig, sapagka't batid nilang may ilang minuto na ang pagkakahuli ni Luz. Batid din nilang hindi nakikipagbiruan si G. Decoroso. Wala siyang itinatangi sa pagpapatupad ng mga alituntunin; sinoman ang mahuli'y kanyang minumultahan.

Subali't may kahalo ring pagbibiro ang itinugon ni G. Decoroso. Dinukot niya ang kanyang bantog na orasang pangbulsa at sandali itong pinagmasdan.

—Ano bang hindi, —tugon nitong walang katawatawa. —Huli ka rin! —Sandali siyang tumigil upang idiin ang sasabihin. —Buweno, patawad ngayon. Sige, sige, mag-ayos ka agad at nang makapagsimula na ang 'shooting.' Malaking eksena pa naman ito.

Napawi nang ganap ang agam-agam ni Luz at dinampot ang "make-up box" na ipinatong niya sa isang mesa at madaling pumasok sa silid ng mga artista. Kasunod niya ang dalagitang kasakay niya sa berlina. Halos nagkangpuputot ito sa pagdadala ng suson-susong damit na kakailanganin.

Agad inilapag ni Luz ang kanyang kahon sa hapag sa harap ng malaking salamin, binuksan ito at isa-isang inilabas ang mga laman. Samantalang kanyang inaayos ang mga maliliit na bote, pulburera, kolorete mga suklay sepilyo at iba pang samut-samot na hindi mapaniniwalaang malululan sa lalagyan ng isang babae, ay naramdaman niyang may naglapit ng likmuan.

—Maupo ka muna, —anang isang kilalang bituin. —Baka napapagod ka pa.

Isang magiliw na ngiti, na sinundan ng isang mariing yakap ang masiglang itinugon ni Luz. —Salamat, salamat, salamat, —aniyang sunud-sunod, kasaliw ng halik sa pisngi ng mabait na artista.

Hindi pa halos natatagalang nakapagsisimula si Luz sa kanyang ginagawang pag-aayos ay umalingawngaw sa labas ang ugong ng salita ni Greg Trillana, ang bantog na direktor. Hindi maikaila ang kanyang pagdating; bawa't kanyang madaanan ay binibiro.

—Okay, G. Decoroso, —anang tinig na lumutang hanggang sa bihisan. —Nahuli na naman ako. Wala na naman akong dahilan. Basta, tinanghali ako ng gising. Magkano ngayon ang aking multa?

Tumayong dahan-dahan si Luz at umisod palapit sa isang artistang nag-aayos. —Naku! Itong si Greg, hindi na magbabago! —anyang paanas sa kinalabit.

Dumating na pala —pakli ng isang dalagang lumapit sa kanila. —Tingnan ninyo't tayo ngayon ang aapurahin!

Nagngisihan nang marahan ang magkakaumpok, na ang bawa't isa'y sumusulyap nang panakaw sa pinto. Masarap ang magtsismis, subali't hindi nila nais na matutop.

Nagitla sila nang bahagya nang isungaw ni Greg ang kanyang ulo sa pintuan. Wala siyang tinukoy na sino man nang siya'y magtanong.

—Ano, gayak na ba kayo? Magpahiwatig lamang kayo't maáari na tayong makapagsimula kapag apos na kayo. —May kaunting tuya ang kanyang tinig, subali't walang nasaktan sapagka't gayong talaga si Greg.

—Nâkita mo na? —turol ng isang artista.


Nagkatawanan lamang ang mga artista. Si Luz ay natawa rin, subali't lalo niyang binilisan ang kanyang ginagawa. Sa tagal nang kanyang ipinaglingkod sa estudyong yaon ay hindi pa siya nagiging kadahilanan ng pagkabalam. Biro man o hindi, hindi niya nais matikman ang magsisi.

Bagama't siya'y nagmamadali ay naging maingat din si Luz. Maselan ang pagpapahid niya ng kolorete, at pinatungan niya ito ng pantay na pulbos. Isa-isa niyang inayos ang kulubot ng damit na pinili sa sabitan. Parang isang mapagkupkop na nakatatandang kapatid tinulungan niya sa pag-aayos ang lahat ng malapit sa kanya. Hinigpitan niya ang sinturon ng isa at ibinaba nang kaunti ang alon ng buhok ng isa. Hindi niya mapayagang mapalampas ang ano mang kapintasan. Alam niyang walang maitatago sa kamera.

—Napakabuti mo, Luz, —anang isang ekstrang hiyang-hiya. —Akalain mong ikaw pa ang nag-aayos sa akin. Kaya ko naman ito.

—Para iyon lamang...

Sa di-kawasa'y tumunog na ang timbre. Hudyat na yaon ng pagsisimula ng "shooting." Isa-isang naglabasan ang mga artista sa



### *Kung Sa Tingin Hahatulan: Bawa't Buhay Ng Artista Ay Talagang Sasabihing Sila'y Sadyang Maligaya.*

silid patungo sa estudyo. Ang tangi na lamang nalalabi ay sina Luz at ang kanyang kasiping na dalaga. Kapuwa s la nagkukumahog na matapos agad.

*Everybody on the set!* —sigaw ng isang artistang lalaking yumayagyag.

—Tinatawag na tayo —ani Luz, samantalang gahul na gahol niyang itinutumpok ang lahat ng mga kagamitan sa kahong sisidlan.

Nang kanyang maipinid ito'y napuna niyang nawala na ang kanyang kausap, kaya patakbo siyang humabol. Naabutan niya ang kasama bago ito pumasok sa bulwagan.

—Ngayo'y matutuloy na tayo, —salubong ng hubad-barong si Greg. —Narito na ang bituin!

Samantalang ang "clapper boy" ay humanda na sa harap ng kamera, mabilis na inilabas ni Lu ang salamin buhat na kahon. Sa isang kisap-mata'y nailaba din niya ang espongha ng pulbo.

—Mabuti na lamang at ipinasundo mo ako sa iyong berlina, Zeny, —bulong ni Luz habang humahabol pa siya ng ilang dampi ng pulbos. Sana'y makapagpahid pa siya ng kolorete. —Nabingit ako sa sabunan.

—Hindi naman ako pakukuha kung ikaw ay wala, —tugon ng kausap. Pinisil nito nang bahagya ang bisig ni Luz bago humarap sa kamera.

Ngumiti si Luz nang buong kasiyahan. Itinaas niya ang kanyang noo nang buung pagmamalaki. Nakatataba ng puso ang gayong pagpapahalagá sa kanya.

—*Cut* —sigaw ni Greg. —Luz! Kaunti pang pulbos!

—Opo —ani Luz na hindi magkantututo sa pagbubukas ng *make-up box*.

WAKAS



—Buweno, patawad ngayon. Sige, sige mag-ayos ka agad at nang makapagsimula na ang siyuting...


**MAHALAGA!**

Abangan . . .
Umagap. . . .
At Magpalaan
Agad Ng SIPI
Ng Lalabas Na
**TANGING BILANG NA PAMASKO**
NG
**BULAKLAK**
(*Hiyas ng Tahanan*)

Lalong Makapal...
Lalong Maganda...
Lalong Pili at
NAG-IINAMAN
MGA KUWENTO...

KUNG KAILAN?...
Abangan
Ang
Tanging
Bilang
Ng
**BULAKLAK**
Sa
Ika-17
Ng
Disyembre,
Na lalabas
At
ipamamahagi
SA
IKA-11
NG
DISYEMBRE,
1952.

*ABANGAN...*
*UMAGAP...*
*MAGPALAAN...*

# PAG-SUBOK



Kuwento ni VERA C. GADDI

pula ang manipis nitong likod sa maraming latay. Alam din ni mang Cenon ang nagmamadaling pagbaba ni aling Rosa; ang pagpitas at pagbunot nito ng ilang dahon at ugat sa likod-bahay nila, at ang mga ito, matapos mailaga, ay siya niyáng ipinaghilamos sa ibig-lagnating bata.

At si mang Cenon, sa kanyang pagkaupong nag-iisa, ay ginigiyagis ng malulungkot na alalahanin. Nais niyang lumapit at marahang haplusin ang naglintos na likod ni Peping; nais niyang lumapit at buong-pakumbabang humingi ng kapatawaran. Nguni't ang balak na yaon ay hindi niya maisagawa. Tiim-bagang na nagtindig si mang Cenon at nagmamadaling nagtuloy sa maliit niyang silid.

Kinabukasan ay maagang bumaba ng bahay si mang Cenon. Para siyáng nahihiyang kung paano sa kanyang dalawang anák na sa anyo'y nararamdamán niyang tilá noon lamang siya nakilala. Hindi rin niya matagalan ang walang pagbabagong pakikitungo sa kanya ng kanyáng asawa na ni gaputok na salitá ay waláng inungkat hinggil sa kanyang ginawa.

Nang tanghaling dumating si mang Cenon ay naratnan niya sa bahay si aling Rosa. Marahil ay maaga itong dumating buhat sa pagtitinda, sapagka't maayos at malinis ang buong bahay. Maging si Peping ay mukhang pinaliguan.

—Ano ba iyan, ke dami, —ang napapatakang salubong sa kanyá ni aling Rosa. Nagugulumihanan siyang ti-

(Sundan sa pahina 67)

Mula sa kanyang kinauupuan nakikita niyang nakatipon ang kanyang mag-iina sa salas




Samantala, si Nene ay lumuluhang kausap ng ina ni Fidel...

*MATAGAL nang nakahinto ang trak na sinasakyan ni Nene ay naroroon pa rin siya. Walang katinag-tinag na nakapako ang kanyang mga paningin sa bahay nina Fidel. Ngayong naririto na siya sa kanyang sadya ay tila hindi niya magawa ang tumuloy. Ang balak niyang kangina lamang ay buong-buo sa isipan ay waring naglahong lahat*

*—Hindi ko yata magagawa!—naibulong ni Nene sa sarili kasabay ang paglalandas ng mga luha sa namumurok niyang mga pisngi. Nasa ganoon siyang ayos nang maalala ang dahilan nang pagkakasadya roon...*

—Hindi mo rin pakikinabangan ang huli ng iyong patibong! —natatandaán pa niyang sinabi sa kanya ni Sitang isang hapong pagsadyain siya ng kaibigan. —At dapat mong malaman, Nene, na ñiligawan ka ni Fidel hindi sapagka't ikaw ay kanyáng iniibig! Ako'y ibig lamang pasakitan niya! At nasamantala mo naman ang panahong kami ni Fidel ay nagkakagalit. —Hindi ko akalain! Ikaw na itinatangi ko pa namang kaibigan ang umagaw ng aking katipan!...

—Nguni't, Sitang, hindi ko alam na siya ay katipan mo! Hindi mo sinabi sa akin ang katutohanang siya ay iyong katipan nang ipakilala mo siya sa akin...

—Para ano pa! Wala ka bang pakiramdam?

—Nguni't wala akong nalalamang talaga, Sitang. Ang tanging nalalaman ko'y iniibig niya ako at iniibig ko naman siya...

—Iniibig?... —parang ńanunuyang ulit ni Sitang. —Dapat mong malaman, na kami ay pakakasal na sa linggong darating!...

—Si... Sitang, subali't paano ako, paáno ang kanyang... —Napahahabag ang tinig ng dalaga.

—Ha Nalaman mong pasu-

kin iyan, dapat mo ring matamang labasan! —pagwawalang bahala ni Sitang sa sinabi ng dalaga.

—Nguni't, Sitang... —At nasugod ng dalaga ang kanyang kaibigan. —Maawa ka sana sa akin. Sitang, ikaw ay malinis pa, wala pang bahid dungis ang iyong pagkababae. Nguni't. . . ako, Sitang... Ano ang maaaring ibunga kung ako'ay iiwan ni Fidel?

—Dapat mong malaman, Nene, na iniibig ko si Fidel nang higit sa aking buhay.

—Subali't, natiis mo siyang hindi pakipagkitaán sa loob nang may apat na buwan? Ang tulong kong magagawa, Nene, ay salapi; salapi upang ikubli sa mga makasalanang mata ng tao ang iyong kalagayan; salapi upang iligtas ka sa kahihiyan.

—Salapi?... Ibig mong sabihin ay patayin ko ang nasa aking sinapupunan? Hindi... Hindi!

—Kung gayo'y wala akong magagawa, —ani Sitang. —iyon lamang ang tanging nalalaman ko na dapat mong gawin.

—Iyan ba ang kanyang ibig? Iyon ba ang sinabi ni Fidel sa iyo?

—Hindi, hindi niya sinasabi sa akin ang gayon. Nguni't nalalaman kong di niya tututulan ang bagay na ito kung...

—Hindi... Hindi maaari! —

## *Pag Ang Puso Ng Babai'y Marunong Magpakasakit, Sa Wakas Ay Nagtatamo Ng Ligaya Sa Pag-ibig.*

malakas na naisigaw ni Nene, na napasubsob ang mukha sa sandalan ng sopa.

Nagbuntong-hiningang tumindig si Sitang at narinig na lamang ni Nene, ang mga papalayong yabag nito at nang magtaás siya ng mga paningin ay wala na si Sitang.

At yaon nga ang dahilan kung bakit siya ay nasa pook na iyon. Kakausapin niya ang mga magulang ni Fidel. Ipagtatapat niyang lahat. At hihilingin niya tuloy sa mga magulang ng binata na kung maaari'y doon na siya magtira. Pakukupkop na siya rito, yaman din lamang at wala na siyang makhang ipakikiharap sa kanyang mga magulang.

Matapos ang ilang sandaling pag-iisip ay kinalasag ang katagang "bahala na!" at siya ay tuluy-tuloy nang bumagtas sa malawak na bakuran nina Fidel.

—Magandang araw po! —tawag niya.

Isang matandang lalaki ang sumungaw sa durungawan, na natiyak niyang siyang ama ni Fidel. —Ano ba, Ineng, ang atin?

—E,.. e, mayroon po sana akong sadya, —tanging nasabi ng dalagang pinanunuyuan ng lalamunan.

—A, e, tuloy ka, ineng.

Matapos siyang paupuin ng matanda ay lakas loob nang ipinagtapat ni Nene sa ama ni Fidel ang lahat. Walang kaimik-imik ang matanda samantalang umiiyak na nagsasalaysay ang dalaga.

—Ineng, kung ang isinalaysay mong iyan ay tutuo, bukas na bukas din, —sa ayaw man at sa ibig ni Fidel ay pakakasal siya sa iyo! Dumito ka, Ineng, at ngayon din ay tetelegramahan ko si Fidel.

Kinabukasan... Humahangos na dumating si Fidel, na hindi nalalaman kung ano ang dahilan nang biglaang pagpapauwi sa kanya ng kanyang ama. Subali't, sa pagbungad pa lamang niya sa bulwagan ng kanilang bahay ay bigla siyang napahinto. Natanaw niya si Nene, na nakaupo sa tabi ng kanyang ina. Nasulyapan din niya ang ama, samantalang lumalakad itong patayo at nakasalikod-kamay na pabalik-balik sa harapan nina Nene. Noon pa ma'y natiyak na niyang si Nene ang dahilan kung bakit siya ay pinauwi. Muling tumalikod si Fidel, at akmang tatalilis na sana nang...

—Fidel, magbalik ka, —tawag ni Mang Tiyago na nakita na pala siya sa pagpanhik pa lamang.

Tungo ang ulo ay bumalik si Fidel. Matapos makahalik sa kamáy ng ama at ina ay pasalagmak na naupo sa isang sopang malapit sa ama.

—Fidel, nakikilala mo ba ang babaing katabi ng iyong ina? —pagpapasimula ni Mang Tiyago.

—Opo, —bahagya na lamang lumabas sa lalamunang sagot ni Fidel.

—Katipan mo siya at ikaw ang ama ng dinadala niya sa sinapupunan ngayon, hindi ba?

—Opo, nguni't...

—Sa anong dahilan, at ayaw mo siyang pakasalan? Siya ba, Fidel, ay nasubukan mo nang gumawa ng hindi mabuti, na siyang ikinaaayaw mo sa kánya?

—Tungkol po roon, ay wala akong masasabi. Marami siyang kaibigan at ang lahat ng ito, ay walang nag-aálinlangan sa kanyang kalinisan. Nguni't, sa katutuhanan po ay di ko siya iniibig...

—A, Fidel, magtigil ka! Diyata't hindi mo siya iniibig? Ngu-

(Sundan sa pahina 68)




FIDEL NAKIKILALA MO BA ANG BABAING KATABI NG IYONG INA? --PAGPAPASIMULA NI MANG TIAGO.



—Kung gayo'y humanda ka, Bella. Susundin kita bukas...

# Asawa ng Kuwento

*GAYON na lamang ang tuwa ni Fernando nang mapasang-ayon niya ang kanyang asawa na magbakasyon sa munti nilang asyenda sa Tuktukin. Ilang gabi ring inungut-ungutan si Bella upang magtungo sa nayong iyon, sa paghahangad niyang masarili ang dalawang linggong paghahanda sa susulating kuwentong ilalahok niya sa binuksang timpalak ng LA TONDEÑA.*

Ang hangad ni Fernando'y mapawalay muna sa kanya si Bella ng mga ilang araw upang makapagsulat nang malaya nang hindi maáabala. Si Bella'y lubhang malambingan kay Fernando. Parang sanggol iyon na laging nagmumukmok sa kandungan ni Fernando. kaya, kung nagkakaroon ito ng mga pagkakataong dalawin ng magagandang pangitain, ay naglalaho iyon sa isip ng ating manunulat, dahil sa malambingin at masintahin niyang asawa.

Kaya, maagang-maaga pa nang araw na iyo'y gising na si Fernando. Ipinahanda ang kanyang awto at ipinasiya na rin ang magpatakbo niyon sa paghahatid sa asawa sa kanilang munting asyenda sa Tuktukin.

—Baka ibig mo lamang malayo sa akin nang masunod ang iyong hilig sa pagdadalu-dalo sa mga *night club*, ha Fernando, —wika ni Bella at saka inihilig ang ulo sa matipunong balikat ng asawa na siyang nasa likod ng manibela, —alam mong tunay kong iluluha, kung magkakagayon.

—Ang taong ito kulang ka pala ng pagtitiwala, ano? — tugon at saka nilingon ang asawa.

—Sa isang manunulat at bantog na kuwentistang kagaya mo, ay hindi dapat magtiwala ang isang babae, Fernando.

—Na naman...

—Mangyari pa... sapagka't matamis kang magsalita at nakukuha mong mapaniwala ang sinomang nakakausap mo.

—Nakalimutan mo na bang asawa mo na ako ngayon?

—Iyan nga ang sanhi kung bakit ... nangangamba... na, ikaw'y maagaw pa sa akin ng iba!

Kalahating oras pa ang nagdaan, at mayamaya pa'y pinapasok na ng kanilang sasakyan ang maalamat na nayon ng Tuktukin.

—Hindi ka maiinip dito Bella —wika ni Fernando nang nagpapaalam na sa asawa, —mababait ang aking mga kamag-anakang makakasama mo rito, at magigiliw ang lahat. Tiyak na mawiwili ka rito, Bella.

—Dalawang linggo lamang ako rito, Fernando. —Habol pa ni Bella nang si Fernando ay nakasakay na sa awto at pinasisimulan nang palakarin iyon.

—Oo, at susunduin kita!

Nang gabing iyon, si Fernando ay nagtungo sa isang bar. Uminom muna ng dalawang basong serbesa at saka umuwi. Kinagawian na ni Fernando ang gayon kung siya'y susulat ng kuwento. Ibig niyang sa pamamagitan ng ispiritu ng iinuming alak ay pasamahin niyang pailanglang sa papawirin ang kanyang mapangarapíng diwa nang sa gayo'y makatagpo siya ng inspirasyon sa piling ng mga bituing nagkislapkislap sa kalangitan.

At sa harap ng kanyang makinilya ay naglamay niya. Hindi siya agad nakapagsimula, sapagka't wala pa siyang mahagilap na paksa o balangkas sa susulating kuwentong isasali sa timpalak ng LA TONDENA. Kalahating oras na'y hindi pa rin siya makahagilap ng anomang balangkas sa susulating kuwento. Katakut-takot nang sigarilyo ang kanyang nahitit, ay wala pa siyang maisip na susulatin. Nang marinig ang sunud-sunod na kililing ng telepono ay napakunot ang noo. Parang itinatanong sa kanyang sarili kung sino ang abalang iyong tumatawag sa kanya. Marahan siyang nagtindig at mabagal ang mga paang tinungo ang telepono na nakapatong sa munting lamesa sa isang pasudlong ng kabahayan.

Muntik nang mapasigaw si Fernando nang marinig niya ang tinig sa kabilang dulo ng kawad at nang malamang si Bella ang kausap.

—Ha! Si Bella nga ba ikaw? —Parang bugnot na tanong at nang malamang ang asawa nga ang kausap ay nagbago ng tinig sa pagsasalita. —Ikaw nga ba?

Bella, saan ka naroroon at...

—Huwag kang mabigla Fernando, —tugon ni Bella sa kabilang dulo, walang nangyayari sa akin. Ako'y nagtungo sa munisipyo upang tawagan ka sa teleponong pangmalayuan.

—Nguni't bakit Bella? Ano ang nangyayari sa iyo diyan?

—Wala, Fernando... ibig ko lamang ipaalaala sa iyong bukas ay kompleanyos mo. Ibig kong magkasalo tayo sa isang *night club* at saka mo na ako muling ibalik dito sa Tuktukin.

—Nguni't...

—Fernando, nalimutan mo na bang taun-taon ay nagsasalo tayo tuwing darating ang kaarawan ng iyong pagsilang?

—Kung gayo'y humanda ka. Susunduin kita bukas.

—Maghihintay ako, Fernando... diyan ka na!

Nang sumunod na araw ay pinarunan ni Fernando ang matalik niyang kaibigan.

—Ramon, —ang wika ni Fernando nang kaharap na ang kaibigan, naparito ako upang makiusap.

—Kung nalalaman mong kaya ko rin lamang, ay hindi ka mapapahiya, Fernando, —tugon ni Ramon.

—Ramon nais kong huwag akong maabala sa aking pagsusulat, kaya, ikaw na ang sumundo sa aking asawa sa Tuktukin. Dalhin mo siya kahit saan upang malibang. Nagtitiwala ako sa iyo, Ramon, kaya ikaw ang inuutangan ko ng loob. Alam mo na kung gaano ko kamahal si Bella,

...sta

SINULAT NI
JESUS S. ESGUERRA

nguni't hindi ko ibig na maabala ako sa pagsusulat ng kuwentong ilalahok ko sa timpalak.

—Nguni't pumayag kaya siya, Fernando?

—Kilala ko ang kakayahan mo sa mga babae, Ramon, at ako'y nagtitiwala rin sa iyong katapatan. Hala, lumakad ka na ngayon din. Hindi ko ibig na mainip si Bella sa kahihintay sa akin.

***Sa Usapin Ng Pagsintang Nakataya'y Karangalan, Ay Marapat Mong Piliin Ang Pagkakatiwalaan.***

Gamitin mo ang aking kotse at eto ang dalawang daang piso... ibigay mo kay Bella ang kalangitan sa araw na ito. Hindi siya tututol, sapagka't ikaw ang makakasama niya.

Ibig pa sanang tumanggi ni Ramon sa pakiusap sa kanya ni Fernando. Hindi niya madalumat sa kanyang pag-iisip na baka ang gayo'y pagsubok lamang sa kanya, sapagka't nalalaman ni Fernando na bago niya naging asawa si Bella ay siya muna ang unang naging kasintahan ni Bella. Kaya lamang hindi siya ang naging asawa, ay natuklasan ni Bella na siya'y isang bohemyo at pusakal na manunugal.

Ang boong maghapong iyo'y nalimutan na ni Fernando sapagka't ang kanyang diwa'y pinaiilanglang niya sa papawirin sa paghanap ng inspirasyon. Nguni't nang siya'y magsis mula nang sumulat sa naisip na balangkas sa susulating kuwento ay isang marahang tawag ang muling gumambala sa kanya. Nang buksan ang pinto ay isang kaibigan ang nakita.

—Aba, ikaw pala, Bert, tuloy ka!

—Fernando akala ko'y wala ka rito?

—Bakit mo inakala ang gayon, Bert?

—Sapagka't tila namataan kong pumasok sa bakuran ng EL NIDO ang iyong kotse kanina.

—Ano? Ano ang sabi mo? Ibig mo bang sabihi'y nakita mong nagtungo sa EL NIDO ang kotse ko?

—Iyon nga, Fernando!

Parang kinurot si Fernando. Nalalaman niya kung anong uri ng tahanan ang sinasabing EL NIDO ni Bert. Madalas siyang magtungo roon noong siya'y binata pa at nalalaman niya kung anong mga babae ang maaaring matagpuan doon. Para siyang kinilabutan, sapagka't nalalaman niyang si Bert ang pinagkatiwalaan niya ng kanyang kotse at si Bert din ang pinagkatiwalaan sa kanyang asawa. Nagunita niya tuloy ang ilang katagang nasambit niya kay Bert na: IBIGAY MO SA KANYA ANG KALANGITAN SA ARAW NA ITO.

Nakalimutan ni Fernando ang kanyang panauhin. Tinungo ang kanyang silid at kinuha sa isang kahon ng kanyang lamesa ang kanyang rebolber. Noon niya nagunita ang kanyang malaking pagkakamali na ipagkatiwala sa ibang lalaki ang kanyang asawa. Inaakala niyang may panahon pa upang ituwid ng landas ang asawa kung sakaling si Bella ay naligaw sa tinatalaktak na landas, nguni't kung huli na, ay inihanda naman ang sarili na singilin nang mahal ang mga taong nagkasala sa kanya.

Aalis na lamang si Fernando upang tumungo sa EL NIDO nang marinig niyang tumunog ang telepono. Madaling tinungo ito upang tugunin ang tumatawag.

—Ano, ikaw ba si Bella? Saan

(Sundan sa pahina 67)




—Maghihintay ako, Fernando... diyan ka na!

# Nagbalik n

**KUWENTO NI JUAN**

*HALOS matigib sa galak ang malamang dibdib ni* private *Mauricio Alejandro, nang ang bapor na kanilang kinalululanang kasama ang ilang daang kawal-pilipino na nakipaghamok sa madugong larangan ng Korea, ay nagsisimulang dumaong sa piyer ng ating lunsod.*

*Anong sarap na muling malanghap ang sariwang hangin ng sariling lupang tinubuan at makatalamitam na muli ang mga taong nagsasalita ng katutubong wika! —nasabi pa sa sarili ni Mauricio.*

—"*Home sweet home*", —narinig niyang naibuntung-hin nga ng katabing kawal na may isang *guhit* sa manggas ng suut na patig. Ang nag-uumapaw na kaligayahan nito ay nakaguhit sa mga labing bahagyang nakabuka sa pagkakangiti. Nakapukol ang mga matang walang kakurap kurap sa mga taong mand 'y sadyang nagsisipag-abang sa piyer na lulunsaran ng bapor.

Napangiti sa sarili si Mauricio Alejandro. Ang nadarama ng katabing kawal ay kanya ring nadarama nang mga sandaling yaon. Marahil ay higit pa, pagka't umuwi siya ngayon na isang karangalan ng kanilang bansa at ng dalawang mahal sa kanyang buhay; si Conching na kanyang kabiyak at ang kaisa isang supling ng kanilang pagmamahalan-si Boy.

Mamaya lamang, oo, mamaya lamang ay sasalubungin sila ng sangbayanang kanina pa naghihintay sa kanilang pagdating. Kakamayan silang isa-isa ng ilang puno ng siyudad at mga kilalang tao sa bansa. Hindi magkakamayaw ang hiyawan ng "mabuhay" ng bata at matanda sa saliw ng tugtuging pambansa. At, sino ang makahuhulang hindi sila babatiin ng isang kilalang artista sa puting tabing na hindi nagkukulang ng pagdalo sa tuwing darating ang ating mga kawal buhat sa Korea. Maiaalis ba natin kay Mauricio Alejandro ang umasang mabilang siya sa mahahalikan o makahahalik sa ating magandang artista?

Pagkatapos ng parangal na yaon ay isasakay sila sa mga nagsisipaghintay na mga *bus* at mula roon ay ipaparada sila sa buong lunsod. Idadaan sa lalong kilalang lansangan sa Maynila. Gaya ng Escolta.

Nagunita ni Mauricio Alejandro nang minsan, sa pagkakatayo niya sa isang panig ng Escolta, ay walang kakurap-kurap niyang pinanunuod ang pagdaraan ng unang mga kawal na ipinadala sa Korea. Para siyang nakakikita ng mga "taong walang kamatayan" noon. Malakas ang pintig ng kanyang puso. Ano kaya ang mga nadarama ng mga lalaking yaon (ang tinutukoy ay ang mga lalaking nakasuut ng kupas na mga patig), ang naitanong sa sarili ni Mauricio.



BAKIT MO NAISIPANG ANG MGA BAGAY NA 'YAN, MORE? --LUMULUHANG WIKA NOON NI CONCHING.

SUMANDALING napapikit si Mauricio Alejandro, nang sumibol sa kanyang diwa ang isang mapait na katotohanan. Bakit nga ba niya naisipan ang magkawal? Katulad din kaya ng mga *nakapatig* na yaon ang kanyang layunin: lumaban alang-alang sa demokrasiya? Di sinasadya ay napailing siya at bumuntung-hininga.

At, ang malupit na pangyayari ay muling nanulay sa kanyang pagdidili-dili.

Noon, tandang-tanda pa niyang umuwi siyang malungkot na malungkot, pagkaraan sa maghapong paghahanap ng mapapasukan.

—Kumusta, More, ang iyong lakad? —salubong na tanong ng butihin niyang maybahay na si Conching.

Iling, mapait na iling lamang ang itinugon niya sa pagtatanong ng asawa.

—Ang taong mahirap ay tila walang puwang na mabuhay sa siyudad na ito. Wala. Wala... —mariin ang pagkakabigkas niya sa mga huling kataga.

—Huwag kang mawawalan ng pag-asa, More, —himig payo ng asawa. —Ang Diyos ay dakila at marunong sa lahat... Nananalig akong hindi pa lamang dumarating ang ating suwerte...

—Kundangan k a s i ' y... ayoko pang...

Nauunawaan ni Conching ang ibig sabihin ng naputol na pangungusap ng kabiyak. Sinisisi siya nito. (Siya nga naman ang nagmungkahi ng wala sa panahon nilang pagharap sa altar. Ang paggunita ng lalaki na "hindi lamang sa pag-ibig... ay ibinintang niyang pag-iwas lamang niyon.) Sumakit ang kalooban ni Conching. Naghihimagsik.

—Sige, sisihin mo na naman ako! —maluha-luha nang wika ng babae.

Nakaramdam ng habag si More sa butihin niyang maybahay. Lihim niyang nasisi ang sarili. Ano nga ba naman ang kasalanan nito. Lumapit siya sa kabiyak at buung pagmamahal na niyakap ito.

—Ipinangangako kong hindi na mauulit ang bagay na ito, —ang pangako niya sa lumuluhang asawa. —Pahirin mo na ang mga luhang iyan at darating na siguro si Boy buhat sa iskuwelahan.

# ...i BAYANI

*Ang Higit Na Mahalagang Pasalubong Mo Sa Hirang Ay Ang Dangal Na Tinamo Sa Larangan Ng Digmaan.*

C. PANGILINAN

Lingid sa kabatiran ni Conching, si Mauricio Alejandro ay nagpatala b'lang isang mababababang kawal na ipadadala ng pamahalaan sa Korea, upang mapalitan ang magsisirating na mga kawal na mayroong tinamong pinsala sa katawan. Bispiras pa lamang nang pagtulak ng sasakyang maghahatid sa kanila roon, nang ipagtapat niya ang lahat kay Conching.

—Bakit mo naisipan ang mga bagay na iyan. More —lumuluhang wika noon ni Conching. —Papaano kung...

—Ang lahat ay alang-alang sa inyo ni Boy. Inaasahan kong mauunawaan mo ako, mahal ko... —pinipilit ni Moreng maging buo ang kanyang tinig. —Ano man ang ipagkaloob sa atin ng Diyos, ay bahala ka na sana kay Boy... —gumagaralgal ang tinig niya nang masambit niya ang pinakamamahal na bunga ng kanilang pagmamahalan.

Sa Korea... Nababatid ni Mauricio, na kaya lamang siya naruruon at nakikipagpatayan ay dahil sa ilang lidong pisong noiwan niya sa kanyang mag mahal sa buhay na ngayon ay kailangang tumbasan niya ng pakikipaghamok sa kaaway. Mapatay o makamatay, iyan ang kabayaran sa sangdakot na salaqing hindi niya maidulot sa kanyang mga-ina sa pamamagitan ng pagbabanat ng buto.




Kung siya ay itinalagang tumaliba kung gabi at nag-iisang yaotdito sa isang takdang pook sa buong magdamag ay malimit niyang naitatanong paulit-ulit sa kanyang isipan: "Napakamura ng buhay ng isang mahirap na tao! Sangdakot na salapi lamang! Talagang kahabag-habag ang buhay ng isang..."

Kung minsan at naririnig niya ang pagbabangay ng mga gutom na asong sumisila sa nabubulok na katawan ng mga nasawi sa digma, ay para niyang nadarama ang palapit na nang palapit na kamatayan.

—Maaaring ngayon, bukas o sa ibang araw ay katawan ko naman ang nilalapa ng mga gutom na asong iyan. —ang naibulong sa sarili ni More.

Sa ilang buwang inilagi ni Mauricio sa larangan ay hindi niya naiwasan ang di magkaroon ng mga kaibigan. Si Sarhento Tomacruz, na isa niyang kababayan, ay napalapit sa kanyang kalooban dahil sa kabaitan nito. Lagi silang malapit sa pagtulog at maging sa larangan ay sila ang parating magkabunguang-balikat. Minsan na siyang nailigtas nito sa tiyak na kamatayan.

Sa kanilang pamamasiyal sa pook ng taga-timog Korea, ay nagkakaisa sila ng palagay sa kasamaan ng kanilang kaaway na taga-hilaga na inuupatan ng dambuhalang kumunista. Unti-unting nag-uusbong sa kanyang diwa ang pagkamuhi sa di-nakikitang kaaway na ito: ang kumunista. Sa namamalas niyang paghihirap ng mga taong yaon na kadugo at kabalat ng kanilang kalaban ay dili ang di siya pinagsisiklaban ng poot!

Naragdagan ang kinikimkim na pagkamuhing ito sa puso ni Mauricio Alejandro, nang isang araw ay mapalaban sila at patay na bumagsak ang katawan ng kaibigan sa kanyang paanan. Isang punlo ng kaaway ang nagwasak sa dibd'b ni sarhento Tomacruz. Nagtiim ang kanyang mga bagang at sandaling nahilam ang kanyang mga paningin ng masaganang luha ng pagdaramdam.

Sa pagkakadapa ay napansin niyang isang *nest* ng kaaway ang pinagbubuhatan ng masinsing putok ng masingan. Pahalbot niyang k'nuha ang nalalabing granada sa baywang ng nasawing kaibigan. Gumapang siya nang gumapang na papalapit sa dakong pinanggagalingan ng masinsing putok.

—Ang mamatay ngayon o bukas, ay pareho rin! —ang inuusal niya habang gumagapang.

Ang mga paningin ng mga kasamahan ay patuloy na in'hahatid siya sa mapanganib na patutunguhan, kalakip ang kimis na dalanging itinatahip ng bawa't dibdib ng natitilihang mga kasama. At, sa wakas, pagkaraan ng tila paghinto ng mga sandali ay ilang sunud-sunod na putok ng granada ang sumalit sa sagitsit ng masingan. At, muling tumakbo ang mga sandali...

Sa itaas ng burol ay nakita nilang kumakaway si Mauricio. Hindi kukulangin sa sampong pulahang koreano ang nakahambalang sa labi ng nasabing tanggulan...

---

WALA sa loob ay nakapa ni *private* Mauricio Alejandro ang tuson ng karangalang nakasabit sa kanyang dibdib. Nagunita niya ang ka'bigang sarhento at nag-

(Sundan sa pahina 69)








*SIYA ay maganda, makisig, mahusay magdala ng damit, magiliw at magalang sa pakikitungo at nahirang na "Bituing Manlalaro ng taong 1950" sa Pamantasan ng Sto. Tomas dahil sa kahusayan sa paglangoy at paglalaro ng "basket ball". Kung sino ang mapalad na binatang ito, bayaan nat'n ang kanyang mga kamag-aaral ang siyang magbadya ng kanyang pangalan.*

—Mabuhay...! Mabuhay si Roberto Valdez... Mabuhay...! —halos panabayang hiyaw ng mga nag-aaral sa Pamantasan, nang ang bat kang manlalaro ay dumaong sa Piyer 7, buhat sa isang pakikitunggali sa Lunsod ng Sebu, na, taglay sa pag-uwi ang mga sagisag ng pagwawagi sa languyan at "basket ball". Maram'ng sumalubong na manlalaro sa kanilang "idolo", at, sabihin pa, bukod sa mga lalaki ay marami ang mga dalagang kamag-aaral na naghandog ng pagbati.

—Maligayang bati, Roberto — masayáng pahayag ni Imelda, na pagkatapos sabitan ng kuwintas ng sampaguita ang binati ay kinamayan ito nang mahigpit. Masayáng masaya si Imelda. Higit kailan man ay noon niya naramdamáng kumaba ang kanyang dibdib at tila bumilis ang tibok ng kanyang puso.

—Kapurihan ka ng ating Pamantasan. bumabati ako —nakangiting salubong ni Merylin, na naghandog ng pumpon ng bulaklak. —Tumatahip ang kanyang dibdib. Mayroon pa siyang nais sabihin sa manlalaro ay hindi na mabigkas ng kanyang mga labi.

—Sagisag ka ng kabataan ng ating lahi, Roberto —bating salubong naman ni Editha, na, pagkatapos kabitan ng bulaklak ang solapa ng amerikana ng binata, ay mahigpit na kumamay sa manlalaro.

Dahil sa kagalakang nag-uumapaw sa kanyang puso sa pagkasalubong na iyon sa kanya, hindi man halos siya nakapagpasalamat, lalo na kina Imelda, Merylin at Editha. Ang mga ito naman ay hindi na rin napansin ang pagkukulang sa kanila ng manlalaro, paano'y nalulunod ang kanilang mga puso sa kagalakan.

Sa lipunan ng mga nag-aáral sa Pamantasan ng Sto. Tomas, kung mayroong naipipintas ang mga kapwa binata, ay ang kalamigan nito sa pakikipag-usap sa mga babae, hindi lumiligaw sa kangino man at ni hindi halos nakikipagsayaw kung mayroon silang idinaraos na pagtitipon.

Samantala, sa dako naman ng kababaihan, ang pintas ng mga ito, na hindi naman masabi sa iba, ay ang pagkakumibo dili ni Roberto at ni hindi man magbulong sa kanila, maging sa biro o tutuo ng anumang kataga ukol sa pag-ibig. Nguni, ang tutuo, sa kabila ng mga kapintasang iyan, lahat sila'y humahanga at nagmamahal kay Roberto. Oh, kung magagagawa lamang nila ang pagpapahayag ng pag-ibig, na, di masisinsay sa katutubong ugali at kabutihang asal, disin sana'y naipahayag na nila ang lihim nilang pagmamahal sa binata.

—Sinasayang mo ang magagandang pagkakataon, Roberto —pahayag ng isa sa mga kaklase niya sa pag-áaral ng batas, —kung ako ang pagpapakitaán ng ganyang pananalik ng mga dalaga, agad ko silang pagbibigyan.

—May panahon para sa kanila, Mario, ako'y nag-áaral pa; hindi sila ang karerang iuuwi ko sa amin, —lagi niyang tugon.

—Sadyang mahina ka; ang lagay ba'y kung ligawan mo sila'y hihinto ka ng pag-aaral? Ibigay mo lamang ang kanilang hilig, wika nga.

—Ayoko pang mabuyo sa mga pananagutan. Sa bagay na sinasabi mo'y madali ang pumasok, nguni't mahirap ang lumabas.

—Tila ka naman hindi nag-aaral ng batas; maliligtasan ang lahat kailan ma't marunong kang magtanggol sa sarili; nalilimot

GUHIT NI LEONCIO S. ZAPATA 1952

# MARUNONG PALANG UMIBIG

*Walang Imik Na Binatang*
*Kiming-kimi Sa Pagsuyo,*
*May Dalisay Na Pagsinta*
*Na Sa Puso Nakatago.*

KUWENTO NI
VICTOR VALENCIA





mo na yata ang karapatan ukol sa "self-defense".

—Maári; nguni, ayokong sila'y papaniwalain sa hindi katotohanan —at pagkasabi niya'y tumalikod sa mga kaibigan at nagtungo sa "canteen", upang magpawing uhaw.

Dahil sa pagwawagi ng mga manlalaro ng Pamantasan ng Sto. Tomas na pinangungunahan ni Roberto, isang sayawang idinaos sa Sky Room ang inihandog ng "Central Board of Students", isang samahan ng mga nagsisipag-aral. Dahil sa ang sayawang iyo'y sa karangalan ng mga manlalaro, si Roberto Valdez ay hindi naman naging patay na lukan, wika nga. Marunong din naman siyáng magbigay, kaya, higit sa lahat ng pagkakataon, ay noon nakita ng marami na ang kanilang "idolo" ay lagi nang sumasayaw.

—Kumibo ka dili, Roberto, magsalita ka naman, —ang sa pagkainip marahil ni Imelda ay pabirong nasabi sa kasayaw na binata.

—Ano ang sasabihin ko? —parang wala sa loob ay naitugon ni Roberto.

—Aba, wala ka bang nalalamang sabihin —pataka, nguni, ibig nang mayamot ni Imelda, pagka't makalawa nang tanda silang sumasayaw ay walang anumang sinabi sa kanya ang binata. Ang totoo'y naghihintay si Imelda ng anumang kataga ni Roberto ukol sa kanya o ukol man lamang sa pagkakataong iyon.

Natapos ang tugtog, hindi man kumibo si Roberto. Hinihintay sana ni Imeldang purihin siya ni Roberto, magparamdam man lamang ng kahit bahagyang pagtatangi, pagpapahalaga sa kanya, subali, lumayo kay Imelda na hindi humuma munti man. Pinamulahan ng mukha ang dalaga.

Nang sumunod na tugtog ay nakita sa gitna ng bulwagan na ang kasayaw ni Roberto ay si Editha. Masayang masaya ang dalaga, sabik na sabik, mabilis ang tibok ng maliit na puso...

—Kay ganda ng bulwagang ito, ano Roberto; at kung ganitong tayo'y nagsasayaw, ay kay-ganda ng yugto ng buhay, hindi ba?—sa katuwaan sa pakikipagsayaw na yao'y naging matabil si Editha.

Nguni't si Roberto'y tila walang pandinig, wari'y walang kamalayan sa nangyayari sa damdaming nagpupumiglas ng kasayaw.

—Hindi mo ba ako pinakikinggan, Roberto?

—Ah.... Ehe... mayroon ka bang sinasabi sa akin, Editha? Ulitin mo nga —pagmamaangmaángan ng binata.

Dinamdam ni Editha ang wari'y pagwawalang halaga sa kanya; nanghihinayang naman siyang makaraan ang pagkakataon sa mga bisig ni Roberto, ... kaya... kinusang ihilig ang mukha sa balikat ng binata, at parang isang musmos na nangangailangang ipaghele ng Ina. Nararamdaman ni Robertong nakadampi sa kanyang balikat ang mabangong ulo ng kasayaw, nguni't nanatili rin siya sa pagwawalang bahala.

—Idolo, Idolong walang pang-unawa — pagkamuhi ni Editha sa ipinakita sa kanya ni Roberto.

Sa pagkakainan, ang nakasalo naman sa isang hapag na may kalayuan sa karamihan ay si Merylin. Bakit hindi matutuwa ang dalaga? Bakit di niya iibiging makasalo ang Idolo? Katulad ni Imelda at Editha, bagaman hindi

(Sundan sa pahina 63)




*MALABIS na ipinamighati ni Mely ang biglang-biglang panglalamig ng loob ng kanyang minamahal na si Rogelio. Dati-rati ay bihirang magkulang ito sa pagdalaw sa kanya gabi-gabi, subali't ngayon ay may isang linggo nang hindi napapaligaw sa kanila. Hindi niya malaman ang dahilan ng biglang pagbabago ng loob ng kanyang minamahal. Kaya't sa malabis na pamimighati ni Mely ay hindi napigilan ang pagdaloy ng mapapait na luha.*

—Bakit kaya? Ano kaya ang nangyari kay Rogel? —ang himutok ni Mely sa gitna ng kanyang mga pagluha.

Nasa ganyang malungkot na pagdidili-dili si Mely nang mapasukan ng kanyang inang si Donya Lelay. Nang mapansin ng ina ang pagdadalamhati ng anak ay malabis na nagtaka.

—Bakit, *hija*, ano ang dinaramdam mo? —ang masuyong tanong ni Donya Lelay sa kanyang anak na si Mely.

—Wala *mama*.... Hindi na napagpatuloy ang iba pang sasabihin ni Mely, sapagka't muli siyang napaluha.

—Subali't ano? Sabihin mo ang iyong dinaramdan hija. Huwag kang maglihim.

—*Mama*, si Rogel po...

—Bakit, ano si Rogel?

—Matagal na pong hindi siya nakikipagkita sa akin.

—Baka may ikinagalit sa iyo, *hija?*

—Aywan ko po. Wala po akong natatandaang dapat na ikagalit sa akin.

—Baka naman may kapansanan lamang siya kaya hindi makadalaw rito.

—Wala po naman marahil, sapagka't patuloy rin siyang pumapasok sa unibersidad.

—Hindi ka ba kinakausap kung

# "KAHOY mang Babad sa TUBIG"




—Oo, at ano ang ibig mong sabihin, Delfin, —usisa agad ni Naida.

*MATAGAL nang napapansin ni Belen ang malabis na pagkaligalig ng kanyang kapatid. Malimit niyang masubukan itong sa pag-iisa'y laging kaulayaw ng buntong-hininga. Hindi niya malaman kung paano aaliwin ito. Makailang ulit na niyang tinanong kung bakit nagkakagayon subali't ang kanyang mga pagsisikap ay nauwing lahat sa pagkabigo.*

Isang araw ay naisipan ni Beleng kausapin si Delfin upang humingi ng tulong. Hindi naman ito nagkait at ipinangakong gagawing lahat ang buong makakaya upang matulungan si Naida. At gayon nga ang ginawa ni Delfin.

—Naida, —ang simula ng binata nang minsang masarili nila ang pag-uusap. —Marahil ay hindi lingid sa iyo na kami ay magkasintahan ng iyong kapatid, hindi ba?

—Oo, at ano ang ibig mong sabihin, Delfin, —usisa agad ni Naida.

—Alam mo Naida, malaon nang napapansin kong ikaw ay may suliranin. Ang iyong kapatid ay malabis na nababahala sa iyo. Makailang ulit ka na niyang tinanong subali't nagkait ka

ni PETRONILO

***Pagpilitan Mang Umigtad Sa Tukso Ng Kasalanan, Dumarating Ang Sandaling Hindi Mo Rin Maiwasan.***

ng iyong pagtatapat. Alam mo namang walang kasing mahal sa akin si Belen kaya't inihandog ko ang aking tulong upang kausapin ka sa pananakaling ako'y hindi mo bibiguin. Ang palagay ko sa iyo'y isa na ring kapatid kaya hindi ako nag-aalinlangang lumapit sa iyo, —ang buong pagtatapat ni Delfin.

Isang malalim na buntong-hininga ang hinugot ni Naida sa nagsisikip niyáng dibdib. Matagal na tinitigan si Delfin at binabakas sa mukha nito ang kadakilaan ng isang pusong ewan niyá kung nahahandang magpakasakit upang siya'y matulungan.

—Delfin, hindi ko nais na ang sino man sa inyo ay malagalig nang dahil sa akin. Sa ngayo'y iisa ang aking iniisip: Ang magpakamatay, —ang walang gatol na pagtatapat ni Naida.

Biglang nanlaki ang mga mata ng binata. Hindi niya sukat akalaing gayon ang isagot sa kanya ni Naida.

—Naida, maghunos dili ka! Alamin mong sa gagawin mong iyan ay dalawang buhay ang iyong kikitlin. Nalimot mo na bang kaya wala rito ang Papa at ang Mama ay sa dahilang may sakit sa puso ang Mama na siyang dahilan ng kanilang pagtatawid dagat? Ano ang mangyayari sa Mama kung mabalitaan ang iyong ginawa sakaling ituloy mo ang iyong binabalak? —paalala ng binata.

—Iyan na rin ang kauuwian ng lahat kung mabatid ng Mama na kinalakal ko siya sa ganitong kahihiyan, —ang buong lungkot na pagtatapat ni Naida.

Hindi nakakibo si Delfin sa gantong naging pagtatapat ng dalaga. Nuon lamang niya nabatid ang buong katotohanan kung bakit ang kanyang hihipagin ay laging nang sakbibi ng matinding kalungkutan. Magkahaliling lungkot at habag ang umali sa buong pagkatao ng binata.

—Naida, bayaan mo't pag-uusapan iyan namin ni Belen at tignan natin kung ano ang mabuting gawin, —ang pag-alo ni Delfin kay Naida.

—Maraming salamat, Delfin. Hindi ko maalaman kung ano ang aking gagawin kaya't tulungan ninyo ako, —ang lumuluha nang samo ng dalaga.

Iniwan ni Delfin si Naida na naguguló ang buong pag-iisip. Nuon din ay nagtungo siya kay Belen upang ipagtapat kung ano ang napag-usapan nila ni Naida. Samantala, sa kabilang dako naman, nang malaman ni Belen ang nangyari sa kapatid ay napaluha ito sa malabis na pagdaramdam. Nuon din ay yumari sila ng isang balak, isang balak na nangangailangan ng pagpapakasakit subali't makapagliligtas sa tatlong buhay: kay Naida, sa tinataglay nito sa sinapupunan, at sa kanilang Mama kung sakasakali.

Magkasamang nagtungo si Belen at Delfin sa kinaroroonan ni Naida. Dinatnan nila ang dalaga na nakapangalumbaba sa harap ng durungawan. Pasugod na niyakap ni Belen ang kapatid na sa mga mata'y dumadaloy ang masaganang luha. Si Naida nama'y napayakap din sa kapatid at tila batang humihikbi.

—Naida,—ang simula ni Belen, —huwag kang magalala. Ikaw ay aming tutulungan ni Delfin.

—Sa paanong paraan, Belen?— nagugulumihanang usisa ni Naida.

—Napagkayarian namin ni Delfin na ikaw ay kanyang ialis dito sa ating bayan yamang hindi naman nababatid ng tagarito ang sinapit mong kasawian. Duon ka niya dadalnin sa isang bayang sa atin ay walang nakakikilala. Samakatuwid ay makikilala ka ng lahat sa bayang paroroonan ninyo na ikaw ay kanyang maybahay. N g a y o n, kung ikaw ay makaraos na ay saka magbabalik si Delfin upang iraos naman ang aming kasal, —ang buong liwanag na sinabi ni Belen.

—Nguni't paano ang Mama pagdating nila rito? Hindi ba mabibigla yaon kung maala-

Sundan sa pahina 64)

N. BAZA



(IKA 5 LABAS)

*ANG MGA pangungusap na iyon at pag-amu-amo ni Tommy na dati-rati'y tulad sa balsamong sa sugat ng damdamin ni Fany ay madaling nakapagpapalubag loob, ay tila isáng kagamutan ngayong wala nang bisa.*

*Lalong tumingkad ngayon sa dibdib ng mananayaw ang pagmamahal na inihandog ni Mamerto. Sawá na siya sa gayong pagpapalagay ni Tommy na matapos siyang alglahiin at pagbuhatan ng kamay ay aaluing tulad sa isang sanggol at pangangakuan.*

Kung sa bagay ay talagang pasasa si Fany sa salapi. Lahat ng kanyang maibigan ay walang liwag na ipinagkakaloob ni Tommy, datapuwa't ngayon ngang lubusan niyang makilala si Mamerto at marinig dito ang isang pagpapalagay na sa ganang kanya'y tunay na nagbubuhat sa puso, ay nagpasimulá siya, si Fany, na mangulila sa isang buhay na matahimik.

Nguni't hindi rin naman nawaglit sa isip ni Fany ang mapanganib na kaligayahang nabubuo ngayon sa kanyang diwa. Labis niyang nakikilala si Tommy. At narinig pa niya rito ang pagbabala, kaya kailangan ang isang masusing pag-aaral at pag-iingat sa kanyang binabalak.

Sunod man ang lahat ng kanyang maibigan kay Tommy, ay isinaloob ni Fany ang paglayo at pagpapalit ng palad. Hindi lamang salapi ang kanyang hinahangad sa isang lalaki. Kung tunay mang isa siyang bulaklak na ang halimuyak ay masansang na tulad sa "dama de noche", ay babae rin naman siyang may puso at masakim sa pag-ibig. Ang kanyang kinakasama'y hindi niya sarili. Malikot itong tulad sa bubuyog na kung saan-saang talulot humihimlay, at ang pag-uugaling iyan ni Tommy ang nagbunsod kay Faning maging matimbang ang pag-ibig na handog ni Mamerto.

—Ano Fany, —ang tila pamumukaw ni Tommy nang makaraan ang ilang sandaling hindi pagsagot at pagkilos ng kanyang tamuneneng sa pagkaupong nakayuko at waring may iniisip. —Ayaw mo bang magbihis? Hindi ka ba sasama sa akin?

At nang hindi pa rin natitinag si Fany sa kanyang malalim na pag-i'sip, ay buong siglang niyakap ni Tommy at saka pinupog ng halik.

—Come on... forget everything and let's be gay... —ang dugtong pa ni Tommy. —Hindi man ako nagtagumpay sa aking lakad kangina, ay marami naman akong tinalo kagabi. Magbihis ka na.

Nang bitiwan ni Tommy ang katawan ni Fany, ay humarap ito at ang sabi:

—Sa tuwi-tuwi na ay ganyan ka... matapos mo akong pagbuhatan ng kamay, ay aamuin mo ako at pangangakuan nang kung anu-ano. Ano Tommy ang palagay mo sa akin? Bata ba akong musmos na walang damdamin? Nagagawa mo ba sa ibang babae ang iyong ginagawa sa akin?

Bumulalas nang tawa si Tommy. Nagtindig siya at lumakad-lakad sa harapan ng silyang kinauupan ni Fany.

—Huwag mong damdamin ang aking pananakit sa iyo, —bilang tugon ni Tommy. —Sa lahat ng aking kinakasáma ay ikaw lamang ang itinatangi ko. Nagbubuhat man ako ng kamay sa iyo ay dagli ko namang ginagamot ng aking mga labi ang pasa ng iyong katawan. Nguni't sa iba.....aba, hindi basta gulpi ang kanilang inaabot sa akin kung ako'y nagagalit at hindi ko pa sila sinisipot ng isang linggo.

—Samakatuwid ay utang na loob pang ipinakikilala mo sa akin ang kalupitang ito.

Sandaling pinagmalas ni Tommy si Fany. Nakasuksok sa dalawang lukbutan ng pantalon ang kanyang mga kamay na parang may sinisinag sa mukha ng kanyang kulasisi, at nang hindi niya kayang lurukin sa sarili ay saka nagsalita:


—Mukhang nagtataka ako ngayon sa iyo... Dati-rati, matapos nating magbangay ay hindi mo ako tinatanong. Nguni't ngayon ay parang walang halaga sa iyo ang aking pag-aanyaya at maging ang sinabi kong pagbili natin ng relos ay tila hindi mo ikinagagalak. Bakit ba? Maaari bang ako naman ang mag-usisá?

—Ikaw na ang bahalang sumagot. Talagang hindi ako maaaring magpatuloy sa buhay na ito kung lagi mo na lamang akong sasaktan. Kung sa akalá mo'y pabigat ako sa iyo, ay iwán mo ako at walang samaan ng loob. Sa ganya'y maaari ka pang mamalagi sa piling ng ibá mong kasintahan at mababawasan pa ang iyong mga gugulin.

—Nakapagtataka Fany... Hindi ba't salapi ang hanap mo at siyáng nagpapaligayá sa iyo?

—Siyang tunay, nguni't ngayon ko nakilalang ang salapi ay lumilipás din at ang tanging mahalaga ay pag-ibig, pagmamahal at pagtingin.

—Napupuna kong malaking lubha ang ipinagbago mo ngayong maging kasintahan ka na ng isang ulol na musiko... Tila ibig mong lumayo sa akin ngayon...




—Kung ako ang tatanungin mo ay talagang ibig ko nang maging malaya. Sawá na ako sa buhay na itong bukod sa maligalig ay walang masabing kanyá at sinasaktan pa.

Muling nangulimlim ang mukhang mabagsik ni Tommy. Buong talim na ipinako nito ang kanyang mga matá sa mukha ni Fany at saka matapos pagtiimin ang mga bagáng ay umaagting ang mga litid na kinuyom ang dalawang kamay.

—Mag-ingat ka, Fany... Huwag kayong makipaglaro sa kamatayan— anghihinga-hingang sabi ni Tommy.— Kapag humiwalay ka sa akin, ay alam mo na, nilagdaan ninyong dalawá nang lalaking sasamahan mo ang iyong hatol. Walang babaing makagagawá sa akin nang ganyan. Ako at hindi babae ang maaaring lumayo. Wala rin namáng lalaki ang maaari nang magtawá sa akin o maglayo sa aking kinakasama. Bibigyan kita ng panahong makapag-isip... ka na.

### *Isang Balak Ang Binuo Sa Puso At Gunam-gunam, Nguni't Balak Na Nabitin Sa Matinding Agam-agam.*

Maririin ang paang inihakbang ni Tommy. Lumisan siyang nag-iinit ang buong katawan, samantalang si Fany naman ay naiwanang sa ayos ay may buo nang balák tungkol sa kanyang suliranin.

Nang makapanaog na si Tommy, ay dali-daling nanungaw si Fanny. Sinundan niyá nang tingin kung saan napatungo si Tommy pagka't ibig niyáng matiyak kung umalis ngá. At nang matanaw ni Faning sumakay sa taksi si Tommy ay nag-iisip na nagbalik sa kanyáng silid.

Talagang ipinasiya na ni Faning layuan si Tommy. Ang pagkakataong inihahandog sa kanya ni Mamerto ay isinaloob niyang hindi niya dapat pabayaan. Nguni't ngayong mapaloob siyá sa silid at mapasandig sa malambot na silyon ay hindi niyá akalaing tilá naging mahirap sa kanya ang pagsasagawá ng kanyang kapasiyahan. Dati siyang malakas ang loob sa paghiwalay sa kanyang kinakasamá. Hindi niya kailanman pinanghinayangan ang panahong ginugol niya sa piling ng lalaking natuwá sa kanyang alindog. Datapuwa't ngayo'y hindi niyá malaman kung bakit gayon na lamang ang kanyang pangamba.

At ang pagtatalong iyon ng kanyang isip, ay may pinagbabatayan si Fany. Mangyari'y hindi si Tommy katulad nang lalaking napahinang na sandali sa kanyang puso. Si Tommy ay may isáng pangungusap at sadiya namang malupit. Ang sabihin nito'y ginagawá at hindi miminsang nasaksihan niyá, ni Fany, na humarap sa panganib nang walang pangamba.

Si Tommy, ay isang taong nakikilala ng marami, nguni't tinatawanan naman nang lalong nakararami. Lahat nang paningin ng mga alagád ng batas ay laging nakapako sa kanyá pagka't lubhang kahinahinala ang kanyang ginagawang pamumuhay. Hindi naman mayaman si Tommy, nguni't nabubuhay na tulad sa isang prinsipe. Lagi siyáng magara. Marami siyang kalaguyo at panauhin siyá gabi-gabi nang mga bahay sayáwan at panggabing liwaliwan.



—Come on... forget everything and lets be gay... ang dugtong pa ni Tommy.

Ang totoo ay hindi na miminsang dinakip si Tommy at napaharap sa pagsisiyasat, nguni't madulas si Toming tulad sa isáng palos, kaya hindi siya maipagsakdal. Walang maibuhat sa kanya at ang lahat ay lumalabas na bintang lamang. Mangyari'y natatakot sa kanyá ang karamihan. Walang makapaglakas-loob na sumaksi laban sa kanyang marumal na gawain.

Si Tommy ay isang pusakal na mandarambong. Ang limpak-limpak na salaping ginugugol niya'y buhat sa kanyáng mga inaabatan. Sinomang lapitan niya't tumangging magbigay ay agad niyáng sinasaktan at kung magkaloob namang lumaban ay kanyang inuutas.

May ilang tauhan din si Tommy na bukod sa katulong sa mga pangungulimbat ay kasing tigas din ng loob niyá. Ilan na sa kasama ni Tommy ang nahulog sa kamay ng maykapangyarihan, nguni't sinoman sa kanila'y hindi isinangkot si Tommy, pagka't ang takot nilá rito'y higit sa pangingilag nila sa hustisya. Ang paniwala nila'y maaabot sila ng mga kamay ni Tommy kulob na ito'y makulong sa bilangguan.

Mahaba ring oras ang nakaraan bago napagpasiyahan ni Fany ang gagawin. Kinilala niyá ngayon ang malaking panganib ng kanyáng buhay kung lantaran niyang lalayuan si Tommy.

Isang liham ang ginawa ni Fany at saká maingat na itinago. Isinaloob niyang ibigay kay Mamerto ang liham na iyon sa gabi ng kanyang pagsasayaw.

Labis ni Faning nakikilala kung sino si Tommy, kaya minarapat niyang sumulat. Binalaan na siya ni Tommy at upang ilayo sa anomang hinalá ito ay sumulat nga siya. Alam niyang walá man sa kabaret si Tommy ay hindi rin mawawalan ng kinatawang lihim na nagmamasid sa kanyáng mga ikikilos.

Maghapon nuong hindi sumilay si Tommy sa tahanan ni Fany. Lalo pang nagtining ang kanyang paniwala, ni Fanny na may sama ng loob ang kayang kinakasama.

At nang magtungo na si Fany sa kanyang pinaglilingkurang bahay aliwan, ay hindi rin niyá nasilayan ang anino ni Tommy. Gayon man ay lalo siyang nag ingat. Natitiyak niyáng may mga mata ruong nandidilat nang pagtingin sa kanyá, at upang ilayo sa anomang paghihinala, ay isang kamananayaw at katapa'ang loob ang

(Sundan sa pahina 70)

# LUKSANG

## KUWENTO ni CIRIO

*SABADO noon. Unang araw ng Nobyembre, 1951. Nagbubukang liwayway pa lamang at basa pa ng hamog ang makapal na damuhan sa munting libingan ng bayan ng B... Kasabay sa pagsikat ng araw ay isa-isang nagsisidating ang mga kasaping panghabang-buhay ng isang malaking kapisanang mauukol lamang sa mga lalaki. Taun taon, tuwing sasapit ang ganitong panahon ay nagdaraos sila ng pagtitipon alang-alang sa pagsapit ng kanuang kaarawan. Ang kanilang pangulong si Doktor Makabuhay ay nakaupo sa ibabaw ng isang maputing puntod at* kasalukuyang binabasa ang mahabang talaan ng mga kasapi na ang karamihan ay nangakaupo na rin sa kanyang paligid.

—Agapito Salonas... mahinahong tawag ng matandang doktor.

—Naririto po, —sagot ng isang matabang lalaki.

—Anacleto Gabriel... Anacleto Panaligan... Anastacio San Pedro... Benedicto Pascual... Ernesto Toledo... —sunud-sunod na tawag ng pangulo.

—Maalala ko nga pala, —pagiiba ng paksa ni Doktor Makabuhay, —sino ba ngayon ang ating kalihim?

—Si Kumpareng Nano po, —sabad ng isang matandang nakasalamin.

—Mangyaring lumapit dito si mang Nano, —sabi ng Doktor. —Nais ko lamang malaman kung ilan ngayon ang ating kasapi.

—Kulang po ng apat sa isang daan at apatnapu, madaling sagot ng kalihim matapos makalapit sa kinaroroonan ng Doktor. —Kayo't ako'y kabilang na roon.

—Mayroon ba tayong bagong kasapi ngayon?

—Mayroon pong dalawa. Sina Ginoong Perlas at Pedro Morente.

At ipinagpatuloy ang pagtawag sa mga pangalan. Nguni't pag-



Nakilala ni Roberto si Elya sa isang sayawang ginanap sa Manila Hotel.



# PAG-IBIG

P. PANGANIBAN Jr.

dating sa ngalang Roberto Maniego ay walang sumasagot.

—Roberto Maniego! — malakas na ulit ng kalihim na siya nang bumabasa sa mababang talaan ng mga kasapi.

Subali't wala pa ring sumasagot. Kaya't lahat ng kasapi, pati na ni Doktor Makabuhay, ay nangagsipagbaling ng paningin sa gawing Timog ng munting libingan. Doo'y nakita nila si Roberto na nag-iisang nakaupo sa ilalim ng punong akasya. Katulad din ng nangakaraang taon sa ganoon ding pagkakataon, siya'y nakapangalumbaba at nakatingin sa pinto ng libingan na waring may hinihintay.

Di naglao'y may dumating na isang sasakyan at pumasok sa libingan ang isang babaing nakaluksa. Ito'y may kulubong na itim sa kanyang mukha at tulad nang nakaraang sampung taon, siya'y may dala ring mga puting bulak'ak na nakasalalay sa tila garing niyang mga bisig. Gaya nang nakagawian na, kanyang tinatalunton ang makitid na landas sa pagitan ng maraming mapuputing krus hanggang marating ang isang puntod sa gilid nang nilulumot na pader.

—Hayun na naman ang mahiwagang babae na siyang pinakahihintay ng ating kaibigang Roberto, —wika ng isa sa mga kasapi.

—Sino kaya siya? —tanong ng katabi.

—Hangga ngayo'y isa pa ring hiwaga sa bayan ng B.... ang kanyang katauhan. At maging tayong nangaririto'y di natin nakikilala,—wika ng isa pang kasapi.

—Si Roberto lamang ang nakakaalam ng lahat, at marahil ay ang kanyang kaibigang Tenyente, —tila nagbibirong wika ni mang Nano, sabay kindat sa tinukoy.

—Sino nga ba ang mahiwagang babae, ha, Tenyente Mirasol?

*Pag Taimtim At Dalisay*
*Ang Layon Ng Isang Puso,*
*Ay Talagang Matiisi't*
*Mapagbigay Sa Kasuyo,*

Maáari bang bahaginan mo kami ng lihim ninyong magkaibigan? —Ani Doktor Makabuhay.

Sa gayo'y napangiti si Tenyente Mirasol. Ibinaling ang tingin sa kanyang kaibigan na nang mga sandaling iyon ay nakatayo na at buong-pananabik na hinihintay ang naglalakad na babae.

"—Siya'y si Elya, —pasimula ng Tenyente. —Nag-iisang anak ng isang mayaman sa Siyudad ng Maynila. Nakilala namin siya ni Roberto sa isang sayawang ginanap sa "Manila Hotel" bago magkadigma. Siya'y isa sa mga punung-abala sa pagdiriwang na yaon ng Krus na Pula.

Pagkaraan ng gabing iyon ay naging malimit na panauhin ng maharlikang tahanan nina Elya ang kaibigan kong Boby. Sa simula ay naging magkapalagayang-loob lamang sila at walang pagtitipong dinadaluhan ang dalaga na hindi kinakikitaan din kay Boby.

Lumakad ang maraming araw. Ipinagtapat sa akin ni Boby ang kanilang lihim na pagmamahalan ni Elya. Lihim, sapagka't mahigpit ang pagtutol ng palalong ama ng butihing dalaga.

Mula noon ay lalong nag-ibayo ang pagsisikap ni Boby na magkaroon ng isang maunlad na kinabukasan. At dahil sa di-pangkaraniwan niyang kakayahan at talino, ay pinalad siyang maipadala ng pamahalaan sa ibang bansa upang doon ay lalo pang paunlarin ang kanyang kaalaman sa pagiging isang mahusay na piloto...

—Samakatwid pala ay nagkalayo ang magkasintahan, ha?—hadlang ni Mang Nano sa salaysay ng Tenyente.

—Ganoon nga po ang nangyari, sapagka't masakit man sa kalooban ni Boby ang malayo sa kanyang kasintahan ay sinikap din niyang aluin ang sarili sa pamamagitan ng alaalang kung siya'y matapos na maluwalhati ay isang karangalan ang maihahandog kay Elya sa kanyang pagbabalik.

—At matuling nakaraan ang maraming araw. Sa loob ng panahong ipinagkalayo ni Boby at Elya ay lalong-ibayo ang pagmamahalan at pagtitiwala ng bawa't isa sa kanila. Ang dalaga ay patuloy sa pag-aaral niya ng "Education" sa "FEU" at ang binata naman ay nagtamo ng karangalang ipinagkakaloob sa mga Pilipinong nagsisipag-aral sa Estados Unidos.

—Pagbabalik ni Boby ay masayang sumalubong ang tapat na kasintahan. At minsan pang ipinagbigay-alam ng dalaga na sa kabila ng malabis na pagtutol ng kanyang ama ay mananatiling tapat at wagas ang kanyang pagmamahal. Sa gayo'y binalak ni Boby na sila ay magtaanan subali't tumanggi ang dalaga sapagka't kung malaki man ang pag-ibig nito kay Boby ay malaki rin naman ang pagnanais niyang huwag dulutan ng anumang sama ng loob ang kanyang matanda nang ama.


Palibhasa'y lubhang matapat at di mapag-imbot ang pag-ibig ni Boby sa dalaga kung kaya nayag siyang ipagpaliban na muna ang kanilang pagtataling-puso.

—Pambihira din naman pala kung umibig iyang si Roberto natin, ano? —nakangiting nasabi ng Tagapangulo.

—Hindi maáari ang ganyang sistema sa akin, —ang badya naman ng mapusok na si Onofre.

—Sadyang ganoon ang wagas na pag-ibig. Lubhang mapagbigay, —ang patuloy naman ni Tenyente Mirasol. —Si Boby ay nanatiling tapat kay Elya. Di mabilang na anak ni Eba ang nabaliw sa kanya subali't naging bulag at bingi ang kanyang puso sa ibang kariktan. Tanging si Elya lamang ang babae sa kanya. Malimit na inaabot na rin ako ng yamot tuwing makikita ko siyang naninimdim at nag-iisip. Suba-

(Sundan sa pahina 38)





# Aking Ina

*Nobela ni* **FAUSTO J. GALAURAN**

**Ika 24 na labas**

**NANG** gabi ring yaon, samantalang nagaganap ang malubhang pangyayari sa tahanan ni Don Federico, sa loob naman ng silid ni Donya Salud ay naghahari ang kapayapaan. Ang matanda ay matahimik na nakahilig sa isang silyon, nakapikit ang mata at matamang binubulay sa sarili ang nagdaang mga araw nang siya'y nabubuhay pa sa kadiliman. Si Mercedes naman ay nakaupo sa lapag sa tabi ng matanda at malakas na binabasa ang isang bilang ng pahayagang panghapon. Naging ugli na ng dalaga, kahi't na nagbalik ang paningin ng matandang ale, na basahan ito ng mga balita.

Si Danilo naman ay nakatayo sa durungawan, matahimik na humihitit ng isang sigarilyo at tila nag-iisip ng malalim. Sa gawing sulok ng silid, ang kanilang radyo ay bukas at kasalukuyang nagpaparinig ng isang malambing na kundiman sa palatuntunan.

—Nakatulog na yata ang tiya.—ang mahinang wika ni Mercedes nang makitang matagal na nakapikit ang matanda.

—Gabi na kasi eh...—ang tugon ni Danilo na minasdan ang relos na pangkamay.

—Hindi, mga anak.—ang pakli ng matanda na ngumiti at saka idinilat ang mga mata.—Nakapikit man ako ay hindi ako nakakatulog. Sige Mercedes, ituloy mo ang pagbasa.

—Ito po'y tungkol sa mga Huk, tiya Salud.—At saka muling tinunghayan ang pahayagan.

—Ituloy mo, anak...

—Alinsunod sa kalihim ng kagawaran ng tanggulang pambansa, ay puspusang sinisikap ngayon ng hukbo ang pagbabalik ng kapayapaan sa Pilipinas, at....

—Mercedes,—ang wika ng matanda na tinutop ang dibdib.

—Bakit po, Tiya? Napapano kayo...?

—Nagsisikip ang dibdib ko... Tila may sumaksak sa aking puso...

—Kukuha ako ng inumin, mama—ang wika ni Danilo na noon din ay tumakbo sa labas at nag pautos ng inumin sa alila.

—Parang hindi ako makahinga, Mercedes.—Daing ng matanda na tutop-tutop ang tapat ng puso.

—Humilig kayong mabuti, Tiya... Baka kaya dahil sa inyong kinain kanginang hapon ah..

—Marahil nga anak... Nguni't, tila ako nakarinig ng isang tawag na galing sa malayo na siyang nagpakaba ng aking puso at nagpasikip ng aking dibdib.

—Isang tawag?—Ang patakang usisa ni Mercedes.

—Oo, tila may bumulong sa aking tainga, ako'y natulig at...

—Mama,—ang lapit ni Danilo.—Narito ang inumin... Malamig iyan, upang maalis ang pagsisikip ng inyong dibdib.

—Salamat, mga anak...—at lumagok ng ilang lagok ang matanda.

—Kundangan kasi eh, panay na pampatakot ang nababasa mo sa pahayagan — paninisi kunwari ni Danilo na kinindatan ang dalaga. — Mabuti'y itong radyo ang ating paking-









gan. Kay ganda ng tugtugin.

Lumapit sa radyo ang binata at saka inilakas. Isa nga namang magandang kundiman ang inaawit. Si Donya Salud ay tila natahimik. Nakapikit ang mata, ang kamay ay nakasapo sa tapat ng puso at tila nakikinig sa tugtuging yaon. Si Mercedes naman ay hindi umaalis sa tabi, samantalang si Danilo ay payapang nagmamasid.

"Mga giliw naming nakikinig, —ang malakas na wika ng tagapagpakilala sa radyo.—Itigil na ting sumandali ang iba pang bilang ng aming palatuntunan upang pahatdan kayo ng lalong sariwang balitang kapangyayari lamang sa loob ng ilang sandaling nakaraan. Nagimbal ang buong Maynila sa natuklasang krimen ngayong gabi...

Nagkatinginan sina Mercedes at Danilo, samantalang ang matanda ay patuloy sa di pag-imik

## *Nasugpo Man Ang Suwail Sa Masamang Mga Hangad, Ang Kamay Na Nagparusa'y Hindi Naman Maibunyag.*

na tila naidlip.

"Natuklasan ng pulisya ang isang patayan na kinasasangkutan ng isang lider pulitiko at kilalang mangangalakal sa siyudad na si Don Federico Guevarra na natagpuang naghihingalo at halos wala nang buhay dahil sa tatlong mariring saksak sa kanyang dibdib sa loob ng kanyang sariling tahanan. Sa kanyang tabi ay natagpuan din ang isang lalaking ayon sa pagkakilala ng pulisya ay isang pinalayang pansamanta sa piitan. Ang lalaking natagpuang bangkay ay si Pedrong Maton. Si Don Federico Guevarra ay dinala sa pagamutan nguni't hindi nagtagal at nalagutan din ng hininga. Bago namatay ang kilalang lider pulitiko ay inamin niya na siya ang may gawa ng sulat ng pagtatapat

(Sundan sa pahina 55)






(Ika 31 labas)

*PAGKARAAN ng saglit na panggigilalas ay si Atorny Vito Cruz ang unang nagtanong:*

*—Ano ang sabi mo, Doktor...ulong yari sa pagkit ba kamo iyan?*

*Oo,... —Dagling sagot ni Dr. Musngi —ulong pagkit na nababalatan ng isang uri ng pastang kulay-balat ng tao at matigas na parang losa.*

—At kamukhang kamukha nga nitong si Alice!... —buong pagtatakang dugtong ni Fredy. — Napahusay ng pagkakahuwad, kahi't sinong makakita ay walang hindi magkakamaling iya'y tunay na ulo nga ng isang patay...!

—Karamba!... suggab na pakli ng Abugado, —sino ba ang magsasabing hindi nga talagang bangkay ni Alicia iyan?

—Siyenga po!... —sambot naman ng maliit na Binibining noon lamang nakahuma sa maluwat na pagkatigagal. —Ako ma'y nalito rin noong makita kong nakaburol iyan doon sa bahay namin!

—Talagang animo nga'y totoong-totoo!... —muling badya ng Manggagamot, samantalang pinabibiling-biling ang hawak na ulong pagkit. —Ako'y may palagay na kung dito man sa Maynila ito niyari ay pihong ipinagawa sa isang dalubhasang Eskultor na dayuhan, pagka't noong ako'y maglibot sa daigdig ay sa Paris lamang ako nakakita ng kahanga-hangang "obra de Arteng" katulad nito... Marahil ito'y ibinayad nang malaki ring halagá. At ang isa pang hinala ko ay walang salang sa Bagyo ito inayos nang pagkalagay sa ataul bago iniluwas dito sa Maynila, dahil nga diyan sa mga sangang tuyo ng pinong binigkis at ginawang parang katawan.

—Marahil nga... —Sang-ayon ni Atorny Vito Cruz, —nguni't ang hindi ko maubos-maisip ay kung ano ang kahulugan ng ginawang iyan!

—Ako'y nagkamali sa una kong sapantaha... —anang Manggagamot. —Noong una'y inakala kong ang nangyari'y dalawang buktot na katampalasanan; alalaong baga'y sa paghahangad na maisakatuparan ang pagpatay kay Alicia ay kinailangan ang isa pang biktimang kinitlan ng buhay, upang gamiting panglinlang sa mga tao... Datapuwa't ngayon ko nabatid na hindi tama ang hinala kong iyon.

—E, ano nga sa palagay ninyo ngayon ang kahulugan ng ginawang iyan?

—Ngayon ko napag-isip na ang Don Antoniong iya'y talagang nag-aangkin ng mataas na katalinuhang maka-satanas. Isang matal nong kriminal, at inisip niyang gawin iyan upang makinis at walang peligro ang ginanap niyang krimen.

—Panong makinis at walang peligro?... At bakit pa nga niya kinailangang magpagawa ng palsipikadong bangkay na katulad niyan, samantalang sa halip nang ilibing na buhay diyan sa loob ng katakumba ang batang ito, ay labis naman niyang magagawang ito'y patayin at siyang iburol sa bahay nila...?

—Iyan nga ang sinasabi kong matayug na katalinuhan niyang taong ganid na si Don Antonio. Halos natitiyak kong maraming dahilan kaya hindi ganoon ang ginawa.

—Pano? Anong mga dahilan iyon? —halos magkasabay na tanong ng Manananggol at ng binatang Reporter.

—Una,... ibig niyang maging malinis ang kanyang kamay sa pagganap ng isang kakilakilabot na krimen, pangalawa,... tiniyak niyang masarili lamang ang tunay na lihim ng pagkaligpit nitong si Alicia; at pangatlo,... halimbawang ito nga ang kanyang pinatay sa pamamagitan ng sakal, o di kaya'y paglason, gaya ng ginawa sa kanyang ama; at siya ring hinangad na mangyari kay Donya Pilar, ay kakailanganin pa niya ang tulong ng isang Embalsamador upang embalsamahin muna ang bangkay bago iluwas dito sa Maynila at iburol sa kanilang bahay;. . bagay na maáaring manganib sa pagkabunyag ang ginawa niyang katampalasanan kundi masusuhulan ng malaking halagá ang kanyang kakatulungin.... Samantalang pano't-pano man, kung ang pag-aayos lamang ng palsipikadong patay na ito ay makakaya na niyang gawing mag-isa lamang sa isang lihim na pook doon sa Bagyo.

—Ganoon nga kaya...? —Tila alinlangan pa ring pasubali ni Atorny Vito Cruz.

—Hindi malayong iyon nga naman siguro, Tatay... —parang



katig sa Manggagamot na salo naman ni Fredy, bago binalingan si Dr. Musngi. Ang hindi ko pa nalilinawang mabuti, Doktor, ay kung paano nagawa iyang makinis at napakagandang pagkakahuwad ng ulong pagkit na iyan, nang lingid sa kaalaman nitong si Alice...

—Puwes iyan ay hindi na isang hiwagang mahirap isipin... —anang pantas na Manggagamot. Pihong si Alicia'y may maliwanag na larawang nakuha ni Don Antonio, at siyang ipinakopya doon sa hinihinala kong Eskultor na dayuhan. Ano ang malay natin kung...

—Ah, naku, alam ko!... pabulalas na agaw ng maliit na Binibini. —Naalaala ko ngayong noong mahigit na isang buwan pa bago idaos ang aming babangluksa, na siya ring araw na itinakdang pagdadala sa akin sa Bagyo ay isinama ako ng Antoniong iyan sa isang gusali sa Eskolta, at ako'y pinakunan ng retratong may apat na pusisiyon sa isang kilala niyang Pranses.... Isang kuhang paharap isang pa-

***Bawa't Gawing Kabuktutan Ng Pusakal Man Salarin Ginagamit Ang "Talino" Bago Niya Ito Gawin.***

tagilid sa dakong kanan, isa ring patagilid sa dakong kaliwa at isa pang patalikod. At ang dinahilan sa akin ay nang makita ko raw ang pagbabago ng aking ayos kung ako'y tumaba pagkatapos ng aming bakasyon. Mayroon akong kopya ng mga retratong iyon sa aking maletin.

—Aha! Kung gayo'y tama na!... —Pabulalas ding sambot ng binatang Reporter. —Walang salang iyon nga siguro ang ginamit na huwaran kaya naging kamukha mo iyang...

—Buweno, tama na nga... —parang patapos na halang ni Atorny Vito Cruz, at bumaling din sa Mediko, —ano ang binabalak mong gawin natin ngayon sa ulong pagkit na iyan,... Doktor?

—Aba, ito'y lubhang mahalagá para sa atin... —Agap na salo ni Dr. Musngi. —Kailangang maiuwi ito upang magamit nating Ebidensya pagdating ng araw.

—Ganoon din nga ang aking iniisip.

—Ah, opo, siyenga!... —Magalak na sabad ni Alicia. —Dapat ngang mai-uwi at nang maipakita natin tuloy sa nanay ko. Akina po, Doktor, at ako na ang maghahawak ng manikang pagkit na iyan.

—O, sigi... —malugod na paunlak ni Dr. Musngi. —Heto, balutin mo ng iyong panyoleta, at pag-ingatan mo lamang na huwag mabunggo,... baka masira...!

—Hindi po. —At walang pagkasiyahan sa tuwang kinalong ng timtimang dalaginding ang napakagandang huwad sa sarili niyang larawan.

—Ngayon, ano pa ang gagawin natin? —patapos na tanong uli ng Abugado.

—Wala na... —magalak na sagot ni Dr. Musngi. —Uuwi na tayo, yamang natuklasan na natin ang hiwaga, at natapos sa kasiya-siyang kalutasan ang ating pagsisiyasat.

—At pano po,... —pagunita ni Fredy, —iiwan ba nating nakahambalang na ganyang bukas ang kabaong?

—Aba, huwag!... —pabiglang salag ng Manggagamot. —Baka makatawag nang pansin sa mga Sepulturero ng libingan kung iya'y masilip diyan sa butas na salamin ng bintanang may rehas nitong Mausoleo. Maáaring maging magusot ang mga pangyayari kung malathala sa mga Peryodikong palsipikadong bangkay ang dito'y inilibing, at malamang pang masira ang aking binabalak na sorpresa sa araw nang pagdakip natin kay Don Antonio.

—Si Don Antonio po ba lamang ang ipadadakip natin? At si Donya Lina...?

Namanglaw ang mukha ni Dr. Musngi at:

—Hangga't maáari sana, ay ibig kong mailigtas ang baliw na Binibining iyan, nguni't kung talagang dapat din siyang pag-usigin sa salang kriminal ay wala akong magagawa.

—Kung gayon po'y...

—Kaya ko na nga pinahawakan kay Alicia ang ulong pagkit ay nang mapagtulungan nating ipasok uli sa nitso ang ataul na iyan.

—O, sigi po.... halikayo, itay, pagtulung-tulungan natin at nang madali.

Masigla namang kumilos ang Ginoong Mañananggol.

Pinahawakan ng isang kamay kay Alicia ang pananglaw na plas-lait at ang tatlo'y tulung-tulong nang nagdudumali sa paglalagay ng takip sa kabaong, nguni't noong ito'y ipinapasok na nila sa loob ng nitso ay payamot na bumulong ang binatang Reporter na:

—Putres, nalimutan kong magdala ng tubig na panglahok sa semento; hindi natin malalagyan ng paletada itong bukana ng nitso, para huwag mahalata ang pagkabukas!

—Siyenga pala!... —ani Dr. Musngi. —Nguni't hindi na bali,... sakali mang makaisip na

(Sundan sa pahina 66)






# May Umaga pang DARATING

nobela ni

**FAUSTO J. GALAURAN**

(Ikalawang labas)

*HALOS ay natulig si Carmen sa kanyang narinig. Napanganga ang bibig at napaurong saka napasandal sa dahon ng pinto na hindi malamán ang isasagot. Hindi niya akalain na ang mga katagang yaon ay marinig sa bibig ng ama ng binatang kasintahan.*

—Hindi... hindi ko po maunawaan ang ibig ninyong sabihin, —ang naibuka na lamang sa bibig sa gitna ng kagulumihanan.

—Bakit hindi mo maiintindihan? Maliwanag ang aking pagsasalita. —At saka dinukot ang kartera sa tapat ng dibdib. —Magkano ang iyong kailangan..?

—Don Horacio, —at ang buong katawan ng dalaga ay tila ginimbal ng pangangatal. —Iyan ba ang inyong ipinarito? Nalalaman ba ni Roberto ang inyong sadyang iyan?...

—Hindi... At ito'y sarili kong kagustuhan. Alam ko ang nangyari sa inyo ni Roberto. Hindi lamang pala kayo magkasintahan at... may nangyari na. Iyan ang dahilan kung bakit masigasig kang malapit sa aming pamilya. At ang torpeng batang iyan ay sunod-sunuran sa iyo... Puwes, nakahanda akong tumbasan ng salapi ang lahat. —Humugot sa kanyang kartera ng mga salaping papel. —Hayan, tatlong libo?...

—Don Horacio....

—Apat?... Lima?...

Unti-unting pinagdimlan ng paningin si Carmen dahil sa pamumuo ng luha sa kanyang mga mata. Ang salaping inihahalayhay ng matandang yaon ay tila talim ng balaraw sa kanyang dibdib. Pinagtiim na lamang ang bagang, unti-unting sumulak ang kanyang dugo...

—Don Horacio... Ano ang palagay ninyo sa akin? Mukhang salapi?

—Sukat na ang pagpapakunwari, Carmen, —ang tila pauyam na tugon na hindi man nilingon ang dalaga at patuloy ang matandang lalaki sa pagbilang. —Alam ko ang layon mo kay Roberto... Kaya't ako na ang magsasakripisyo sa kahangalan ng aking anak. Hayan, tanggapin mo... Sampung libo!

—Sampung libo!... Sampung libong... halaga ng aking kapurihan!... Inaakala kaya ninyong may kayamanang maaaring pumantay sa karangalan at buhay ng isang tao?...

—Wala akong magagawa... Naganap na ang iyong pagkakamali... Nariyan ang iyong kabayaran sa... sa karangalang sinasabi mo... —at paaglahi pang napangiti. —Si Roberto'y may pangalan sa sosyedad... Hindi ko mapapayagang pakasal sa iyo na isang... isang....

—Utang na loob, Don Horacio, huwag ninyong piliting makalimot ako sa inyong katandaan. Buhat pa kangina'y pawang paghamak at pagdusta na lamang ang aking naririnig. Hindi na kayo nakutya sa inyong sarili na hindi magpitagan sa isang walang lakas na babaing katulad ko. Nguni't ito'y sarili kong pamamahay, Don Horacio, at ako ang makapangyarihan dito. Nariyan po ang pintuan...

—Ipinagtatabuyan mo ako?...

—Ang taong hindi marunong magpakatao ay dapat paalising tulad sa isang hayop...

Napadilat ang mata ni Don Horacio, kinuha ang bastong kamagong at hinawakang mahigpit. Hinihintay naman ni Carmen na siya'y pagbuhatan ng kamay, nguni't matapos ang ilang saglit na panggigigil at kapootan ay minasdan na lamang ni Don Horacio ng mga matang nag-aalab sa galit ang dalaga at saka paragasang umalis at ipininid ng malakas ang pinto.

Hindi makatinag sa pagkakahilig si Carmen sa gilid ng kanyang tokador. Gayon na lamang ang pamimigat ng kanyang dibdib. Hindi niya akalain na gayon ang isalubong sa kanya ni Don Horacio na ama ng kanyang binatang katipan. Tinutop ang dibdib at marahang nagtungo sa kanyang sopang pahingahan. Naupo dito at sinapo ang mukha ng dalawang palad. Napaiyak ang dalaga!....

—Senyorita... Senyorita... —ang malakas na tawag ni Belen na biglang napapasok nang marinig ang malakas na pagkakapinid ng pinto.

Hindi siya kumibo... Ipinagpatuloy ng dalaga ang pagluha upang gumaang ang kanyang dibdib. Hindi kaila kay Belen ang nangyari. Buhat sa kanugnog na silid ay dinig na dinig niya ang malakas na salita ng umalis na Don. Ayaw niyang lumabas at makihalo sa usapang yaon, sukat ang makinig na lamang at ihanda ang iinum ng kape ng kanyang panginoon.

Nang makita ni Belen si Carmen na marahang lumuluha, pati siya'y nahabag at nahambal. Marahan siyang lumapit sa nakaupo at paluhod na humawak sa tuhod ni Carmen.

—Senyorita.... —at sa mata ni Belen ay umagos ang luha.

—Narinig mo ang lahat, Belen, —ang marahang wika ni Carmen na nag-angat ng luhaang mukha. —Iyan ang pinakadakilang handog sa akin ni Roberto sa gabing ito ng aking pagtatagumpay... Ang iba'y naghandog ng magagandang bulaklak, siya'y isang matalim na sundang na itinarak sa aking dibdib!...

—Senyorita, ano po ang inyong gagawin?...

***Bawa't Buhay Ng Artista Ay Tampulan Ng Hinala, Nguni't Sila'y May Dangal Ding Hindi Dapat Na Masira.***

Pinahiran ang luha sa kanyang mata at pisngi na nabasa sa pag-iyak at saka marahang tumindig. Nagtungo sa harap ng nakabukas na durungawan, tumingala sa langit at saka bumuntong hininga. Sa buong buhay ni Carmen Morales, —ang kasintahan sa puting tabing, ang maya sa pag-awit, ay ngayon lamang siya nakaranas ng gayong kabiguan. Nakaluhod si Belen sa tabi ng sopa nguni't minamasdan ang kanyang panginoon sa tabi ng durungawan.

—Senyorita...

Unti-unting pumihit si Carmen na nag-uulap ang mukha Wala na ang luha sa kanyang mga mata. Napagpakuan ng tingin ay ang talaksan ng salaping papel na iniwan ng matanda sa munting mesang bilog sa gitna ng silid. Matagal na pinagmasdan na sa labi'y nakaipit ang isang mapait na ngiti.

—Salapi!.... kabayaran ng aking puri at dangal!... —Ang buong pagdaramdam na inusal. Pinagtiim ang bagang, nabadha ang galit sa kanyang mukha, nag-alab ang apoy sa kanyang mga mata...

Napasubsob si Belen sa sopa at umiyak....

—Belen, huwag mo muna akong tangisan... Hindi pa naman lubos ang aking pagkasawi...

Matuling nagtungo sa tabi ng kanyang tokador, hinaltak ang isang makapal na "houri-coat" na may dalawang mukha. Ang damit na yaong galing pa sa Tsina ay may nakaburdang isang malaki at mabagsik na dragon sa likuran. Bihira niyang isuot yaon sa gabi, nguni't sinadya ni Carmen na sa kanyang sadya'y lalo siyang maging marilag at marangya.

Nagbalik si Carmen sa mesa, sinaklot ang salaping papel, inilagay ng walang patumangga sa kanyang magandang hand bag at saka nagtungo sa pintuan.

—Senyorita... Saan kayo pupunta?... —ang malakas na habol ni Belen. —Sasamahan ko kayo....


—Huwag na, Belen. Dumito ka at hintayin mo ako...

—Ano po ang inyong gagawin?... Baka... Diyos ko!...

Nguni't ang dalaga ay nasa la-

(Sundan sa pahina 39)






Approved by the Bureau of Public School, (BULLETIN No. 30, s. 1951)

# TULONG SA MGA GURO AT NAG-AARAL ng buhay ni Dr. JOSE RIZAL

INIHANDA NI EMMA MARIA CRISTINA




## Ang Wikang Tagalog At Si Andres Bonifacio

Ni ARTURO GARCIA
*Superbisor sa mga Paaralang Pribado*

*Sinasabing si Bonifacio ay kilala hindi lamang sa kanyang pagiging Ama ng Katipunan kundi gayon din sa kanyang pagmamahal sa wikang Tagalog. Basahin natin ang sumusunod na kuwento:*

Sabado ng umaga. Sa silid aralan, sa tahanan nina aling Nena, ay abalang-abala ang magkapatid na Pepe at Leonor. Si Pepe ay nasa-ikatlong baytang ng haiskul at si Leonor naman ay nasa huling baytang ng mababang paaralan. Tinutulungan ni Pepe si Leonor sa pagsulat ng gawaing-bahay nang si aling Nena ay dumating buhat sa pamilihan.

"Pepe, Leonor..." ang tawag ni aling Nena sa dalawang bata, "abutin ninyo itong mga dala ko."

Iniwanan ng dalawang tinawag ang kanilang mga aklat, lapis, papel at iba pang mga kagamitang pampaaralan sa ibabaw ng hapag at sumalubong sa bagong dating.

Nang mapansin ni aling Nena na hanggang sa pagluluto ng kanilang pananghalian ay laging may pinagtatalunan ang dalawa niyang anak ay nagtanong ng ganito:

"Bakit parang may kagalitan kayong dalawa, ha?"

"Si kuya po eh," ang simula ni Leonor.

"Ay ano?" ang sunod na tanong ni aling Nena.

"Hindi po Inay," ang salo agad ni Pepe. "Wala po kaming pinagkakagalitan. Hindi po lamang maniwala sa akin si Leonor na si Banifacio ay manunulat din. Akala niya ay sa Katipunan lamang kilala si Bonifacio. Tingnan niyo ang simulat na *theme* ni Leonor. Hindi po ba, Inay, si Bonifacio ay makata pa sa Tagalog?"

Si aling Nena, sapagka't guro at kung kaya lamang tumigil sa pagtuturo ay dahil sa panghihina ng kanyang katawan, ay hindi nakatiis at nagpaliwanag agad:

"Alam ninyo, nang itatag nina Bonifacio ang Katipunan, ay nagkaroon sila ng pahayagang kung tawagin ay *Kalayaan*. Si Bonifacio ay maraming nasulat sa babasahing ito. Siya ang may-akda ng *Ang Dapat Mabatid Nang Mga Tagalog. Manga Aral na Gagawin nang manga Katipunan nang manga Anak Nang Bayan* at ng *Katapusang Hibik Nang Pilipinas*. Siya rin ang gumawa ng kauna-unahang salin sa Tagalog ng *Mi Ultimo Adios* ni Rizal, na kanyang pinamagatang *Pag-ibig sa Tinubuan Lupa*. Ang pangalang ginamit niya sa pagsulat ay *Maypagasa*. Anupa't tama si Pepe, Leonor, kung sabihin niyang si Bonifacio ay makata't manunulat din."

"Kita mo na" ang buong pagmamalaking sinabi ni Pepe sa kanyang kapatid.

Hindi na kumibo si Leonor. Siya man ay natutuwa sapagka't nagkaroon siya ng karagdagang alam tungkol kay Bonifacio.

"Mabubuo ko na ngayon ang aking susulatin para sa Lunes," ang nasisiyahang wika ni Leonor sa kanyang sarili.

At ang mag-iina, si aling Nena, Pepe at Leonor ay masasayang nagpatuloy sa kanilang pagluluto ng pananghalian.


### TALASALITAAN:

abalang-abala — very busy
gawaing-bahay — homework
pagsisi —act of blaming someone
pag-uusisa — inquiry

### MGA TANONG:

1. Ano ang sinabi ni Pepe kay Leonor tungkol kay Bonifacio?
2. Ano naman ang paliwanag ni aling Nena.
3. Patunayang si Bonifacio ay makata't manunulat din.
4. Isaysay ang iba pa ninyong nalalaman tungkol sa ating bayani.

# PAARALAN



Ang Lingguhang ito ay may Kapahintulutan ng Kawanihan ng mga Paaralang Bayan, (BULLETIN No. 30, s. 1951)

## PAG-AARAL NG TULA

Inihanda ni E. MAR. ANTONIO
(*Naging Guro Sa Paaralang Bayan*)

Ito'y isang halimbawa na si Kristo ang nagsulit
sa Kaniyang pangangaral sa narimlang mga isip:
—Hayun,—anya,—masdan ninyo ang ulirang manghahasik
na may punlang isasabog sa binungkal niyang bukid;
bawa't binhing ibinutsay na sa bato napahagis
ay tinangay lang ng hangin at nalanta lang sa init.

Sa gilid ng linang naman, bawa't binhing napasaboy
ay hayop ang kumakai't tumutuka'y mga ibon;
subali't ang mga punla na sa linang napaukol
at buhaghag namang lupa ang dito ay nagsitabon,
nagsitubo itong kusa, lumabay ang mga dahon,
nangamunga nang sagana, nagsilusog at yumabong.

Ang butil ng karununga't magagandang simulain,
hindi pala tumutubo sa di-linang na damdamin;
itanim na gintong aral sa may isip na mahangin,
ay aral na lumilipad sa matayog na hangarin;
nguni't dunong na ipunla sa may banal na loobin,
karunungang yumayabong na ang bunga'y dangal, giting.

PANTULONG NA MGA TANONG:

1. Ano ang kahulugan ng Manghahasik?
2. Bakit hindi nagsitubo ang mga binhing napahasik sa kabatuhan?
3. Ano naman ang nangyari sa mga binhing napasabog sa gilid ng mga linang?

**TALASALITAAN—VOCABULARY**

Ang Manghahasik—**The Sower**
binhi—**seed**
simulain—**principle**
dangal—**honor**



Isang pulutong ng mga batang nag-aaral sa San Pablo Elementary School, San Pablo City, Laguna, na nasa ilalim ng pamamahala ni Gng. Nasareth, guro sa Wikang Pambansa. Sa pagtuturo ng Tagalog ay BULAKLAK ang kanilang ginagamit na may pagpapatibay ng Kawanihan ng mga Paaralang Bayan.

## KAWIKAANG TAGALOG

Inihanda ni VITO C. SANTOS

### (TAGALOG IDIOMS)

(*Mananaliksik-wika, Surián ng Wikang Pambansa*)

APDO, (*bile, gall.*) *A selfish person.* Apdung-apdo ang kanyang tiyuhin. *His uncle is very selfish.*

1. apdo sa loob, (*bile inside.*)
   (a) *against the will.* Apdo sa kalooban niya ang pagkapag-asawa ng kanyang anak na babae. *The marriage of the daughter was against his will.*
2. uminom ng apdo, (*to drink anything bitter.*)
   (a) *suffer ill treatment, e.g., a wife from a husband.* Kung ibig mong uminom ng apdo, ay siya ang ibigin mo. If you like to suffer, you love him.

APOY, (*fire.*) *A person characteristically fast or speedy in action.* Si Kid Moro'y apoy sa suntukan. *Kid Moro is a fast boxer.*

1. apuyán, (*to set on fire.*)
   (a) *to incite one to anger.* Inapuyan nila si Juan upang hamunin si Berto. *They incited Juan to challenge Berto. Same meaning is expressed in* ginatungan, (*which see*).
2. kinain ng apoy, (*devoured by fire.*)
   (a) *was burned completely; reduced to ashes.* Ang bahay nila'y kinain ng apoy kahapon. *Their house was burned yesterday.* (*Cf.* nauwi sa abo, *reduced to ashes.*)
3. maghapong walang apoy sa kalan, (*no fire in the stove the whole day.*)
   (a) *did not eat the whole day. Said of poor families particularly.* Maghapong wa'ang apoy sa kalan nina Aling Teria. *Aling Teria's family did not eat the whole day.*
4. *has a high fever.* Nag-aapoy ang katawan, (*the body is very hot.*)
   (a) *has a high fever.* Nag-aapoy ang katawan niya nang dumating sa bahay. *He had a high fever when he arrived home.* (*Cf.* mataas ang lagnat, *whit a high fever.*)
5. naglalaro ng apoy, (*playing with fire.*)
   (a) *said of a women who is not faithful to her espouse.* Hindi ko akalaing siya'y naglalaro ng apoy. *I never thought that she is unfaithful to her husband.*
   (b) *Sometimes the phrase is also used in referring to men engaged in shady business.* Malaki ang kinikita ng taong iyon, pagka't naglalaro ng apoy. *That man has a big income because he is engaged in shady business.*
6. kumakain ng apoy, (*eat fire.*)
   (a) *brave; lion-hearted. Often used in referring to a man who is ruthlessly brave.* Maraming natatakot sa kanya, pagka't kilala siyang kumakain ng apoy. *Many are afraid of him because they know him to be ruthlessly brave.*
7. pagsugba sa apoy, (*plunging into the fire.*)
   (a) *intentionally dragging self to do a thing he knew to be dangerous.* Ang pagtakas sa bilangguan ay pagsugba sa apoy. *To stage a jailbreak is suicide.*

(MAY KARUGTONG)



Sinulat ni AMELIA M. ARCEGA

# Huling ALAALA KAY ANDRES (TOGO) SOLOMON

Ika 3 ng Nobyembre nuon.

Nang umagang iyon ay masayang-masaya si Togo at isinayaw sayaw pa ang kanyang asawa, at sinabing:

—Ebeng, ako na ang maghahatid sa mga bata sa eskuwela at tutuloy na ako sa istudyo pagka't kukunan daw kami ng larawan para sa kalendaryo.

—Ikaw ang bahala at umuwi ka sana agad at nang makapagpahinga ka, —ang masintahing wika pa ni Ebeng

Anupa't bago umal's si Togo ay nilagdaan pa ng halik ang pisngi ng asawa.

Kaya't anumang palatandaan na ito'y may dinaramdam ay walang napansin si Nieves. Mangyari ay talagang ganuon ang ugali ni Togo. Maalalahanin, mapagmahal at napakamasayang tao.

Matapos ihatid ang kanyang mga anak sa kolehiyong pinapasukan ay nagtuloy na agad sa istudyo ng LVN. Pumapasok pa lamang siya sa bakuran ng nasabing istudyo ay masayang masaya na siya. Agad pang biniro ang ilang kaibigang nasalubong sa daan.

Nang dumating ang ika 12 ng tangahil ay nagpaalam at sinab.ng uuwi muna siya. Wala namang napansin ang kanyang mga kabigan ng pagbabago sa katauhan ni Togo. Alalaong baga'y maáaring nagsisikip ang kanyang dibdib nang mga sandaling yaon Pati na ang kanyang kumpareng Nano ay wala ring napansin sa kanya.

—Kung napuna ko bang nagsisikip ang kanyang dibdib sana'y ako na ang naghatid sa kanya sa ospital, —ang wika pa ni Pugo nang kausapin ko siya.

Anupa't dumating si Togo sa kanilang tahanan sa G. Tuazon, Balik-Balik, Sampaloc. Pagdating na pagdating niya ay agad idinaing kay Ebeng ang paninikip ng kanyang dibdib.

—Hagurin mo lamang sana ang aking dibdib at hindi ako makahinga, —ang wika pa ni Togo.

Palibhasa'y talaga namang madalas sumpungin si Togo ng gayong pakiramdam kung minsan kung kaya nasanay na rin naman si Nieves.

Hinagod niya ang dibdib ni Togo at ang sabi pa: Baka naman nagugutom ka lamang, ang mabuti ay kumain ka na muna.

—Hindi naman ako nagugutom, at saka walang anuman ito, maáalis din ito maya-maya.

Nang makita ng asawa na hindi nagbabago ang kalagayan ng asawa ay minarapat nang dalhin sa ospital. Nguni't hiniling ni Togong makita at makausap ang kanyang mga anak.

—Nararamdaman ko, na ako'y mamámatay na. Nalalapit na ang aking wakas. Nais ko sanang makita ang ating mga anak...

—Huwag kang magsalita ng ganyan... hindi ka pa kukunin ng Maykapal... Kailangan ka pa namin ng mga anak mo... lakasan mo sana ang iyong loob... ang lumuluha nang bigkas ni Nieves.

—Diyos ko... ang namulas sa mga labi ni Togo. —Kung kukunin mo rin lamang ako ay huwag mo na ákong pahirapan pa... Buong puso akong sasama sa inyo kung sadyang kailangan na ninyo ako...

Nasa sasakyan pa lamang si Togo ay napansin na ng kanyang maybahay na hindi na ito makakilala. Ayaw nang magsalita...

Nang idating si Togo sa ospital ay agad linapatan ng kaukulang lunas. Nang mga sandaling yaon ay naroon na si Pugo at inaalam kung ano ang lagay ng kanyang kumpare. Mahal na mahal sa kanya si Togo kung kaya ang bawa't saglit na lumipas ay kanyang pinakikiramdaman.

—Duktor. Kumusta ang lagay niya? —ang tanong ni Pugo sa manggagamot na tumingin...

Umiling-iling ang manggagamot at sinabing wala na siyang magagawa. Patay na si Togo.

Napahagulgol ng panangis si Gng. Nieves Solomon. Napahagulgol din si Pugo. Talagang napakasakit sa kan lang damdamin ang pagkamatay ni Togo. Ganap na ika 2 ng hapon nang pumanaw





Ang mga larawang ito ay makikita sa pelikulang "Dalawang Sundalong Kanin" ng LVN Pictures na siyang kahuli-hulihang pelikula ni Andres Togo Solomon. Ang pelikulang ito ang magsisilbing ala-ala sa lahat niyang tagahanga. Kaya't minsan pa ninyong makikita si Togo sa aninong gumagalaw sa pinakahuli niya ng pelikulang Dalawang Sundalong Kanin.



si Togo upang makipiling na kay Bathala.

ANUPA'T ang mga katangiang ipinamalas ni Togo nang nabubuhay pa ay hindi na maari pang malimutan ng kanyang kabiyak ng dibdib. Ang pagmamahal na iniukol sa kanyang mag-anak ni Togo ay wala nang makakatulad. Sa buong buhay niya ay sinikap ni Togong mapaligaya ang kanyang maybahay at gayon d n ang kanyang mga supling, at mga kaibigan at gayon din ang mga kamag-anak. Ayaw niyang may masabi sa kanya.

Habang isinasalaysay sa akin ni Gng. Nieves Virray ni Solomon ang ulat hinggil sa buhay ng yumaong si Togo ay halos magkabuhol ang kanyang pagh nga. Walang tila sa pagluha ang kanyang mga matang pinamumugto sa matinding pagdaramdam. At sino ang hindi malulunos sa kalagayang kanilang sinapit. Kailan ba lamang kasamasama niya ang kanyang kabiyak ng dibdib. Kailan ba lamang sila nagsasalo. Kailan ba lamang sila dumalo sa kaarawan ng butihing si donya Sisang yaon, oo yaon ang kahuli-hulihang pagdalo ni Togo sa kasayahan na walang ibang kasama kundi ang kanyang mabait na asawa.

Ngun't ngayon, nasaan ang mapagmahal na si Togo? Wala na, nagbalik na sa kanyang p'nagmulan. Ganap nang nagpahinga, umalis na upang kailan man ay huwag nang magbalik.

Si Andres Togo Solomon ay yumao noong ika 3 ng Nobyembre ng taong 1952. Ang kanyang bangkay ay nalalagak sa libingan ng Norte. Subali't sa kanyang kinaroroonan ay sinubaybayan niya ang kanyang butihing maybahay at ang mga anak.

## May Umaga Pang Darating

(Buhat sa pahina 39)

tapunan niya ng tanaw, bawa't palamuting nakasabit sa mga pintuan at durungawan, ay nagpapakilala ng kasaganaan at kayamanan ng may-ari. Pinagtiim na lamang ni Carmen ang kanyang ngipin at saka bumuntong hininga. Ito ang tahanang ipinagkait sa kanya ng ama ni Roberto. Akala nga marahil ng matandang Don ay ito, —ang kasaganaan at kayamanang ito,—ang ikinarahuyo niya upang ibigin ang kanilang kaisa-isang anak...

Dahandahan siyang pumasok. Sa tabi ng maluwang na pintuang lagusan upang tumungo sa lalong maharlikang bulwagan ng mga panauhin ay doon siya huminto. Buhat sa siwang ng isang kurtinang nakasabit sa pintuan ay minasdan niya ang nasa salas. Naruon nga si Roberto na kapiling ng isang magandang dalagang may makabagong gayak at putol ang buhok, kausap pa ng tatlong lalaking halos kasinggulang din niya, at nagtatagayan ng kopa ng alak... Naruon din si Don Horacio at si Donya Concha, mga magulang ng binata na may kausap ding matatanda. Isang magandang dalaga ang nakahilig sa sopa at nagpapausok ng isang sigarilyong nasa dulo ng isang mahabang pipa...

—Roberto, —ang narinig niyang tawag ng ina. —Ika-sampung kopita na iyan ah...

—Ang mama... —ang nakatawang balita ng binata sa kanyang kapiling na dalaga. —Nag-aalalang baka ako malasing... Bakit?... Hindi ba dapat ipagsayang lubos ang gabing ito, Gilda? —At kinawit ng bisig ang baywang ng katabing dalaga. —Malapit na tayong ikasal, hindi ba?

—Oo nga... —pangiting tugon ng katabi na magiliw na kinuha sa binata ang kopita ng alak at inilagay sa kaharap na mesitang mababa. —Ang pag-aalaala ng mama ay para rin sa iyong kabutihan... Lasing ka na?

—Hindi ako malalasing kailan man at kapiling kita, Gilda.—At anyo sanang hahagkan, nguni't sa pagpitlag ni Gilda ay nahagisan ng tanaw si Carmen na noon ay walang imik na nakatayo sa bungad ng pinto.

—Mama... may tao... —ang sigaw ni Gilda.

Lahat ng mata'y napabaling kay Carmen na noon ay hindi umiimik at nagmamasid sa kanilang lahat.

—Carmen!... —ang pagiklang tawag ni Roberto.

—Ano ang kahulugan ng kapangahasang ito?—Tugon ng ina ni Roberto na sinilip pa si Carmen sa ilalim ng kanyang makapal na salamin sa mata.

Hindi rin kumibo si Carmen, marahan, nguni't matatag siyang lumapit kay Roberto. Hindi niya pinansin ang maraming matang nakatitig at sumusuri sa kanyang pagdating.

—Roberto... sa pagkakataong ito'y...

—Bakit ka pa naparito?... —ang tila payamot na wika ng binata na hindi maitunghay ang mukha sa dalaga.

—Huwag mo akong tanungin ng ganyan, Roberto... —pasumamong wika ni Carmen.

Biglang nagtindig si Don Horacio at saka malakas na nagsalita.

—Ano pa ang kailangan mo sa aking anak?...

Hindi niya pinansin ang galit na yaon ng matandang Don. Si Roberto pa rin ang inaasahan niyang magiging timbulan na sasagip sa kanya sa mga sandaling yaon.

—Naparito ako, Roberto, upang alamin sa iyo ang lahat... Ngayon, higit kailan man, kailangan ko ang iyong pagtingin. Ibig kong magpakalalaki ka ngayon sa mga isinumpa mo sa akin! —at sa kanyang mata'y sumungaw ang luha.

—Anong kahibangan ang sinasabi niyan, Roberto? —ang usisa ng matandang ina.

—Kung kahibangang matuturingan ang lumuhog sa kanya, —tugon ni Carmen, —ay nagkakamali kayo... Inibig ko ang inyong anak, ipinagkatiwala ko sa kanya ang lalong dakilang hiyas ng isang babae, ang kanyang puri at dangal, hinihiling kong tupdin naman niya ang kanyang pangako.

—Pangako?—malakas na wika ng ina, —pangako sa isang artistang katulad mo?

—Napakahamak naman yata ang pagkakatingin ninyo sa aming mga artista...

—Eh ano, hindi ba tutoo?...—pahamong sabad ni Gilda.

—At ibig mong sabihin ay...

—Huwag kang sumagot, at hindi ka kausap... —malakas na wika ni Carmen na siyang ikinatigil ni Gilda. At pagkatapos ay saka hinarap ang matandang babaing ina ni Roberto.—Huwag po, huwag ninyong hamakin ang mga artistang katulad ko. Ang pagaartista'y isang marangal na hanapbuhay bagama't naliligid ng kung anu-anong hinala ang kanilang karangalan. Naparito ako sa inyo upang malaman ko lamang sa bibig ni Roberto ang lahat kung...

—Ang nakaraan natin ay pangkaraniwan lamang sa aking buhay at... hindi ko mapapanagutan. Hindi ko masusuway ang kagustuhan ng aking magulang.

—Ang ibig mong sabihin ay hindi mo pinananagutan ang pangalan ng iyong magiging anak? —pahingal na tanong ni Carmen.

—Binayaran na ng aking ama ang kalayaan ko sa iyo, hindi ba?...

Umakyat halos sa ulo ni Carmen ang lahat niyang dugo sa katawan... Napaurong ng bahagya... Nangatal ang kanyang mga laman nguni't nag-apoy ang kanyang mga mata.

—Wala kang bait ni bahagyang dangal!... Mabuti pang sa hayup ko naiukol ang pagtingin ko sa iyo't marunong pang tumanaw ng utang na loob. Sayang at wala akong salapi upang ikaw naman ang tawaran ko't bilhin sa iyong mga magulang...

—Kararahan ka ng pagsasalita... —ang banta ni Don Horacio na ibig lumapit, nguni't pinigil ng asawa. —Ibig mong sabihin ay mabibili rin kami ng salapi.

Nanungaw ang luha sa kanyang

(Sundan sa pahina 66)


*Tiki-Tiki* **MANUEL ZAMORA**

*Ang nagpagaling sa Beri-Beri ng aking sanggol!*



*Ang aking sanggol na si Herminio ay may infantile Beri-Beri. Pinainom ko siya ng Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora. Ngayon siya'y malakas at malusog, ganap ng magaling ang kanyang Beri-Beri.*

*Cristina Lugo Redula*
(Mrs.) Cristina L. Redula

**TIKI-TIKI EXTRACT Manuel Zamora**



Ang Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora ay isang mabisang pampalusog na sagana sa Bitamina B complex, ito'y sumasansala at lumulunas sa Beri-Beri, diuresis at anemia; tumutulong sa pagtunaw ng kinain at sumusugpo sa nagsisimulang pagkatuyo. Ito'y isang ligtas na panlunas sa mga karamdamang nagpapahina. Ang nagdadalang-tao o nagpapasusong mga ina at mga bata ay kailangang uminom ng mataas na uring pampalusog na ito.

**SALAPING GANTIMPALA**

Isulat ang tunay ninyong karanasan tungkol sa Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora sa 50 salita at ilakip ang larawan at ang polyetong nakabalot sa bawat botelya. Kung mapili at malathala, kayo'y tatanggap ng salaping gantimpala.

**Farmacia Manuel Zamora**
928 R. Hidalgo



LUNG DISEASES

**DR. TOMAS G. ESTRADA**

Asthma and Tuberculosis
Chronic Cold and Other Respiratory Diseases
X-Ray—Fluoroscopy

Home Clinic:
666 Sta. Mesa Boulevard
7:30—10:00 A.M.
2:00— 4:00 P.M.
Res: Tel. 6-61-81

Down Town Clinic:
102 Villalobos corner Echague
10:30—12:00 A.M.
4:30— 7:00 P.M.
Office: Tel. 3-83-75



# Dalisay... masagana... Purico'y maraming nailuluto!




## "Purico pinakamatipid sa kawali!"




Natalos at nasubok na sa lahat ng uri ng kalan! Kaya't sa isang pagsusuri ay sinabi ng mga maybahay, "Purico'y maraming nailuluto!" Agad 'nyong matatalos na ang malakremang Purico ay matipid, "matapat" na mantika, sa paikpik na pagkakasilid nito sa carton. Kaya't ipangluto ang Purico, inyong makikita ang katipiran sa kawali... masdan ang dalisay, masaganang Purico na nakaluluto ng napakaraming pagkain.

At ang katangiang taglay ng Purico ay tunay na nagbibigay lasa at sarap sa pagkain! Katotohana'y **ang pagkain ay sing inam lamang ng mantikang inyong ginagamit!** Kaya't sa kadalisayan at kasaganaan... at tipid... gumamit ng Purico sa bawa't pagkain.



**Ani Purita:**

IGIIT ANG PURICO SA CARTON

***Matipid! Malinis! Sariwa!***


P-52-4




## DONYA TEODORA ALONSO

Ang butihin at ulirang ina ng walang kamatayang bayani ng lahing Kayumanggi, si Dr. Jose Rizal. Isinilang nuong 1826 sa Meisik Maynila. Namatay dahil sa katandaan nuong ika-16 ng Agosto ng 1911.—(Basahin ang talambuhay sa Pahina 70).

(Sa kagandahang loob ng FILIPINIANA, Philippine Library)







**ANG SAGISAG NA OPISYAL AT ANG KAPITOLYO NG LALAWIGAN NG LA UNION**
**MAMAMAYAN: 254,000 — LAWAK NG LUPAIN: [illegible] KILOMETRONG PARISUKAT**

**KAHULUGAN:** Sa itaas ay isang tanawin sa daungan ng La Union [illegible] sagisag ng maunlad na Pangingisda ng lalawigan. Ang nasa ibaba ay nahahati sa dalawang bahagi [illegible] sa kaliwa ay isang [illegible] sa habihan na sagisag ng industriya sa paghahabi ng lalawigan at sa kanan ay isang araro, [illegible] ng tanim na tabako. Sinasagisag nito ang kayamanan sa Pagsasaka at ang kaunlaran ng tabako sa lalawigan. Na gitna ay ang malaking gusaling panlalawigan na nakatayo sa mataas na pook at [illegible] Pangulong Bayan ng San Fernando at mga nayon sa paligid. Sa laso sa ibaba ay ang kasabihang: "NASA PAGKAKAISA ANG LAKAS."

(Sa kagandahang loob ng Philippine Heraldry Committee)






# MGA NAG-AARAL SA IBA'T IBANG PAARALAN NA TINUTURUAN NG TAGALOG














(1) Mga nag-aaral sa Lukban Elementary School. **Makikita sa larawan** (gitna) si Bb. Pilar Sario, Prinsipal, gayundin ang mga guro sa Wikang Pambansa na sina Gng. Lourdes Abulog, G. Ramon Salvatus, G. Monico Venzuela at G. Moises Abulog. (2) Isang malaking pangkat ng mga nagsisipag-aral sa Atimonan Elementary School, sa Atimonan, Quezon. Ang tumpak na pagsulat at pagbigkas ng Tagalog ay itinuturo ng mga gurong sina G. R Escasia, Isidro Satarain, Gng. Asuncion Escasia, Gng. Maura Lising, Gng. Nena Altamira, Gng. Remedios Uri, Bb. Rosario Castro, G. Cesar Diaz, Ernesto Altanor at Jaime Pasamba. (3) Mga batang nag-aaral sa Central East Elementary School, sa Kabanatuan, Nuweba Esiha. Ang mga batang ito na ginagamit na sanggunian ang **BULAKLAK** sa pag-aaral ng tagalog, ay nasa ilalim ng pagtuturo nina Gng. Sotera E. Balaira at Gng. Rosalina T. Perez. (4) Ang makapal na mga nagsisipag-aral na ito sa "Luis Palad High School" sa Tayabas, Quezon, ay gumagamit din ng **BULAKLAK** sa klase sa Wikang Pambansa. Ang kanilang mga tagapagturo ay sina Gng. Anacoreta A. Glinaga, Bb. Eufrosina S. Orbe, at G. Teofilo B. Baldobino, si G. David Riola, Prinsipal ay nasa gitna, unang hanay. (5) Pulutong ng mga tinuturuan sa Lucena Elementary School, sa Lucena, Quezon. Ang mga guro nila sa Tagalog ay sina Gng. Pilar Licasa, Gng. Bebencia Meranio, Gng. Loreta Sadan, Bb. Apolonia Lavida, Gng. J. Magsalin at Gng. Salazar. (6) Isa pang pangkat ng mga nag-aaral sa Candelaria Elementary School, Candelaria, Quezon, na sa pag-aaral nila ay ginagamit ang pitak na pampaaralan, suplemento ng mga bayani, mga makasaysayang sagisag, Kasaysayan ng Pilipinas, at iba pang tala sa babasahing **BULAKLAK**. Makikita sa larawan ang kanilang mga guro na sina Gng. Melicia Toralba, Juanita Maglaran, G. C. Garcia, G. D. Umali at Bb. L. Mia.





TIGER LILY

**MAGTANIM NG TIGER LILY AT PAGANDAHIN ANG INYONG BULAKLAKAN**

[illegible] TIGER LILY [illegible] ang mga [illegible] nito ay may mga patak-patak na itim [illegible] talampakan. Namumulaklak [illegible] [illegible] ng patak-patak na itim. Ang binhi nito ay [illegible] sa lupa. [illegible] malagay sa pook na lilim upang ang mga [illegible] ay [illegible] ng mga kulay ay mainam ilagay sa kuwadro at magandang [illegible]

# NANG MAHAWI ANG LANDAS

MAIKLING NOBELANG TAPOS

ni FRANCISCO M. VASQUES

NAGMAMANMAN si detektib Fausto Villegas nang mapansing sa nakahintong "jeep" at naghihintay ng paghudyat ng pulis trapiko, ay may isang magandang babaing ibig manaog nguni't pinipigilan ng isang malaking lalaki. Nagkaruon ng hinala si Fausto. Mabuti na lamang at nakakapit siya sa "jeep" na yaon bago mabilis na nakatakbo.

—Ihinto ninyo... —lumuluhang sigaw ng babae, —pahintuin ninyo, mama, —si Fausto ang kinakausap.

—Para, —ang mabalasik na utos sa tsuper.

—Isige mo, —pasigaw namang utos sa tsuper ng lalaking may pigil sa bisig ng babae. —At sino ka ba? —ang baling naman sa detektib.

Kaya lamang inihinto ng tsuper ay nang sabihin ni Fausto na alagad siya ng batas. Sa gayo'y mabilis na nagtalon sa sasakyan ang lalaking yaon upang umiwas sa nagbabantang panganib.

Hahabulin sana ni Fausto ang lalaking mabilis na kumarimot ng takbo nguni't pinigil siya ng babaing halos manginig sa malaking takot.

—Ihatid na lamang ninyo ako sa amin. —pakiusap kay Fausto. —Mamang pulis.

—Hindi na ba kayo magrereklamo?

—Hindi na po. Maraming salamat sa inyong pagdalo. Sa ibang araw na.

Si Masing bagama't malapit na sa kanyang ikatatlumpung taong gulang, nguni't masisinag pa rin ang kanyang katutubong ganda nang yumaon niyang kabataan.

Hindi lamang sa atas ng tungkulin. kundi sapagka't nagkaruon na rin ng loob si Fausto kaya bago niya inihatid ay nagpakilala muna siya saka nag-usisa sa bagay na kanyang ipinag-aagamagam.

—Baka magalit ang asawa mo kung ihatid kita.

—Wala hung magagalit —nakangiti na ng bahagya ang mapupulang labi ni Masing. — Wala akong asawa. Natatakot lamang akong mag-isang lumakad. Baka na naman ako sundan ng hayop na yaon.

—Nguni't sino ba ang lalaking yaon? Bakit hindi mo siya isakdal?

—Natatakot ako sa kanya.

Isang matanda nang ina ni Masing ang dinatnan sa isang munting bahay nila sa Gagalangin. Ipinakilala ni Masing ang detektib Fausto Villegas na siyang nagligtas sa muntik na namang pagkakariwara niya sa kamay ni Porong. Nakikinig lamang si Fausto sa pagsasalaysay ni Masing sa kanyang ina.

—Kalalabas ko lamang hu, sa simbahan ng Kiyapo, —ang simula ni Masing, —nang walang anuano'y inakbayan ako ni Porong at itinutok sa akin ang baril na nasa bulsa ng kanyang pantalon. Sa pagkalito ko'y napilit pasakayin sa isang "-jeep"- na walang laman. Salamat sa maagang pagsaklolo ni Mr. Villegas.

Biglang sumigaw si Aling Rita. —Iyan ang sinasabi ko sa iyo. Maluwat na kitang pinauuwi sa



MAY KINALAMAN, FAUSTO, ANG TAONG YAON SA MADILIM KONG KAHAPON. SIYA ANG LUMIKHA NG MALUPIT NA KASAWIAN SA AKING BUHAY. SI PORONG ANG AMA NG WALANG MALAY NA SI NITA.

mga tiya mo. Napakatigas ng iyong ulo.

Sumagot si Fausto. —kung kailangan n nyong pag-usigin ang taong yaon ay makatutulong ako sa inyo.

—Huwag na po. —pahinagpis na tugon ng matanda. —Mapanganib po ang taong yaon. Baka lamang lalong lumubha ang paghihiganti sa kanya ni Porong.

Hindi na naman nag-usisa ang detektib, nguni't kinuha niya ang buong pangalan ng lalaking kinatatakutan ng mag-ina.

—Aalis na ako, Masing. —may kahulugan ang titig ni Fausto, —ano man ang kailangan mo'y magsadya ka lamang sa himpilan namin sa daang San Marcelino.

—Salamat hu, Mr. Villegas. —kumakaba ang dibdib ni Masing. —Hindi ko maáaring malimot ang nagawa ninyo sa akin.

—Nguni't Masing, —bumubulong si Fausto. —Matutuwa na ako kung hindi ka man magpasalamat subali't alisin mo na naman ang pamumupo mo sa akin. Sa gayo'y lalong magiging palagay ang loob ko sa iyo.

—Baka magselos ang asawa mo, e. —at napahalakhak si Masing.

—Diyan ka nagkamali.

—Ku, kayo bang mga pulis, —at napa'smid siya nang bahagya. —kaliwa't kanan.

May sasabihin pa sana si Fausto nguni't naalala niyang baka hanapin siya ng tenyente sa pook na pinagtalagahan sa kanya, kaya't nuon di'y magalang na nagpaalam sa mag-ina.

Kinabukasan. Naghahanda na si Masing sa pagbabakasyon sa kanyang mga Tiya Terya sa Kabanatuan. Natatakot siyang muling dalawin ni Porong. Malaki ang takot ni Masing kay Porong. Ang Porong na yaon ang nagwasak ng kagandahan ng kanyang hinaharap. Gayunma'y naniniwala siya na sa pagkikilala nila ni Fausto Villegas ay matutupad din ang kanyang nilulunggating paghihiganti.

Sinalubong ng buong lugod ni Aling Terya ang kanyang pamangkin na maraming dalang pasalubong.

—Si Nita, tiyang, —ang unang usisa ni Masing.

—Nasa eskuwela pa. Darating na siya marahil. Tuwang-tuwa nga nang mabasa ang sulat mong magbabakasiyon ka rito, e.

—Mataba hu ba si Nita?

—Naku, napakaganda ngayon ng anak mo, Masing. Mapipidongmapipidido sa pagiging Elena. Pati ako'y napupuyat sa pagsunod kung saan-saang baryo. Mabilog na mabilog siya ngayon.

—Siyenga hu ba?—at bahagya nang napangiti si Masing.

—At saka, alam mo ipinakikiusap sa akin na ibig daw niyang sa iyo na pumisan at nang sa Maynila na makapagpatuloy ng pag-aaral.

—Naku, huwag po, tiyang, —at hinila ni Masing si Aling Terya sa isang sulok ng bahay. —Nalalaman na ninyo na hindi ko ibig makilala ni Nita ang kanyang ama.

—Nguni't hindi ba kayo'y nagpalipat-lipat na nga ng bahay sa Maynila?

—Opo, nguni't nitong mga huling araw ay natunton din ni Porong. Inaamuki akong makisama sa kanya at ipakilala ko sa kanya ang aming anak.

—Naku, —at napalakas ang tinig ni Aling Terya. —Huwag kang papayag sa kontrabandistang iyan. Napagtiisan mo na rin lamang ang labing dalawang taon, magtiis ka na, anak, hanggang sa siya'y mamatay.

At isinalaysay ni Masing kung papaano siya muntik nang madagit ni Porong.

—Salamat sa isang detektib, tiyang at ako'y naligtas. Kung hindi, hindi na marahil tayo magkikita pa. Talagang magpapakamatay na ako, tiyang.

Nagambala ang pag-uusap nila nang dumating si Nita. Tigas na tuwa ng bata nang makita ang kanyang ina. Napaluha si Masing samantalang pinupupog ng halik ang kanyang anak na may ilan nang buwang hindi nakikita. Ibinigay ng ina ang kanyang mga pasalubong na damit, at mga pagkain. Walang malaman si Nita sa pagsusukat sa apat na bestidong may iba't ibang tabas.

Walang anu-ano'y biglang natigilan si Nita. Sandaling nag-isip, at. . .

—Maalaala ko pala, lola, nariyan sa ibaba si Lito. Mayron daw siyang sasabihin.

—Aba, e, bakit mo hindi pinapanhik! —at dumungaw ang matanda.

—Aba, Lito, halika, sino ba ang kinahihiyan mo rito?

—Si Lito ay kamag-aaral ni Nita sa unang baytang ng haiskul. Nasa kabilang looban ang bahay nina Lito.

—Ito ang nanay ko, Lito, —pakilala ni Nita. —Maganda ang nanay ko, ano Lito? —at hinagkan ni Nita ang ina.

—Oo, katulad mo rin.

Napatawa si Masing sa pag-uusap ng dalawang bata.

—Mabuti't maisasama mo sila mamaya sa amin,—patuloy ni Lito.

—A, siyenga pala, —ang pamanghang wika naman ni Aling Terya. —paruruon tayo mamaya kina Lito.

—Ano ho, mayruon sa kanila, Tiyang?

—Laglag-luksa ukol sa kanyang ina.

—E, di sasabihin ko hong paruruon kayo. Diyan ka na Nita. —Isama mo ang nanay mo, hane. Me rosario-kantada, e.

Ika-8 pa lamang ng gabi'y bihis na ang tatlo nina Aling Terya. Ibig na ibig na makapakinig ng Rosario Kantada ni Masing. Noong siya'y dalaga pa'y naging mang-aawit din siya sa simbahan, kaya ibig niyang makarinig ng Rosario Kantada.

Sa gitna ng karamihan ng mga panauhin ay sila pala ang hinihintay ni Lito sa may tarangkahan. Kapagdaka'y hinawakan sa kamay ang kamag-aaral niyang si Nita.

—Halikayo, Nita. Naririto ang tatay ko, e, —at hinila ang dalagita, kasunod naman sina Aling Terya at si Masing.

Nguni't biglang napahinto ng paglakad si Masing. Sa paano'y nakita niyang ang nakangiting sumalubong sa kanila'y si detektib Fausto Villegas.

—Ito ang tatay ko Nita. Bihira lamang siyang umuwi rito sa atin kaya hindi mo siya nakikilala, e.




Raspa, Apendicitis, Luslos, Bukol o Tumor, Matris, Almuranas
TIYAK NA WALANG SAKIT! Sumusuri sa Dugo at Rayos-X
OPERASYON
DR. E. AUSTRIA
734 Ongpin, Manila
9:00-12:00 A.M.; 6:00-7:00 P.M.
LIBRE Konsulta sa mahirap. Miyerkoles at Biyernes
Tonsil, Pistula, Pilas, Apdo, Bato, Sikmura, Bituka, Buto Atbp.

Ngunı't madaling lumapit ang ama ni Lito sa natitigilang si Masing. —Fausto, —ang marahang naibulong ni Masing.

—Bakit ka nar.to? —may halong pagkagulat na tanong ni Fausto· —Ikaw ba ang sinasabing ina ng kamag-aaral ni Lito?

Tumangong nakangiti si Masing, at saka malugod na ip'nakilala sa kanyang tiya Terya.

—Sila, Tiyang ang sinasabi ko sa inyong detektib na nagligtas sa akin nang ako'y ib'g itakas ni Porong.

—A, si Fausto ba? Talagang magaling na bata iyan,—ang papuri ng matanda.

—Hindi po namarı, —ang parang nahihiyang pagtanggi ng detektib. —S.ya, tuloy kayo, —at inakbayan ni Fausto si Masing na noo'y bagay din naman ang suot na bestido sa kanyang kagandahan.

Ipinakilala ni Fausto si Masing sa kanyang mga kapat'd, kamaganak at mga kinumparing dumalo sa babang-luksang yaon ng kanyang yumaong maybahay. Nuon pa'y lumaganap na ang bulungbulungan at lihim na tuksuhan na: "malilimot na ang umalis upang alalahanin ang darating." Sa paano'y alagang-alaga ni Fausto si Masing at mga kasama lalo na si Nita.

Nang matapos ang Rosario Kantadang patungkol sa kaluluwa ng yumao, isinunod ang masaganang salu-salo. Sa pagkakainang ito'y lalong napansin ang nakahihigit na pag-aalaga ni Fausto kay Masing kaysa ibang mga panauhin· Napapahiya na tuloy si Masing sa mga taong nagpapako ng tingin sa kanila ni Fausto. Nang dumalang ang tao, nagpaalam na si Aling Terya. Aayaw pa sanang pahintulutan ni Fausto kundi dinahilan ng matanda na pagod si Masing sa paglalakbay.

Kinabukasan, hindi pa halos naililigpit ang mga ginamit sa handaan ng sinundang gabi, si Fausto'y panauhin na ni Masing sa tahanan ng kanyang mga Ale. Tinanggap naman s'ya't pinakiharapang mabuti ng pamangkin ni Aling Terya.

—Kay aga mo naman, Fausto, —ang unang biro ni Masing.

—Hindi ako nakatulog kagabi, e, —at napatawa ang detektib.

—Pinagmultuhan ka marah'l, ng asawa mo, —at napahagikgik ng tawa si Masing·

—Ang lumipas na isang taó'y sapat na upang hindi niya ako pagmultuhan.

Ilang saglit na naghari ang katahim'kan. Nakatungo nuon si Fausto.

—Mamayang hapon, —ang walang anu-ano'y naibuka sa mga labi ng detektib, —ay babalik na ako sa Maynila. Hanggang kailan ka ba rito?

—Magtatagal marahil. Katulad ng batid mo'y may kinatatakutan akong tao sa Mayn'la.

—Kung isisiwalat mo lamang sa akin ang dahil ng pagkatakot mo kay Porong, manalig kang matutulungan kita sa abot ng aking kaya.

Nagbuntong-hiniga si Masing. Pinapanlabo ng maninipis na luha ang kanyang mga mata.

—May kinalaman, Fausto, ang taong yaon sa madilim kong kahapon. Siya ang lumikha ng malupit na kasawian sa aking buhay. Si Porong ang ama ng aking walang malay na si Nita.

Isiniwalat ni Masing kung paano siya inagaw ni Porong, may labing tatlong taon na ang nakalilipas, sa tulong ng kanyang pinamumunuang pangkat.

—Dinala nila ako sa bundok, —lumuluhang patuloy ng babae. —Salamat at ako'y nakatakas din sa tulong ng isang babaing katulad ko ring itinakas at pinagsamantalahan ni Porong sa pamamagitan ng dahas.

—Itinago ako ng mga kamaganak ko sa Bisaya, —at pinahid ang kanyang luha.—Doon ko iniluwal si Nita. Limang taon na siya nang ako'y magbalik sa Maynila. Napasok akong kawani sa isang bahay-kalakal hanggang sa makapag-aral ang kaisa-isang bunga ng aking kasawian.

—Gayon pala, —ang hadlang ni Fausto. —Bakit mo pa pinigil ang pagdakip ko kay Porong nang muling tangkaing itakas ka niya?

—Sapagka't nalalaman kong makawawala rin lamang siya. Napakaluwag ang mga batas natin. Kung siya'y makapaglagak, hindi niya ako titigilan hanggang sa muling malaglag sa kanyang mga kamay.


—Sayang, —at napapalatak si Fausto, —sa mga bagong batas natin ngayon ay hindi na pinahi-

**BATACLAN**

Beauty Salon ◇ Drug Store ◇ Dental Clinic

13-A (Lerma) España, Tagiliran ng Far Eastern University

# Sa Pagpapatayo Ng Bahay Ay Kailangan Ang Lupa...



*Pagsasalitaan sa gitna ng napag-kainan, hagdanang yari sa "marble", isang pipang kasisindi lamang, isang pasong kristal na puno ng mga bulaklak, isang munting bakuran na nagsisilbing pananggalang . . . bunga ng pananalig, salapi , mga kapasiyahan sa Bagong Taon, mga pangarap, at pag-ibig... ang mga bagay na ito ay bumubuo ng isang tahanan... at higit pa!*

## SA KABUTIHANG PALAD, SA SANTA MESA HEIGHTS, "ANG KAUNTING SALAPI AY LUPA ANG SUKLI"

**Ang pag-ıbig ay hindi ninyo maaaring ibalot sa "cellophane" at ilagay sa ilalim ng "Christmas tree". Upang maipamalas ito ay kailangan ninyo ang isang tunay na handog—tulad ng paunang bayad sa lupa. Ang lupa ay isang puhunan para sa kapanatagan—isang handog na patuloy sa pagbibigay. Ang Santa Mesa Heights ay naghahandog ng maginhawang pamumuhay sa lalawigan na karatig ng lunsod, madaling mararating at madaling matatamo sa magaang paraang hulugan.**

**Gregorio Araneta, Inc.**

343 Echague — Tel. 3-29-41

Fausto. —Si Porong ito, hindi ba? Nguni't bakit Rogelio de la Riva ang ibinigay na pangalan? Hindi bale. Makita mo't mabibitay ang taong iyan.

—Salamat, —at noon lamang napangiti si Masing. —Nguni't — at hinawakan ni Masing sa bisig si Fausto at saka inilapit ang bibig sa tainga ng detektib. —Kailangan pa bang makilala ni Nita ang kanyang Ama?

—Huwag, huwag mong gagawin yaon, Masing, —pasigaw na wika ni Fausto. —Huwag mong bigyan ng maulap na alalahanin ang hinaharap ng bata.

Dadalawang linggo lamang ang lumipas, at isang pahayagan ang dala ni Fausto kay Masing.

—Nariyan ang hinihintay mong simula ng maganda kong hinaharap.

Tinutunghayan ni Masing ang pahayagan, subali't ang nasa isip ay ang hindi niya maunawaang sinabi ni Fausto. Datapuwa't nanggipuspus din siya nang makita sa larawan na umiiyak si Porong sa loob ng pinaglitisang hukuman. Ang naging hatol kay Porong at sa babaing dumukot kay Nita ay ang bitayin sa silya electrika.

—Ngayon, Masing, —nakikiusap ang tinig ni Fausto.

—Anong ngayon? —at napatungo si Masing.

—Ano ngayon ang maisasagot mo sa una't huling liham ko sa iyo? Wala na si Porong sa ating landas.

Napatawa si Masing. Sinasagot si Fausto ng kanyang mapupungay na mga titig na ang hinihintay na kaligayahan ni Fausto ay napipinto na.

WAKAS

## AKING INA

(Buhat sa pahina 31)

na kumikilala sa pagkawalang sala ng isang takas na kriminal at ni Pedrong Maton.

—Diyos na maawain... —Ang nasambitla ni Mercedes na napalapit kay Danilo na noon naman ay maputlang maputlang nagmamalas sa radyo. —Dan... Dan...

—Oo, Mercedes... Narinig ko...

Marahang pinihit ang susian ng radyo upang ipinid... Nagsisikip ang kanyang dibdib. Malalaking butil ng pawis ang sumipot sa kanyang noo. Nagtungo sa durungawan at saka huminga ng malalim...

—Dan, —ang lapit sa kanya ni Mercedes na sinundan siya sa bintana... —Namatay daw si Don Federico.

—Iyan ang balita sa radyo, Mercedes, nguni't...

—Kung gayon, wala nang uusig sa iyo, ano?... Binanggit ang kanyang pagtatapat, ikaw at si...

—Mercedes... —at minasdan ng binata ang matandang ina na tila tuluyan nang natahimik at naidlip matapos dumaing ng sakit ng dibdib.

—Nguni't, Dan... Bakit, mukhang balisang balisa ka?... Sa halip na ikaw ay mapayapa dahil sa pagkasawi ng taong umuusig sa iyo, ay...

—Natupad din niya ang malaon na naming pinangarap... —ang tila wala sa loob na salita. —Siya ang nagtagumpay, tinubos niya ng buhay ang aming kalayaan...

—Dan, anong luha iyan? —pansin ni Mercedes na nakatitig sa mukha ng binata na unti-unting nahihilam sa luha.

—Halika, halika rito sa balkon... —At kinawit ang bisig ng dalaga at sila'y nagtungo sa kalapit na pintuan.


—Dan, hindi kita maunawaan... Bakit ka nagkakaganyan...

Pagdating nila sa balkon, si Danilo'y biglang napaupo sa isang likmuan, tinutop ang mukha ng dalawang palad at saka napahikbi....

—Pedro, anong buti mo sa akin...

—Dan, —at napakapit si Mercedes sa bisig ng binata.

—Mercedes, ngayon mo matatatap ang lahat... — at minasdang may luha sa mata ang dala-



**Bb. NORMA P. TORRES**
Ang maganda't mayuming dilag na nagdiwang ng kanyang maluwalhating kaarawan noong nakaraang Nobiyembre 22. Maligayang bati, Norma. M.J.J.





Isang tagpo ito sa pelikulang "TEXAS" (ang manok na nagsasalita) na likha ng SAMPAGUITA PICTURES. Pinangungunahan nina Pancho Magalona at Linda Estrella. Direksiyon ni Armando Garces. Sa larawan ay mapapansin ninyong nag-aaway sina Pancho at Martin Marfil. Nakamasid si Linda Estrella. Kasama ang ilang ekstra.



Si Boy Francisco at Corazon Rivas sa pelikulang "Sawa Sa Lumang Simborio ng PPremiere Productions. Ang karamihan ng mga tagpo sa pelikulang ito ay kuha sa Sta. Maria, Ilocos Sur. Ang nagsisiganap ng mga pangunahing papel ay sina Jose Padilla, Jr. at Anita Linda sa ilalim ng pamamahala ni direktor Gerardo de Leon. Kasalukuyang itinatanghal sa sine LIFE.

gang kaharap. —Sa hardin, noong alisin natin ang takip sa mata ng iyong tiya, natatandaan mo bang inabutan mo akong nakahandusay sa tama ng isang malakas na suntok sa pangá?...

—Oo, bakit?...

—Ang taong sumuntok sa akin ay si Pedro, si Pedrong Maton. Pinilit ko siyang magbalik dito, at nang inyong makilala. Tumanggi siya at nang ayaw kong bitiwan ay sinuntok niya ako... At nagunita mo ba ang lalaking nasa dilim nang ihatid natin sa tabi ng bintana ang iyong ale upang ipatanaw sa lalaking iyon? Ang lalaking ang sabi mo nga'y kumaway pa sa akin, hindi ba?...

—Oo, Dan...

—Iyan ay si Pedro din... si Pedrong Maton. At narinig mo sa radyo na siya ang natagpuang bangkay, kamamatay lamang kangina?

—Oo Dan...



Ang Lupon ng mga Gobernador ng RFC nang ipinagpaparangalan sa kanila ang Kyowa-Engelberg Rice Huller-Polisher sa bulwagan ng Pacific Star, Inc., 1004 R. Hidalgo, Kiyapo. Buhat sa hanay sa unahan: Inhenyero ng PACSTAR, Pangulong Placido Mapa, Tagapamahalang Panlahat ng PACSTAR George H. Wegwitz, at mga Gobernador Lino J. Castillejo at Carlos Rivilla. Dumalo sa pagpaparangalan nguni't hindi nakasama sa larawan sina Gobernador Eugenio Ealdama at Ludovico Hidrosollo.

—Ngayon ako naniwala sa lukso ng dugo at sa lipad ng ala-ala. Mercedes, kangina, kang'na nang payapa kang bumabasa ay biglang sumakit ang dibdib ng iyong tiya, parang sinaksak ang kanyang puso hindi ba?

—Oo, at sinabi niya sa aking tila nakarinig siya ng bulong na kanyang ikinatulig at siyang nagpasikip ng kanyang dibdib.

—Sapagka't nang mga sandaling yaon si Pedrong Maton ay naghihingalo. Kaipala nang mga saglit na yaon, si Pedro'y walang huling gunita kungdi ang iyong tiya Salud.

—At bakit magkakagayon, Dan?...

—Mercedes, si Pedrong Maton, ang kilabot na kriminal noong araw ay walang iba kung di ang iyong pinsang buo, ang anak ng iyong tiya Salud, si Danilo Adriatiko!...

—Diyos na maawain!... —ang pahingal na wika ni Mercedes. —Tutoo ba ang sinabi mo sa akin, Dan?

—Oo... Kabilinbilinan sa akin na huwag kong sabihin sa inyo ang bagay na ito. Na maghihintay siya ng pagkakataon hanggang hindi natutupad ang kanyang paghihiganti sa taong naglubog sa kanya sa kasalanan, sa taong nagpasok sa amin sa bilangguan upang matakpan lamang ang sarili niyang kabuhungan. Kinausap ko siya sa hardin, ibig lamang daw niyang malaman kung nagbalik na ang liwanag sa mata ng kanyang ina. Ipatanaw lamang daw sa kanya... At siya nga nating ginawa... Ngayon, tinubos niya ng buhay ang paghihiganti... Kaawa-awang Danilo!...

Hindi makaimik si Mercedes...

—Ngayon, wala nang nalalabi sa akin kungdi ipagpatuloy ang ating balak na pagdadaos ng kasayahan, at pagkatapos ng lahat ay saka natin sabihin sa iyong tiya ang tunay na katotohanan...

—Dan, lalong nagtumibay ang aking pagtingin at paghanga sa iyo... Sa ginawa mong pag-iingat sa lihim ng aking pinsan, sa kabila ng kanyang inabot na kasawian sa lipunan, ay ikaw, ikaw ang tumubos sa aming pangalan, ikaw ang nagbigay ng karangalan sa ala-ala ni Danilo. Kailanga ka na ngayong magpatuloy...

—Mercedes, ang ala-ala sa isang kaibigang yumao ay napaka-dakila sa akin... Ayoko nang magdalawang mukha... Kung ako'y maáari pang mabuhay sa mundong ito, ibig ko ang aking sariling pangalan na hindi hiram sa iba... Tapus na ang aking tungkulin...

Sasagot pa sana si Mercedes, nguni't siyang pagkarinig niya ng tinig ng kanyang ale. Nagtin-

BAYANI INSTITUTE OF FASHION
1878 Juan Luna, 3 Raxabago (few blocks from Pritil Bridge)
Enrollment going on. Day and Night classes
DRESSMAKING — EMBROIDERY
See or write the directress — DR. BELEN C. BAYANI



Kuha ang larawang ito sa tahanan ng mga **PEREZ-VERA** sa Quezon City noong nakaraang kaarawan ni Dr. Perez. Makikita ang mga "BOSS" sa ngayon at sa binaharap ng **SAMPAGUITA PICTURES**. Kaliwa-pakanan: Gng. Azucena V. Perez kalong ang bunsong si Roberto. Georgina, Pepito, Marichu at ang mabait at simpatikong Dr. J. R. Perez.




Sa larawan ay mapapansin na kapuwa masaya at nangakangiting pumapanhik sa eroplano sina Hukom at Gng. Jose O. Vera. Nag-iwan sila ng mga ngiti ng kasiyahan sa lahat ng taga Sampaguita, na nakipaghatid sa kanilang pag-alis noong Setyembre 24, 1952.

dig si Dan.

—Tinatawag ka ng iyong Tiya Salud, Mercedes... —wika ni Dan.

—Ng iyong ina, Dan... —pagtutuwid ng dalaga na nakatingin sa binata. —It nalaga ng langit, Dan, na ikaw ang tumungkol sa tungkuling iniwan ng aking pinsan. Hindi ka na makatatanggi... Kaipala, sa kabilang buhay ay iyan din ang nais sa iyo ni Danilo... Kung hindi gayon, kaipala'y sumang-ayon siya sa iyo sa loob ng hardin at hindi niya inabot ang ganitong kasawian...

—Mercedes, saan ka naroon? —ang malakas na tawag na kanyang narinig.

Sabay pa silang nagbalik sa silid ng ina... Nakita nilang ito'y nakaupo at gising na gising.

—Tiya, may kailangan ba kayo?...

—Wala naman... —tugon ng matanda. —Para lang akong sinagilahan ng takot dito. Ako pala'y nakatulog ng ilang sandali... Bigla akong naalimpungatan sapagka't tila may isang lalaking lumapit sa akin at humalik sa aking noo, sabay ang salitang... "AKING INA...!"

Nagkatinginan si Dan at si Mercedes...

—Tinawag ko siya. —patuloy ng matanda. — Tinawag ko siyang anak ko... Nguni't... saka ako nagising... Nang lingunin ko, wala pala kayo ni Dan sa silid at ako'y nag-iisa lamang...

—At natakot na kayo, mama?... —tanong ni Dan.

—Oo, anak ko...

—Nangarap lang kayo, Mama... —ang wika ni Dan na lumapit sa ina at hinagkan sa noo.

—Oo nga... Nguni't para kong nakitang lumapit ka sa akin, Dan. Na... na... duguan ang iyong damit na tila galing sa isang pakikipag-away... Ang halik mo noon ay mainit, tila nagbaga ang aking noo, kaya't ako'y nagising...

—Kumusta po ang pagsisikip ng inyong dibdib, tiya...

—Naal's na, Mercedes. Malatang malata lamang ako...

—Ihahatid ko na kayo sa inyong hihigan. Hatinggabi na po ah...

—Ooo, mga anak... Dan, huwag kang lalayo sa akin... Nangangamba ako sa aking napanaginip na iyon... Baka magkatotoong ikaw ay...

—Huwag kayong mag-ala-ala, Mama...

Inihatid nila ang matanda sa kama at haos magkapanabay d'ng umalis ang dalawang magkasintahan sa silid....

—Ngayon, Mercedes, naniwala ka na sa akin?

—Dan, pati ako'y kinikilabutan sa sinabi ng Tiya...

—Iyan ay kaluluwa ni Danilo, Mercedes, na bago pumailanglang sa himpapawid ay dumalaw muna sa kanyang ina... Iyan ay halik sa noo ng isang anak na yumao...

—Sukat, sukat na, Dan... Baka hindi ako makatulog...

—Ito naman ang halik ng isang buhay na malapit na ring umalis.

—At saka hinagkan sa labi ni Dan ang giliw na katabi.

—Dan...

—Matulog ka na, Mercedes... Mamaya pa ako magpapahinga...

(ITUTULOY)

Abangan ang
Lalong Makapal at Lalong Magandang
TANGING BILANG NA PAMASKO
NG
B U L A K L A K



# Linggo ng KALINISAN



*Sinulat ni M. C. Icasiano*
Puno ng Sanidad, Lunsod ng Maynila

Sa isang patalastas (mensahe) na nanggaling sa Malakanyang tungkol sa pagdiriwang ng "Linggo ng Paglilinis," ay sinabi ng Kanyang Kamahalan, Pangulong Elpidio Quirino, na "ang kalinisan ay dapat maging bahagi ng ating buhay na ipakikilala sa gawa at ang pagiging malinis sa pamumuhay natin sa araw-araw, sa ating bahay, sa mga paggawaan at sa lahat ng pook, ay siyang unang hakbang upang panatilihin ang malakas at malusog na mamamayan na siyang kailangan upang maitatag ang isang malakas, malusog at matibay na Republika." Ang mga katagang ito ng ating Pangulo ay nagpapaliwanag ng kahulugan ng kalinisan sa atin, bilang mamamayan at sa buong bansa.


Ang kalinisan na ipinakikilala sa gawa ay siya ngang lalong mahalaga. Kung ang mga tao sa isang bahay ay malinis sa kanilang pamamahay at pag-uugali, ang bahay ng mga taong ito ay sapilitang magiging malinis din. At kung ang lahat ng mga pook ay tinitirahan ng mga taong may malilinis na paguugali, ang bansa na binubuo ng mga pook na yaon ay isang bansang malinis.

Ang kakulangan ng kalinisan sa isang pook ay hindi lamang dahil sa kakulangan sa paglilinis kung hindi lalong dahil sa masamang kaugalian ukol sa kalinisan ng mga naninirahan doon. Hanggang hindi naaalis ang kinagawian ng mga tao sa pagtatapon ng kanilang mga dumi o sukal sa paligid-ligid ng kanilang tahanan o sa loob ng bakuran ng kanyang kapit-bahay, o sa mga lansangan, ay hindi maaaring mapanatiling malinis ang mga lunsod o bayan, maglagay man ang Pamahalaan ng libu-libong tagapaglinis at tagahakot ng dumi. Ako'y marami nang nakitang mga lunsod na hinahakot ang mga sukal at dumi ng makalawa lamang sa loob ng isang linggo nguni't yaon ay may higit na kalinisan kaysa Maynila na ang sukal ay hinahakot araw-araw. Ang pagkakaiba lamang ay ang kinagawian sa kalinisan ng mga naninirahan.

Sa pagdiriwang ngayon ng "Linggo ng Paglilinis" ay kailangang gawin natin ang lahat ng ating magagawa kung papaano natin maitatanim sa puso at isipan ng ating mga mamamayan ang kahalagahan ng kalinisan at kung papaano maisasagawa ang napakahalagang bagay na ito. Ang kaugalian ng kalinisan ay madaling mapauunlad sa mga bata, nguni't maging sa mga matatanda ang kaugaliang ito ay mapauunlad din.

Ako'y nakakita sa ibang lupain ng mga batang nagaaral na isinisilid sa lukbutan ang mga balot na papel ng "candy", balat ng mani at iba pang mga dumi, sa halip na itapon sa lansangan, hanggang makasumpong sila ng basurahan upang doon itapon ang mga duming iniingatan sa kanilang lukbutan. Nakita ko ang mga Igorot sa Baguio na hindi ibig marumihan ang kanilang malilinis na lansangan, kaya't ang kanilang mga dumi o sukal ay itinatapon sa mga basurahang itinalaga sa mga lansangan. Ang mga magiting at kaibig-ibig na paguugaling yaon ay maaaring itanim at paunlarin sa lahat ng tao sa lahat ng pook.

Ipinagdiriwang natin ang "Linggo ng Paglilinis" upang ang kalinisan ay maitanim sa ating isipan at damdamin. Pamalagiin natin sa ating kalooban at isipan hanggang maging bahagi ng ating pamumuhay sa araw-araw. Bayaan nating ang mga Ina ng Tahanan ay turuan ang kanilang mga anak na maging malinis sa kanilang pag-uugali magmula pa sa kanilang kamusmusan. Bayaan nating ang mga paaralan natin ay humanap ng mabuting paraan sa pagtuturo ng kalinisan sa gawa upang maitanim sa isipan at damdamin ng mga bata, na yaon ay bahagi ng kanilang buhay maging sa labas ng paaralan. Tayong matatanda na, ay kailangang higpitan ang ating sarili na magawa ang lahat ng paraan upang maiwasan ang pagtatapon ng dumi o sukal sa alin mang pook maliban sa mga basurahan o sa mga pook na itinalaga upang pagtapunan ng dumi. Dapat nating malaman na kung papaano namumuhay ang tao sa isang pook ay doon nababatay ang kalinisan o karumihan ng nasabing pook. Ang katotohanan na hindi natin maaaring pasubalian ay ang "Kalinisan" ay isang kaparaanan ng pamumuhay.




KAKAIBANG-URI ... PANGKASALUKUYAN ... NAKATUTUWANG BASAHIN

ABANGAN ANG MAGAGANDANG KUWENTO AT NOBELANG KINULAYAN SA MANILA KLASIKS AT BULAKLAK KOMIKS!

## Dilim At Liwanag

(Buhat sa pahina 9)

inyo?

—Maáari ineng, nguni't hindi ko matitiyak sa iyo na siya ay aking makikita roon.

—Baka po sakali, —pasubali ng dalaga.

Ilang saglit pa ay nagpaalam na ang matandang lalaki.

Kinabukasan, hindi naman nagluwat at dumating ang matandang hinihintay ng dalaga at ibinigay nito ang sulat para kay Ruben.

Mataas na ang Araw nang datnin ng matanda ang kanyang bukid. Laban sa kanyang inaasahan ay inabot na si Ruben sa kanyang munting kubo at siya rin pala ay hinihintay nito.

—Ano po ang balita, ingkong? —may halong pananabik na salubong ng binata sa bagong dating.

—Mabuti naman. Naibigay ko kay Nora ang iyong sulat kahapong magdaan ako roon, at ngayong umaga ay ipinadala naman sa akin ito... —at ang sulat na padala ng dalaga ay ini-abot sa binata.

Dali-daling binuksan iyon at halos ay nanginginig ang mga kamay na binasa ang nilalaman.

"Ruben:—

"Hindi mo mai-aalis na ikaw ay kasuklaman ng iyong mga ka-nayon, sapagka't ikaw ay nasa panig ng mga taong nagpupunla ng lagim dito sa bayan. Maaaring ikaw ay hindi masama. nguni't dahil sa iyong karuwagan ay magiging masama ka na rin sa paniniwala ng mamámayan. Sinabi kong ikaw ay duwag, batay sa iyo na ring nagawa. Masasabi mo kayang katapangan ang umanib sa pangkat na iyan, dahil lamang sa iyong pagkasawi sa aking kapasiyahan. Diyan ka namali Ruben, kung ikaw lamang ay nagkaroon ng tapang at lakas ng loob, disin sana'y hindi nagkaroon ng batik ang iyong pangalan at pagkatao sa harap ng lipunan. Subali't ikaw ay hindi pa huli. May pagkakataon ka pang ipakilala ang iyong kagitingan.

"Natitiyak kong nauunawaan mo ang nais kong sabihin, sapagka't kapag hindi mo ito naunawaan, ay hindi mo na rin mauunawaan ang tunay na itinitibok ng iyong puso.

*Nora"*

Pagkaraan ng ilang sandaling pagbubulay-bulay sa mga huling talatang nilalaman ng liham ay gumuhit sa mukha ng binata ang ngiti ng kasiyahan.

Buhat nuon, si Nora ay wala nang ginawa kundi ang maghintay kay Ruben, sa paniniwalang sa sandaling tanggapin nito ang kanyang sulat ay babalik ito nang walang pagsala, nguni't ilang araw, linggo at buwan ang nakaraan ay hindi sumisipot ang binata. Ni maikling sulat ay hindi rin tumatanggap ang dalaga, kaya't ito ay tuluyan nang nawalan ng pag-asa.

Isang gabi, samantalang si Nora ay payapang nakahiga sa loob ng kanyang silid ay bigla na lamang siyang nagulantang sa malakas na putukan na hindi kalayuan sa kanilang bahay. Sa pagkakagulo ng mga tao, dahil sa pagkakasunog ng ilang bahay matapos ang putukan, ay napagalaman ni Norang ang pangkat ni Matang-Lawin ay muling pumasok sa nayon ng Malapit at matapos na makapangloob ay nanunog pa ng mga bahay. Sa pagkagulo ng isip ng dalaga dahil sa magkahalong takot at pag aalaala kay Ruben na inaasahan niyang kasama ng pangkat ay hindi nito namamalayang siya ay napaluhod sa harap ng munting altar sa loob ng kanyang silid.

Nasa gayong anyo ang dalaga, nang walang anu-ano ay bigla na lamang mabuksan ang dahon ng bintana, at nang lingunin ito ay namalas ng dalaga si Ruben na nanglilisik ang mga mata at hawak ng isang kamay ang nangingintab na baril. Sa tindi ng takot ng dalaga ay bigla na lamang nagdilim ang lahat sa kanyang paligid.

Nang muling mamulat ang mga mata ng dalaga, sa gilid ng kanyang kama ay biglang nakita niya si Ruben na nakangiti sa kanya.

—Ruben! —pagulat na wika ni Nora, —ikaw nga ba?

—Oo, Nora, ako nga, —masaya at malambing na sagot ng binata.

—Nguni't, —at hindi na naituloy ang sasabihin ng dalaga sapagka't tinakpan ng kamay ng binata ang bibig nito.

—Alam ko na, —ani Ruben. —Kangina ay natakot ka, sa pagaakalang ako ay may masamang hangad sa iyo, hindi ba? Nguni't ikaw naman ang namali. Nang tanggapin ko ang iyong sulat ay inisip ko na ang tumakas sa pangkat at umuwi rito, nguni't ako ay nahalata nila at tinalibaang mabuti. Dahil duon ay sinikap kong muling magkaroon sila ng tiwala sa akin hanggang sa ako nga ay isama nila ngayong gabi upang mangloob rito, nguni't sa aming pagtungo pa lamang dito ay nagawa ko na ang humiwalay sa kanila at sa halip na rito sa nayon ako magtungo ay nagtuloy ako sa hepe ng pulisya at sinabi ko roon ang mangyayari, kaya't kasama ako ng pangkat ng mga pulis na nagtungo rito at sa kabutihang palad ay natutop na lahat ang tauhan ni Matang-Lawin. Dahil sa nakita kong maliwanag ang ilaw dito, ang akala ko ay inakyat ka na rito ni Matang Lawin. Salamat at hindi ka naman pala naaano, lamang ay kinatakutan mo pa ako.

—Mangyari eh!, ang akala ko ay nalason ka na ng kasamaan, —wika ng dalagang sa mga labi ay namilaylay ang ngiti ng kasiyahan. —Naku, talaga namang nakapangingilabot ang pangkat ni Matang-Lawin.

—Buhat ngayon ay wala ka nang pangingilabutan. Si Matang-Lawin ay kasama ring nakukulong sa piitang-bayan.

Makalipas ang ilang saglit ay ibinilanggo sa mga bisig ng binata ang dalaga at sa mapupungay na mga mata ni Nora ay nasinag ni Ruben ang liwanag ng bagong umaga.

**WAKAS**




## Ang Magandang Lihim

(Buhat sa pahina 5)

lan pa nagagalit ay saka hindi naririnig ang pagsasalita. Siya ang babaing ang sama ng loob ay nalilimot sa pagtitimpi. Siya ang ba-



baing naáaring makangiti samantalang nawawasak ang puso at nahihilam ang mata sa luha. Kung si Ema ay naging ibang babae, na ang pinakamahinang pagsasalita ay naririnig sa layo ng ikasampung bahay, o kaya'y kung siya ay katulad ng ilan na ang nangyayari sa ibang pook na kung hindi abot ng kanyang paningin ay nalalaman pa rin kahit hindi napapalathala sa pahayagan, sana'y ang mga pangyayari sa kanilang tahanan ay marami na ang nakaalam, sana'y ang kanilang tahanan ay malaon nang naging dulaan. Subali't si Ema ay matahimik, mahinahon at matimpi, mga katangiang ikinambal sa kanya ng katalagahan, na gayong kay daling matutuhan at maisagawa ay mahirap matutuhan ng maraming babae.

Anupa't ang mga dahong nangapigtal sa aklat ng buhay, sa halip na makatangay at makapagpalimot sa mga sama ng loob ay lalo pang nag-iwan ng masidhing kirot ng damdamin at sugat ng alaala, sapagka't lumitaw na ang mga hinala ni Ema na hindi pagtatapat ni Ruben ay hindi lamang hinala kundi may kulay na ng katotohanan. Nakita ni Ema si Ruben isang hapon na may kausap na magandang babae sa tapat ng isang restauran sa Kiyapo. Ang tagpong iyon ay napakahapdi. Gayunman ay hindi siya lumapit. Ang masidhing bugso ng panibugho ay inihibik na lamang sa pamamagitan ng pagluha. Hindi rin siya nag-usisa kay Ruben nang umuwi ito sa kinagabihan sapagka't ibinaling ang pag-iisip sa matuwid na hindi sapat ang pag-uusap ng isang lalaki at isang babae upang sa pamamagitan ng guniguni ay yariin agad ang isang pangyayaring hindi naman nangyayari.

Isang araw ay lalo nang naragdagan ang paninimdim ni Ema nang dumating ang nakatatandang kapatid na si Leticia. Hindi pa haos nakauupo ay pinaulanan na si Ema ng mga sunud-sunod na tanong.

—Wala ka bang napapansin kay Ruben? —Bungad ni Leticia.

—Wala naman, —pagkakailang sagot ni Ema at saka nagdugtong. —Bakit mo naitanong sa akin iyan?

—Aba, may kahinaan ka sa pakiramdaman.

—Talagang ako ay walang napapansin sa kanya. Umuuwi sa takdang oras na dapat idating sa bahay. —Patuloy na pagkakaila ni Ema.

—Anong umuuwi ng maaga? Kahapon lamang sa gabi ay nakita kong kumakain sa isang restauran.

—A, kahapon nga ay ginabi siya. Kaya pala hindi na kumain ng hapunan. —Kunwari ay pamaang na sagot ni Ema sa hangad na mailihim sa kapatid ang malaon nang paghihinala.

—Hindi ang pagkain niya sa restauran ang mahalagá. Ang pangyayaring siya ay may kasalong magandang babae ang siyang mahalagá.

—May kasalong magandang babae...

—Aba... ikaw pala ay walang kamalay-malay. Gayong naghihirap na kayo ay lalo pang mabubuwisit ang inyong kabuhayan. E, hindi ba naman kinukulangan ang salaping ibinibigay sa iyo tuwi siyang sasahod?

—Hindi naman. —Madaling sagot ni Ema sapagka't siyang katotohanan.

—Baka si Ruben ay nakaisip nang lumustay ng salapi sa kanilang tanggapan upang makasunod lamang sa anyaya ng kagandahan ng ibang babae. Hindi kakaunting lalaki ang nagdurusa sa loob ng bilangguan dahil sa hindi napaglabanang panunukso ng kagandahan. Ay...! naku...! Ema, talasan mo ang iyong pakiramdam. Sinabi ko na nga bang ako ay walang pagtitiwala sa kanyang kakisigan. Naiyan na ang mga pangyayari.

—Ano ang malay mo kung ang babaing iyon ay kawani rin sa tanggapang pinaglilingkuran niya na nagkataong nagyakag o niyakag na kumain? —Sagot pa rin ni Ema upang iligaw ang paninindigan ng kapatid.

—Maáari, nguni't pag ang isang babae ay napayakag o siya pang nagyakag sa lalaki ay asahan mong payayakag na rin kahit saan.

—Sa palagay ko'y hindi gagawa si Ruben ng gayon.

—Ganyan ang palagay mo, nguni't iba ang nangyayari kung kaya matutuhan mo ang pakikiramdam. Hanggang maaga ay sugpuin mo.

—Tatanungin ko siya. —Naisagot na lamang ni Ema upang masiyahan ang kapatid. Ang tutoo ay hindi siya makapagtanong sa asawa. Hindi niya nais na malaman ni Ruben ang kanyang mga hinala na ma-araw at magabi ay sanhi ng kanyang pagluha. At sakaling si Ruben ay nalulubalob na nga sa masamang hilig ay ano pa ang magagawa kundi magtiis alang-alang sa mga anak.

May ilang araw pa lamang ang nakalilipas sapul nang si Leticia ay dumalaw kay Ema ay walang anu-ano ay dumating naman ang isa pang kapatid.

—Palibhasa'y hindi ka umaalis sa loob ng bahay kung kaya hindi mo nalalaman kung ano ang nangyayari sa labas. —Bungad agad ng kapatid. —Kayo ba ni Ruben ay hindi nagkakasundo?

—Aba... maganda ang pagsasama namin. —Sagot ni Ema.

—Umuuwi ba siya araw-araw?

—Oo. Ikaanim lamang ng hapon ay narito na siya.

—Sa palagay ko ay hindi ka nagsasabi ng tutoo, Ema, sapagka't kahapon sa gabi ay nakita namin ni doktor si Ruben na sumakay sa isang taksi na may kasamang magandang babae. Nabanggit tuloy ng aking asawa na gayong kay liit lamang ang kinikita ay natutuhan pa ang pangingibig sa iba.

—Baka naman hindi si Ruben ang inyong nakita.

—Maáari ba namang kaming dalawa ay magkamali? E, anong oras ba nang siya ay umuwi kagabi?

—Bago mag-ikaanim ay narito na siya. —Pagsisinungaling ni Ema at sa pamamagitan ng mga pilit na ngiti ay napilit na mailihim sa kapatid ang suliraning malaon na niyang pinapasan sa buhay.

—Hindi ka nagsasabi ng tutoo. —Giit ng kapatid. —Nang makita namin si Ruben kahapon ay ikasiyam sa gabi. Ikaw ang bahala, sinasabi ko lamang sa iyo ang mga nalalaman ko. Kung sa bagay ay maano sa akin.

Anupa't sunud sunod na dagok ng pighati ang umabot kay Ema. Gayunman ay naáari pa rin siyang makangiti. Hindi pa rin siya nahalata ni Ruben na may lihim nang panibugho samantala'y patuloy si Ruben sa kanyang pagpapalalim sa gabi kung umuwi.

Isang araw ng linggo ay maagang nagbihis si Ruben. Ang pag-alis kung araw ng Linggo ay kailan man ay hindi ginagawa ni


# Fletcher's Castoria

*Ang laksante na sadyang ginawa para sa mga sanggol at mga bata . . . mga bata sa lahat ng gulang.*




GANAP NA MABISA!
MASARAP ANG LASA

Chas. H. Fletcher

ang orihinal at tunay na

CASTORIA



**FAMOUS FASHION INSTITUTE**

May pahintulot ng Pamahalaan
621 P. Paterno (Likod ng simbahan ng Kiyapo)

Kurso sa PANANAHI at PAGBUBURDA ang tanging inihahandog upang mabigyan nang wastong pagtuturo at hustong kasangkapan ang nagsisipagaral. Naghahandog ng tanging klase kung Sabado. May Klase sa Umaga, Hapon at Gabi. Makapagpapatala sa lahat ng araw. PANANAHI: ₱10.00 isang Buwan — PAGBUBURDA ₱10.00 isang Buwan. Ituturo ng walang bayad ang LADIES TAILORING sa mga mag-aaral ng PANANAHI.



**DR. V. T. SANTOS**

Ineksiyon para sa
TIYAN AT SIKMURA * RAYOS-X * ALMURANAS
R-210 Palomo Bldg., Azcarraga, Maynila
Oras: 9:00-12:00 n.u.; 3:00-6:00 n.h. Tel. 2-60-59



**DR. F. A. FIDELINO**

Mga dalubhasa sa PAGPAPAANAK na walang sakit, BOCIO, ILONG, LALAMUNAN, TONSIL, APENDICITIS, MATRIS, DAANAN NG IHI, LUSLOS, BALI NG BUTO, SAKIT NA LIHIM, BALAT, HIKA TUBERCULOSIS, (May Pneumothorax at Rayos-X) at mga BATA.
Klinika: R-318 Mercedes Bldg. Plaza Miranda, Quiapo, Tel. 3-33-26
Oras: 9-12 N.U. — 2:30-6:30 N.H. Tahanan: Tel. 6-80-46

Ruben, subali't nang araw na iyon ay tila may pupuntahan. Si Ema ay hindi na nakatiis. Sa magalit man o sa hindi si Ruben ay talagang nilakasan na ang loob upang mag-usisa. Nang si Ema ay lalapit na kay Ruben upang magtanong ay inunahan siya ni Ruben.

—Magbihis na kayo at balutin ang mga damit.—Ani Ruben.—Ang mga kasangkapan natin ay iwan natin sa may-ari nitong bahay.

—Saan tayo pupunta? —Pagtatakang tanong ni Ema at hindi na naituloy ang gagawing pag-uusisa.

—Lilipat tayo sa ibang bahay. —Sagot ni Ruben.

—Saan?

—A, huwag ka nang magtanong. Magmadali ka sa paghahanda at sa loob ng kalahat ng oras ay babalik akong may dalang sasakyan.

Si Ema ay sumunod naman nang makaalis si Ruben. Habang inihahanda niya ang mga balutan ng damit ay hindi lubos na maisip kung ano ang pumasok sa kaisipan ni Ruben at sila ay aalis gayong mura lamang naman ang ibinabayad nila sa bahay. Isa pa'y hindi man lamang binanggit ni Ruben ang balak na pag-alis.

Nang nakalipas ang kalahating oras ay dumating ang isang sasakyan at kapagdaka'y umalis matapos makipag-unawaan sa may-ari ng bahay.

Pagkaraan ng kalahating oras na paglalakbay ay tumigil ang sasakyan sa tapat ng isang bahay na kayayari lamang.

—Diyan tayo maninirahan sapul sa araw na ito. —Wika ni Ruben nang sila ay nakaibis na sa sasakyan.

—Ano ba ang nangyayari sa iyo —Pagtataka pa ring tanong ni Ema. —Kung sa tatlumpung piso sa isang buwan ay nahihirapan tayong magbayad ay diyan pa tayo mangungupahan?

—Ako ang bahala. —Sagot ni Ruben at saka niyakag si Ema at ang mga anak upang pumanhik.

—Marami nang kasangkapan dito kung kaya pinaiwan ko na sa iyo ang mga lumang silya natin. —Wika ni Ruben nang sila ay nasa bulwagan na.

Samantalang si Ema ay natitigilan pa ay siyang pagdating ng isang sasakyang may sakay na piano. Umibis ang isang magandang babae at tuluy-tuloy na pumanhik.

—Akala ko'y nauna pa ako sa inyo. —Wika ng bagong dating na babae. —Pinananagutan ko ang kahusayan ng pianong dala ko ngayon.

—Ipanhik na ninyo dito.

Si Ema ay patuloy sa panggigilalas, samantala'y sa sarili ay hinahangaan ang kagandahan ng bahay, ang kagandahan ng mga kasangkapan, lalo na ang piano.

—Ema, —wika ni Ruben nang mapansin niyang natitigilan pa. —ang bahay na ito ay sarili natin gayon din ang lupang kinatitirikan. Ang mga kasangkapang iyan ay atin din at bayad ng lahat. Iyan ang bunga ng hindi ko pag-uwing maaga sa loob ng tatlong taon, mangyari'y paglabas ko sa aking tanggapan ay naglilingkod pa ako sa ibang tanggapan hanggang ikasiyam ng gabi. Ang aking dalawang daang pisong sahod sa isang buwan ay naging apat na sapagka't napataas ako ng tungkulin. Ang karagdagan kong sahod at saka ang kinita ko kung gabi sa loob ng dalawang taon ay tinipon ko upang madulutan ka ng kasiyahan sa buhay. Marahil ay nabanggit sa iyo ng ate Leticia na nakita niya akong may kasalong babae sa isang restauran. Ang babaing iyon ay ang kaaalis lamang na siyang nagbili sa akin ng piano.

Si Ema ay hindi nakasagot kay Ruben. Sa sarili ay pinagsisihan ang kanyang mga hinala. Salamat at siya ay hindi nakapagtanong. Salamat at tinimpi na lamang niya ang mga sama ng loob. Ang pangyayari ay naging bukas na aklat na kinatunghayan pa niya ng mahalagang aral, na ang anumang bagay, na nalilihim ay hanggang hindi napapabilad ay hindi dapat na alamin.

WAKAS









## Sa Malayong Kabukiran

(Buhat sa pahina 7)

nilingon. Nakita kong mabilis din siyang nagtago. Sinundan pala niya ako ng tanaw.

Nang dumating ako sa bahay ay tatawa-tawa ang aking Kuya Pedro. Naunuwaan ko naman agad ang kanyang ibig sabihin sapagka't abot ng tanaw buhat doon ang tindahan nila Dela.

Nang sumunod pang mga araw. kung papaanong di ko nakakalimutan ang pamamasyal sa gitna ng bukid ay gayon din ang pagdalaw ko kina Dela. At kung hindi man namumutawi sa kanyang labi ang salitang Oo, ay nararamdaman ko namang nagkakaunawaan na ang aming mga puso.

Isang araw, magkaharap kami ni Kuya Pedro. Nakaupo kami sa dalawang tumba-tumbang kawayan sa kanilang balkon. Siya ang unang nagsalita:

—May napapansin ako sa iyo, Daniel. Tangi sa mabilis mong pagtaba kahit madalas kang mapuyat ay tila wiling-wili ka na rito! Nguni't... ang gusto ko ay ikaw nga naman ang magsabi sa akin ng napapansin mo rito!

Ang akala ko ay binibiro lamang ako ng aking pinsan sapagka't gayon ang madalas niyang gawin sa akin:

—Anu pa, e di... masarap ang bigas dito, masarap ang itlog at lalong masarap ang gatas na sariwa kung umaga...

—Hindi iyan ang dapat mong pag-ukulan, Daniel karaniwan iyan sa lahat ng pook na katulad nito.

May ibang ibig sabihin ang aking Kuya Pedro. Nabasa ko sa kanyang anyo ang malalim na palaisipan. Hiniling ko sa kanya na sabihin sa akin iyon. Ngun't kailangan daw malaman ko iyon nang hindi magbubuhat sa kanyang bibig. Nag-isip ako ng malalim bagaman natitiyak kong walang masama iyon ukol sa akin.

Buhat noo'y pinalawak ko ang aking pakiramdam. Pinag-ukulan ko ng pansin ang pamumuhay at kabuhayan ng mga taga roon: ang kanilang pagsasamahan at ang kanilang laging ginagamit na sangkap sa buhay. Noon ko napagwari ang lahat.

Pagkaraan ng ilang araw ay humarap na ako sa aking pinsan at sinabi ko ang lahat na aking napansin.

—Iyan!... —nasisiyahang turing agad ng aking Kuya Pedro.

—Nguni't bakit naman kayo ganoon? Parang nilalabanan ninyo ang sa iba? —tila panunumbat ko.

—Hindi naman gayon, Daniel. Alam mo, hindi lamang kami ang nakapapansin sa takbo ng ating kabuhayan ngayon... Kinikilala iyan ng ating pamahalaan! Kaya napagkaisahan naming mga tagarito na hangga't maáari ay... atin muna bago ang sa iba. Maáari nga bang hindi tayo aangkat? Wala naman tayo ng lahat ng ating kailangan.

Kahit na ako labis na nasiyahan sa paliwanag ng aking pinsan ay hindi ako nagpahalata sapagka't higit sa lahat ay ako ang kauna-unahang dapat mapahiya. Ako pa namang malapit nang tanghaling isang abugado.

---

Kahit na ang aking alaala ay nakatuon kay Dela, sa dilag na siyang nagpatibok sa pihikan kong puso, ang mga bagay na pinag-usapan namin ng aking Kuya Pedro ay di ko nakalimutang ibalita sa aking ama. Nguni't sa simula ay nagkaroon siya ng tumbalik na palagay:

—Karaniwan na iyan sa mga taga nayon, Daniel... —at saka sinabayan ng tila nag-uuyam na halakhak ng aking Papa.

Nabigla ako ng titig sa aking ama. Titig na larawan ng panunumbat at pagdaramdam. Mabuti na lamang at hindi sa akin nakaharap.

—Nguni't, papa, —nakuha ko pa ring malumanay na sagot — kung ang mga taga nayon ay nakagagawa ng gayon, inaakala kong lalong makabubuti sa ating bayan kung marami pa ang makakatulad nila...

Hindi agad tumugon ang aking ama. Naunawaan kong pinagukulan niya ng pansin ang aking huling kataga. Nag-alaala naman ako. Baka siya magalit sa akin. Hindi ko nais madulutan ng sama ng loob ang aking ama. Ilang sandali ring namagitan sa amin ang katahimikan. Nguni't sa huli'y nakita kong mahinahon siyang tumangu-tango at may ngiting larawan ng kasiyahan.

---

Dumating ang pinakamaligayang sandali sa aking pag-aaral. Ako'y nakatapos ng pag-aaral ng Batas. Ako ang nagkamit ng pinakamataas na karangalang ipinagkaloob ng aming paaralan. Bumigkas ako ng talumpati nguni't di ko nakalimutang banggitin ang kapuri-puring napansin ko sa nayon ng Magsimpan —sa kina Kuya Pedro. Hindi malagut-lagot na palakpakan ang isinukli sa akin ng madla; maraming papuri ang aking inani.

At...

Ilang araw lamang ang lumipas ay nasa kina Dela na ako na kasama ang aking ama:


—Naririto na ako, Dela upang tuparin ang...

—Nguni't maging marapat pa kaya sa isang abugado ang isang dalagang...

—Dela aking mahal, marami pa ang magiging abugado hanggang mayroong mga dalagang...

At naramdaman ni Dela ang aking pananabik na magkaroon na ng katapusan ang aming sumpaan.

WAKAS




**DRA. CELESTINA G. LIM-ESPIRITU**

Sakit ng Babae at Bata, Panganganak na walang sakit, (by trilene) Laging nakukunan at Hindi Maganak, Pigilin ang pag-aanak, Sirang regla, Masakit na pag-ihi, Almuranas, Tonsil na gagaling ng walang tistis, Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat, at nag-aalaga ng Bata.

**DR. DOROTEO C. ESPIRITU**

Nagtitistis ng iba't ibang sakit sa Bibig, Pilas, Pyorrhea, Dentatura, Maaaring bumunot ng ngipin sa bahay

**ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC**

364 Paz, Paco, Mga taga Hilaga! Sakyan ang "Pandacan" o "Sta. Ana" Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz.

## Marunong Palang Umibig
(Buhat sa pahina 21)

sila nagkakaalaman, sadyang naghihintay rin ng pagkakataong masarili si Roberto.

—Hindi ka ba nasasayahan ngayong gabi, Roberto? —nakatanaw noon sa malayo si Roberto na tila may iniisip.

—Ah, bakit hindi... —tuyot na tugon.

—Ano ang sa pagkakataong ito'y maitatangi mong sanhi ng iyong kasayahan, Roberto —usisa ng dalaga.

—Ang bulwagan, mga ilaw, at ang tugtog ng orkesta.

—Wala na bang iba? Ang pagdakila sa iyo ngayong gabi, ang pagtatangi sa iyo, ang paglulunggati ng ilan upang maging matalik kang kaibigan; ang kanilang....

—Bah... sukat ang pasalamatan ko ang lahat ng iyan, Merylin.

Hindi na pumakli si Merylin. Tumayo si Roberto at inaanyayahan ang dalaga na sumayaw. At, samantalang sila'y nagsasayaw sa saliw ng isang matamis na "waltz" ay malambing na nagtanong ang dalaga.

—Ngayon, Roberto, ngayon mo sabihin sa akin kung talagang wala kang masasabing sanhi ng iyong kasayahan.

Mabangung-mabango si Merylin, mapupungay ang kanyang mga mata, mapupula ang kanyang mga labi at ang malalambot na daliri ay nakabilanggo sa isang kamay ni Roberto.

—Ngayo'y lalo akong walang masasabi, —nagkaila si Roberto. (Pagka't ....wala ba siyang pakiramdam?)

Natapos ang sayawan.

Sa pag-uwi'y nagkasama-sama sa isang kotse sina Imelda, Merylin at Editha sa anyaya ng isang binatang kanilang kaibigan. Walang may nais magbuka ng bibig.

—Kay palad niyang si Roberto, ang ating Idolo —nasambit ng binatang kaibigan nila.

—Idolo?...Idolong pagkit, —pakli ni Imeldang wari'y nagdaramdam.

—Idolong atsoy,—tugon naman ni Edita.

—Idolong torpe! —katlo naman ni Merylin.

—Bah! Kayo lamang tatlo ang nakita kong isinayaw ni Roberto, kayo pa ang namimintas ngayon. Baka naman...

Naunawaan nila ang ibig tukuyin ng binata, kaya hindi na sila umimik.

x x x x

Lingid sa kaalaman ng tatlong dalagang kamag-aaral sa Pamantasan, si Roberto ay katulad din ng karaniwang binatang marunong umibig. Hindi nga lamang katulad ng pag-ibig ng mapupusok na binatang hindi nasisiyahan sa iisang kasintahan. Hindi siya mapagsamantala upang paluhain lamang ang isang babaing kalarawan ng kanyang ina.

Nuon ay naisanla na ni Roberto ang kanyang puso sa isa ring natatanging kariktan sa kanilang nayon, kay Mercedes. Naging matapat si Roberto sa kanyang kasintahan, kaya lagi siyang umiiwas na matukso ng iba pang dilag.

Isang umaga, araw ng Linggo, naisipan nina Editha, Merylin at Imelda na dumalaw sa tahanan nina Roberto sa pinakamasayang nayon sa Bulakan. Si Imelda ang nagmaneho ng awtong sinakyan nila.

Nagkataong nang umagang iyon, si Roberto ay nakasamang magsimba ng kanyang kasintahang si Mercedes. Kaya't ang kapatid niyang si Mario ang tumanggap sa tatlong dalaga.

Hindi naman nalaon at natanaw ni Mario na dumarating ang kanyang kapatid.

—Ow, hayun na pala sila, —wika ni Mario sa kanilang panauhin, nang makita niyang kakawit-bisig pa ni Roberto si Mercedes at kapuwa ito namumupol ng mga bulaklak sa malapit na hapilang patungo sa kanilang tahanan.

Buhat sa durungawan ay nakita nina Imelda, Editha at Merylin ang dumarating na si Roberto na may kakawit-bisig na magandang dalaga. Hindi man sila nagkakaalam, ay sumikdo ang kanilang dibdib sa paninibugho.

—Sino po ba ang kasamang iyon ni Roberto? —ang di napigilang usisa ni Imelda kay Mario.

—E, siya po ang magiging hipag ko.


At...parang pinagtiyap ang pagdaramdam, ang tatlo ay hindi na nahintay sina Roberto at Mercedes. Nagsipanaog at nagsisakay agad sa awto at humahagibis silang lumisan. Umaalimbukay ang alikabok sa dinaraanang lansangan sa nayon.

Nagtaka si Roberto kung bakit biglang umalis ang kotseng natanaw niyang nasa tapat ng kanilang bahay, kaya't....

—Sino ba, Mario, ang nanggaling ditong sakay ng humaharurot na kotseng iyon?

—Sila raw ay sina Imelda, Editha at Merylin....


Gumagamot sa may mga sakit na Tuberculosis sa bahay-bahay.




35MM—P2.50


X-Ray sa Ngipin—P1.00 lamang

SAN VICENTE CLINIC
401 San Vicente, Biasadok, Maynila

Dr. J. Urtanez T. B.
Especialista sa T. B.
Nagsanay sa Paris
Vienna, Londres.



**Ang pinakabago, pinakamadaling paraan sa napakagandang kutis**



walang basang espongha

walang malangis na daliri

walang tumatapon na pulbos



Bago! Ang "Angel Face" na nasa ginintuan at may salaming sisidlan

**Angel Face** by POND'S

**May kasamang espongha—at nananatili**

**Sa isang pahid lamang ng Angel Face "puff" ay dudulutan ang inyong balat ng makinis, di nangingintab at** ***napakagandang*** **kutis! Nababagay sa** ***anumang*** **kutis! At ang "Angel Face" ay nananatiling matagal kaysa karaniwang pulbos, sapagka't ang saligan at pulbos na ito ay iisa!**




Gayundin sa bughaw na kulay at ginintuang lalagyan na may espongha.

**Ilagay sa inyong "handbag"!** Ngayon, ito'y nasa manipis, magarang lalagyang may salamin, espongha at napakainam na "Angel Face"—at ito ang tumpak na gamitin ninyong make-up! Handa upang dulutan kayo ng sariwa, bagong kutis sa loob ng 5 segundo—saan mang dako, anumang oras. At ito'y di *maaaring tumapon. Maiibigan* ninyo. Pumili sa 6 na mga kulay.

*magpapalipas ng ilang buwan.*

*Ang iyong Mama,*

*Trining.*

Kasabay ng sulat ni Donya Trining ay tinanggap rin ni Belen ang sulat n Delfin na ganito naman ang sinasab':

*Mahal kong kapatid,*

*Marahil ay susumpain mo ako pagkabasa mo ng sulat ni Mama, subali't bago mo lamang gawin iyon ay mangyaring tunghan mo ang sulat kong ito.*

*Kagaya nang ating napagkasunduan, si Naida ay sasamahan ko sa isang bayan at ipakikilala kong isang asawa upang ikubli ang kanyang naging pagkakasala. Hindi ako nagkulang sa pangakong iyan at natutuhan kong igalang nang matagal ding panahon. Subali't nang lumaon ay naklala kong dinadaya ko pala ang aking sarili pagka't sa tunay na karyagan ng aming may balatkayong pagsasama ay tunay ko palang minamahal si Naida. Nadama ko ang kanyang tunay na pagmamahal nang ako ay magkasakit at alagaan niya, isang pag-aalagang sa isang mairuging asawa lamang maaaring masumpungan. Nilabag ko ang aking ipinangako sa iyo, subali't paglabag na tumubos naman sa karangalan ng inyong angkan at sa Mama dahil sa kanyang taglay na karamdaman. Bagama't sa simula ay tumututol sana si Naida subali't sa wakas ay napahinuhod ko na rin siya. Kami ay napakasal pagkaraang malaglag ang tinataglay niya sa kanyang sinapupunan. Patawarin mo kami.*

*Ang iyong bayaw*

*DELFIN.*

Halos hindi na natapos ni Belen ang pagbasa ng sulat. Hilam na hilam sa luha ang kanyang mga mata dahil sa malabis na pagdaramdam. Sa bunton ng mga unan ay doon buong layang tinigis ni Belen ang luha ng kanyang kaapihan.

—Ako ang dapat sisihin sa lahat nang nangyari. Talagang ang KAHOY MANG BABAD SA TUBIG......., —at hindi na naituloy ng kahabag-habag ang iba pang sasabihin. Malalalim na buntung-hininga na lamang ang namulanggos sa nagsisikip niyang dibdib.

WAKAS



Copyright PMC 1952.

—Pulos ka namang biro e... maselang ang ipagagawa ko sa iyo at kailangang matupad mo nang buong linis.

Dinukot ni Fany sa loob ng kamison ang ginawang liham at saka ipinagpatuloy ang kanyang pagsasalita:

—Ibig kong ibigay mo lamang ito kay Mamerto nang walang nakakakita.

Inabot ni Maring ang sulat at matapos pabiling-bilingin ay saka tumugon:

—Wala bang kasagutan ang liham na ito?

—Wala. Itago mo na sa kamison at baka may pumasok ay makita pa iyan.

Sumunod naman si Maring at pagkatapos ay saka nagsalita:

—Ito ba lamang?

—Oo. Nasa liham na iyan ang aking buhay at kamatayan.

—Maaasahan mong darating sa kamay ni Mamerto.

—Tayo na at baka may naghahanap na sa atin. Aba, maalaala ko pala, mauuna akong lalabas at mamaya ka na sumunod.

—O. K.

Inayos pa muna ni Fany ang kanyang buhok at mukha sa harap ng salamin saka lumabas sa bulwagan ng sayawan.

---

Hindi naman nakaraan ang isang oras, at ang liham ni Fany, ay naibigay sa kinauukulan. Ganyan na lamang ang pagtataka ni Mamerto nang mabatid na buhat sa kanyang nilalangit ang kanyang tinanggap. At palibhasa'y kabilin-bilinan ni Mar'ng na ingatang huwag makita ng iba ang liham ay nagkunwa si Mamertong magpahinga yayamang kangina pa naman siya tumutugtog. Lumabas siya sa bahay sayawan at napatungo sa isang Bar sa tabi rin ng kanyang pinaglilingkurang aliwan at duo'y binasa ang liham ni Fany.

ITUTULOY

## Mapapalad

(Buhat sa pahina 23)

Rogel at Mely ang ikakasal kundi pati nina Don Julio at Donya Lelay.

Lingid sa kaalaman ng kanilang mga anak ay nagkakaibigan din pala sina Don Julio at Donya Lelay at napagkayarian nilang dalawa na pagsabayin na ang kanilang kasal.

WAKAS


## LOANZON CLINIC

X-Ray — Fluoroscopy-Pneumothorax And Pneumoperitoneum with Laboratory Facilities. Specializes on CHEST DIESASES only.
3766 Taft Ave. Ext., Pasay City Tel. 5-23-06
FELINO V. LOANZON M.D., T. B. Specialist


## *MAHALAGA SA MGA AHENTE AT MAMBABASA...!*

*Sapul Sa Mga Susunod Na Bilang Ng*

**BULAKLAK KOMIKS at MANILA KLASIKS**

AY DALAWANG KULAY NA Ang Mga Nobela At Magagandang Kuwentong Isinalarawan.


Iyan Ang Pagbabago't Karagdagang Mapapansin Ninyo Sa Dalawang Babasahing Inilalathala Nitong

**BULAKLAK PUBLICATIONS**

*NGAYON PA AY....*

*MAGPALAAN NG SIPI....*

*UPANG HUWAG MAUBUSAN....!*



# Vibora

(KATAPUSAN)

SINULAT NI
**Juven Linda Santi**






• KASALUKUYANG ISINASAPELIKULA NG ROYAL PRODUCTIONS •


IKA-25 LABAS
BAGAMUNDO
KUWENTO ni VICTOR TOLEDO MARCOS
BAKAS NG NAKARAAN
MATAPOS MAIPAGTAPAT NI ERMINIO KAY DELIA ANG PINAGBABATAYAN NIYA SA PANINIWALANG HINDI NITO KAPATID SI DANILO AT ANG HINDI KAPASIYAHAN NI DELIA SA KANYANG PAG-IBIG, NANG TALAMPAKIN SIYANG HINDI MAIIBIG KAILANMAN AY IPININID ANG PINTO AT LINAPITAN SI DELIA NA PAIWAS NAMANG UMURONG.
Guhit ni RUBEN M. FABIAN
SA KAUURONG NI DELIA'Y NAGKAPANAHON SIYANG MAKUHA SA "HANDBAG" ANG KANYANG REBOLBER, KAYA'T...
HUWAG KANG LALAPIT! HINDI KA SASANTUHIN NG AKING REBOLBER!..
KAHIT NA ANO PA ANG HAWAK MO'Y HINDI AKO NATATAKOT!
AT BIGLANG SINUNGGABAN NI ERMINIO ANG KAMAY NI DELIANG MAY TANGANG SANDATA.
HINDI KITA BIBITIWAN HANGGA'T HINDI KO NAKAKAMTAN ANG AKING NAIS!...
PATAYIN MO MUNA AKO KUNG GUSTO MONG MAGTAGUMPAY ANG IYONG MARUMING HANGAD! SIGE PATAYIN MO AKO! MAMAMATAY KA RIN LAMANG KAPAG HINDI MO AKO PINATAY! WALA KA RIN LAMANG UTANG NA LOOB!
WALA AKONG UTANG NA LOOB?
AT HINDI BA? GAGANITUHIN MO BA AKO KUNG MARUNONG KANG TUMANAW NG UTANG NA LOOB, GAYONG KUNG HINDI SA AKI'Y PATAY KA NA!...HINDI KA BIBITIWAN NI DANIEL NANG BUHAY KUNG HINDI KO SIYA INAWAT!...


NAALAALA NI ERMINIO NA INILIGTAS NGA PALA SIYA NI DELIA. NAGUNITA RIN NA KAPAG NALAMAN NINA LUKAS NA SIYA ANG NAGBIWALAT NG PAGPAPANGGAP NI DANILO'Y MANGANGANIB ANG KANYANG BUHAY.
HINDI NA KITA PIPILITIN KUNG SADYANG HINDI MO AKO MAIIBIG. NGUNI'T MAY ISANG BAGAY LAMANG AKONG HIHILINGIN SA IYO.
IBIG KONG IPANGAKO MO SA AKING HINDI SASABIHIN KAHIT KANINO, NA AKO ANG NAGTAPAT SA IYO NG PAKANA NINA MANG LUKAS...
MATUTUPAD ANG KAHILINGAN, KUNG HINDI MO NA AKO GAGAMLAIN KAILANMAN...
HINDI NAKASAGOT AGAD SI ERMINIO, KAYA'T...
ANO, ERMINIO, MAIPANGANGAKO MO BANG HINDI NA AKO GAGAMBALAIN?
OO, DELIA, HINDI NA KAILANMAN!
SAMANTALA... SAPUL NANG HULING KAUSAPIN NINA MARIANO SI DANILO AY HINDI ITO NAPAGKATULOG. MADALAS NA HATINGGABI NA'Y...
BUHAY PALA SI DANIEL, AT UPANG MANATILI AKO SA KALAGAYANG ANAK NINA DON DAMASO'Y KAILANGANG BIGYAN KO SINA MANG LUKAS NG TATLUMPUNG LIBONG PISO!
AT NANG DUMATING ANG SABADONG TIPANAN NILA NINA MARIANO'Y PINASOK NI DANILO SI DELIA SA SILID NITO...
HINDI KO NA NAGISNAN ANG MGA NANAY. BAKIT, SAAN BA SILA NAGPUNTA?
SA MAYNILA, MAY MAHALAGA RAW SILANG LAKAD!
MABUTI'T WALA SILA! AT SA WAKAS AY DUMATING DIN ANG PAGKAKATAONG ITO NA MATAGAL NANG PINAKAHIHINTAY KO!
ANO ANG BINABALAK NI DANILO KAY DELIA? SAAN KAYANG TALAGA NAGPUNTA SINA DONYA LUISA AT DON DAMASO? MAY KAUGNAYAN KAYA SA PAGPAPANGGAP NI DANILO ANG PAGKAKAALIS NA IYON NG MAG-ASAWA?
ITUTULOY


IKA 25 LABAS
BANAL NA KALIS
MULA NANG SUMIPOT ANG MAHIWAGANG BANAL NA KALIS, AT SABIHIN NI PADRE FALCON ANG KAHULUGAN NIYON AY NABALISA NA SI ERAMO. IPINASYA SA SARILING HANAPIN NIYA ANG KALIS AT HINDI NATULOY ANG KANILANG KASAL. KASAMA SI DAGAS AY NAGLAKBAY NA SIYA SA PAGHANAP AT ITINURO SA KANILA NG ERMITANYO ANG IKAPITONG BUNDOK...
KATHANG ISIP NI JUAN DE SAMANIEGO
GUHIT NI EDDIE YUZON
SAKLOLOOO! SAKLOLOOO!
PANGINOON GINAGAHASA ANG BABAE..
LAPASTANGANG LALAKI!


DADALUHAN KO ANG BABAE PANGINOON...
DAGAS, WALA TAYONG PANAHONG DAPAT SAYANGIN... NAKAAABALA LANG SA 'TIN ANG PAKIKIALAM D'YAN... ANG KALIS AY DAPAT NATING MATAGPUAN AGAD!
SAKLOLOOO!


AT NAGPATULOY SILA NA DI NAGPAKAABALANG DALUHAN ANG KAWAWANG BABAE...
HINDI KO MALAMAN KUNG ANO'NG GINAGAWANG 'TO NG AKING PANGINOON. NGUNIT ALAM NIYA ANG KANYANG GINAGAWA!


SUBALI'T BIGLANG HINARANG SINA ERAMO AT DAGAS NG MGA TULISAN...
PANGINOON, NGAYON LANG NATIN MAGAGAMIT ANG ATING MGA TABAK PAGKA-RAAN NANG MARAMING ARAW...
ABALA ANG MGA 'TO SA 'TING PAGHAHANAP!
ANG MAHIGPIT NA PAKIKIPAGLABAN NINA ERAMO AT DAGAS AY NAWAWALAN NA NG SAYSAY. UNTI-UNTI NA SILANG NAGAGAPI....
WALA TAYONG MAGAGAWA, DAGAS... PARA SILANG LANG-GAM SA DAMI!
PANGINOON, DI PA BALI ANG ATING MGA TABAK
NAGAHIS NGA ANG PAKIKIPAGLABAN NINA ERAMO AT DAGAS...
GAPUSIN ANG MGA 'YAN... AT TINGNAN KUNG ANO ANG KANILANG MGA DALA NA MA-PAKIKINABANGAN...
PAGKATAPOS NA MASAMSAM ANG KANILANG KAGAMITAN SA PAGLALAKBAY AY IPI-NALAKAD SILA SA MAINIT NA DIS-YERTO...
DAGAS, NARINIG MO ANG KANILANG SINA-SABI... IPAGBIBILI TAYO SA PAMI-LIHAN NG ALIPIN!
PATAYIN NA MUNA NILA SI DAGAS BAGO MAGAWA SA 'TIN 'YON!
ISANG GABI... ANG MGA TULISAN AY HUMIMPIL SA ISANG OASIS...
SALAMAT, NAKAKALAG AKO...
KALAGAN MO 'KO, PANGINOON...
WALA NANG PANAHON, DAGAS... ANG MGA TULISAN AY TILA NA-PAPANSIN TAYO... IIWAN NA KITA... ISA MAN LANG SA 'TIN AY MAKATATAKAS...
IIWAN NGA KAYA NI ERAMO SI DAGAS? MAGAWA KAYA NIYA ANG TUMAKAS KAHIT IWAN ANG MATAPAT NA ALIPIN?

# Ang Palasyo sa Paltok

Sinulat ni JUSTO LARA BAUTISTA

IKA-28 LABAS

Guhit ni ANDY L. LUMBAN




PINANG... PINANG... HUWAG KANG PUMA-SOK DIYAN...
MELO... MELO... SAAN KA NARUON MELO... MELO..
DIYOS KO! MAY NAGMUMULTO NA YATA... TINATAWAG ANG PANGALAN KO.
SI PINANG AKO... SAAN KA NARUON? SAKLOLOHAN MO AKO!
TUNAY BA? SI PINANG KA BA? HINDI KA BA MULTO?
TOK
TOK
TOK
OO, SI PINANG AKO... BUKSAN MO AKO AT NARITO NA SI DON KULAS...
MELO... HUWAG MONG PAPASUKIN SI PINANG.
MELO... MELO... HUWAG MATIGAS ANG ULO MO. PAPATAYIN KITA KAPAG KINULONG MO SI PINANG...
ITUTULOY


DIYOS KO! AKO'Y NAGKASALA! PATAWARIN MO PO AKO..! SA PARUSANG ITO'Y NAKATALAGA ANG AKING SARILI!
KATAPUSANG LABAS
SIMULA WAKAS
BAKAS NG NAKARAAN:
SA YUNGIB NG APOY NG KASALANAN AY NADAMA NI MARIO NA NAGDIRINGAS ANG KANYANG KATAWAN... HINDI SIYA MATUPOK-TUPOK NGUNI'T NARARAMDAMAN NIYA ANG SAKIT NG PAGKAUHAW. ISANG TINIG ANG NAGSALITA SA KANYA AT SINABING MAKAIINOM LAMANG SIYA SA NAGAWAN NIYA NG KABUTIHAN... SUMIPOT SA KANYA SI SONYA AT DINULUTAN SIYA NG TUBIG. NGUNI'T ANG TUBIG AY NATUTUYO SA PAGSAYAD SA KANYANG LABI... SAKA NIYA NAGUNITANG DI SIYA KARAPAT-DAPAT SA KABUTIHAN NI SONYA..!
NOBELA ni
JOSE L. SANTOS Jr.
BIGLANG NAGBAGO ANG KALAGAYAN NI MARIO...NASUMPUNGAN NA LAMANG ANG SARILI NA NASA LOOB SIYA NG ISANG PARANG TEMPLO...
AKO ANG SIMULA AT WAKAS..! NGAYO'Y NARIRITO KANG MULI SA HARAPAN KO...BIGO SA UNANG PAGKAKATAONG IBINIGAY SA IYO..!
PATAWAD! PATAWAD! ISA PA... ISA PA PONG PAGKAKATAON ANG HINIHINGI KO!
HUMAYO KA..! ANG PAGKAKATAONG IYA'Y IBIBIGAY SA IYO! MAY ISANG DALANGING NAGHAHANDOG NG PAGPAPAKASAKIT DAHIL SA IYO! MAGBALIK KANG MULI SA LUPA!


ANG DALANGING IYON NG PAGPAPAKASAKIT AY NAGBUHAT KAY DIVINA NA NAGSISISI AT NAGBABAGONG-LOOB...
KAPINSALAAN LANG ANG NAIDULOT NG AKING PAG-IBIG SA KANYANG BUHAY. LALAYO AKO SA KANYA AT ISINUSUMPA KO ANG AKING BUHAY AT KAYAMANAN AY IUUKOL KO SA PAGKAKAWANGGAWA...
ANG KALULUWA NI MARIO'Y NAGBALIK SA KANYANG KATAWAN SA ISA PANG PAGKAKATAON...
MARIO, O, ASAWA KO!
PINAGKALOOBAN PA ULI AKO NG BUHAY, SONYA! ISINUSUMPA KO NA SA 'YONG MAGPAPAKABUTI NA AKO!
MAGALING NA SI MARIO, AT ISANG ARAW...
SI DIVINA...PUMASOK SA ISANG AMPUNAN! INIHANDOG ANG KANYANG PAGLILINGKOD SA PAG-AALAGA NGMGA BATANG KAPOS-PALAD, AT ANG KANYANG KAYAMANAN AY IPINAGKALOOB SA AMPUNAN AT ..SA PANG SAMAHAN SA PAGKAKAWANGGAWA!
KAWAWA NAMAN SIYA!
SONYA, DEDES... SISIKAPIN KO RING MAGING DAPAT NA SA INYONG PAGMAMAHAL!
TINUNGO NI MARIO ANG PIYANO, AT BILANG HULING PAGUNITA KAY DIVINA AY TINUGTOG NIYA ANG "SIMULA AT WAKAS."
ALPA — OMEGA
HABANG TUMUTUGTOG SI MARIO'Y DUMATING ANG AMA AT INA NI SONYA...
WAKAS


"VAMPIRA"
IKA 14 NA LABAS
NAKARAAN; ILAN SA MGA TAGA NAYONG MABURAK AY TUMUNGO SA MAY BUROL NA SINUNDAN SI ANTONIO SA PAGHANAP KAY SARHENTO ALONZO. SAMANTALA, SI ANTONIO NAMAN AY....
SAAN KAYA, SA GAWING ITO NG BUROL... MATATAGPUAN KO SI SARHENTO?
KATHA AT GUHIT ni EMIL QUIZON CRUZ
PATULOY SA PAGHAHANAP ANG BINATA HANGGANG SA MAKARATING SA MAY MALAKING PUNONG KAHOY.......
SUS! SI SARHENTO, NAKABULAGTA!!!
LUMAPIT SI ANTONIO SA NAKITANG ANYO NI SARHENTO...
PATAY NA SIYA! MAY SUGAT DIN SA MAY PUNO NG LEEG....
NAPAUPO ANG BINATA AT...
KAAWAAWANG SARHENTO... MARAHIL AY SA PAGHAHANGAD N'YANG HUWAG MAPAHAMAK SI ROMANA.... AY ITINAYA ANG KANYANG BUHAY SA PAKIKIBAKA SA IMPAKTO...
ILANG SANDALI PA AY DUMATING ANG KANAYON NI ANTONIO...
HAYUN SI ANTONIO.... TILA NATAGPUAN NIYA SI SARHENTO! TAYO NA....
NANG MAKALAPIT SILA KAY ANTONIO AY NAKITA NILA ANG BANGKAY NI SARHENTO. ANG BINATA AY TUMAYO AT SAKA NAGSALITA...
MGA KASAMA... HINDI LANG ANG PAGBIBILOG NG BUWAN ANG DAPAT NATING PAGINGATAN! NGAYON, NAPAHAMAK SI SARHENTO. ANG LAHAT NG GABI AY DAPAT NATING PANGALAGAAN!


SA NAYON...
ABA, TERIA, JUANA! HETO NA SILA DUMARATING. TILA MAY PATAY NA DALA?
NANG MAKILALA NILA ANG PATAY NA DALA NINA ANTONIO....
SI SARHENTO, AMBO?
OO, IHA...
SUS! HINDI KO MATINGNAN!
LALONG NARAGDAGAN ANG ALALAHANIN NG MGA TAGA NAYONG MABURAK DAHIL SA PAGKAMATAY NI SARHENTO ALONZO. KINABUKASAN, NANG TANGGAPIN SA HIMPILAN NG HUKBONG KOSTABULARYA ANG BALITANG PAGKAMATAY NG KAWAL NA SARHENTO AY ISANG PANGKAT NA MAY KASAMANG DOKTOR ANG NAGSADYA SA NAYON.
SA TAHANAN NI MANG AMBO ITINULOY ANG PATAY KAGABI KAYA DITO SINURI NG DOKTOR....
MAKAMANDAG NA IMPAKTO!..
MATAPOS SURIIN NG KAWAL NA DOKTOR ANG BANGKAY...
KAYONG MGA NANINIRAHAN DI SA INYONG NAYON! MAGINGAT KAYO... LUBHANG MABAGSIK ANG KAMANDAG NG IMPAKTONG NANALAKAY DITO...!
NANG NAGPAPAALAM NA ANG MGA KAWAL NG KOSTABULARYA NA DALA ANG BANGKAY NI SARHENTO ALONZO AY NATAPUNAN NG TINGIN NG DOKTOR SI ROMANA, NANG MGA SANDALING 'YON AY NASA DUNGAWAN AT NANUNUOD.
ABA, MAY MAGANDA PALANG BABAE RITO... KAYA SIYA...
MATAPOS PAGUKULAN NG MASURING TINGIN NG DOKTOR ANG DALAGA AY UMALIS NA ITO NA KASAMA ANG PANGKAT NA KAWAL NG HUKBONG KOSTABULARYA NA DALA ANG BANGKAY NI SARHENTO ALONZO. SAMANTALA, ITONG SI ANTONIO NA NAKAPANSIN SA INANYO NG DOKTOR AY....
MAKAHULUGAN ANG TITIG NA INUKOL NG DOKTOR NA 'YON KAY ROMANA... MUKHANG MAUUNAHAN NA NAMAN AKO. HM!.. BAHALA NA....
MAGBALIK KAYA ANG DOKTOR UPANG MAKILALA SI ROMANA? SI ANTONIO, MANATILI KAYANG SA TINGIN NA LAMANG ANG IUUKOL NIYANG PAG-IBIG KAY ROMANA?....
ITUTULOY


PILIPINAS
SA LARAWAN
SA PANANALIKSIK ni CONRADO ACUÑA GUHIT ni BES PASCUAL
BLG. 6
1
NAPARITO ANG MGA MALAYO
DUMAAN ANG MARAMING TAON, ANG MGA MALAYO AY NANDAYUHAN SA PILIPINAS SA PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA BANGKA. ANG KARAMIHAN NG MGA MALAYONG ITO AY NAGBUHAT SA HABA AT SUMATRA AT ANG IBA NAMAN AY SA PULO NG SILANGANG INDIYA.
2
NAKA-AANGAT SA ITA AT INDONESYO
ANG MGA MALAYO AY NAIIBA SA MGA ITA AT INDONESYO. MATATAAS SILA KAYSA MGA NEGRITO. HIGIT ANG KABIHASNAN KAYSA MGA INDONESYO. SIKSIK ANG KANILANG PANGANGATAWAN, UNAT AT MAITIM ANG BUHOK, KAYUMANGGI ANG BALAT.
3
SANAY SA PANDARAGAT
ANG MGA MALAYO AY MAY LIKAS NA KATAPANGAN. MALALAKAS ANG LOOB NILA AT HINDI NATATAKOT NA MAGTAWID-DAGAT. SA PAGHANAP NG MAKAKAIN AY GUMAGAMIT SILA NG BUSOG AT PALASO, KAMPIT AT KALASAG AT SA PAKIKIDIGMA NAMAN AY TABAK AT LANTAKA.


BLG. 6, PAHINA 2
4
SI MARIKUDO, ANG DATU NG PANAY
NUONG ARAW, SA PANAY AY MAY NAMAMAYANG MGA ITA. ANG PUNO NILA AY SI DATU MARIKUDO. ANG DATUNG ITO AY KILABOT SA TAPANG AT LAKAS. HALOS SINBILIS NG USA KUNG SIYA AY TUMAKBO.
5
MAY NATANAW NA DUMARATING
ISANG ARAW, ANG ISA SA MGA KABIG NI MARIKUDO AY NAKATANAW SA DAGAT NG MARAMING BANGKANG DUMARATING NA PATUNGONG PANAY. MALALAKI ANG LAYAG NG MGA BANGKANG IYON, AT ANG MGA NAKALULAN AY MGA MALAYO NA BUHAT SA BORNEO.
BER PASCUAL '52
6
ANG SAMPUNG DATU
HINDI NATAGALAN AT ANG MGA BANGKA AY SUMAPIT SA LOOK. NAGSI-IBIS ANG SAMPUNG DATU. KINIKILALANG PUNO NG MGA IYON AY SI DATU PUTI. KASAMA NG MGA DATU ANG KANI-KANILANG ASAWA AT MGA ANAK, AT IBA PANG KINAYAG SA KANILANG PAGLALAYAG.


IKA-41 LABAS
Segmundo
Nobela ni DOMINADOR Ad. CASTILLO
MUNTIK NANG MAPAYUKAYOK SI FELIFE SA SAHIG KUNDI ITO NAALALAYAN NG LALAKING LUMAPIT SA MESA. PAGKATAPOS AY...
BAKIT HINDI KA MAGPAKALALAKI?. MERON KANG SALAPI AT MAAARI MONG GAWIN ANG ANUMANG HAKBANG..SAMANTALANG ANG ARBULARYONG 'YAN E ISANG HAMPAS-LUPA LANG NA NAPADPAD DITO SA SAN CRISTOBAL...
ME KATWIRAN KA KAIBIGAN.. HIK!.. KAMAY NA BAKAL ANG KAILANGANG ISAGUPA KO SA SANTO-SANTITONG 'YAN... HIK!..
SAMANTALA, SI SENDONG NAMAN NA KASAMA NI FELIFE AY MASUSING NAGMAMASID SA KAUSAP NILANG KARARATING LAMANG....
SINO KAYA ANG MATANDANG ITO?.. TUTURUAN PATI SI FELIFE NA MAGING MASAMA... NABABAGO ITO RITO A...
FELIPE, MABUTI 'YAN ANG PASYA MO.. MULA NGAYO'Y KAIBIGAN MO SI DON MOISES MONTALVO..
NAKAPAGTATAKA... KILALA MO AKO?..
VIR
NAPATAWA LAMANG SI VIDAL. NAGSALIN NG ALAK SA BASO AT MATAPOS UMINOM NG KAUNTI...
AT SINONG HINDI MAKAKIKILALA SA SIMPATIKONG ANAK NI KAPITANA BERNARDA?.. BA!. FELIFE PINATATAWA MO AKO...
SALAMAT DON MOISES..HIK!. INAASAHAN KONG E HIK.. AKO'Y KAIBIGAN MO NA RIN..
SA PATULOY NA PAGTAKAS NG MGA ARAW AY LALONG NAG-ULOL ANG PAGKALAT NG BALITA UKOL SA PAGKAKASALUNGATAN NG KURA PAROKO AT NG KAHANGA-HANGANG PANGGAGAMOT NI SEGMUNDO, HANGGANG SA..
BA!..ANO BA ANG PINAGKAKAGULUHAN NG MGA TAO ROON? TEKA NGA...


ALANGANG-NANANABIK NA LUMAPIT ANG PARI SA NAGKA-KATIPONG MGA TAO SA TINDA-HAN NI ALING ISKA, AT ITO'Y SANDALING NA-PAHINTO NANG..
AHA! AT ANG ARBU-LARYONG PUTOL PALA ANG PINAGKAKALIPUM-PUNAN NG TAO RINE.. AT MAY GINAGAMOT NA NAMAN ANG SANTU-SANTUHAN...
MAGKAKAUSAP HU KAMI RITO E.. BIG-LA NA LANG DUMAING NG PAGKAHILO AT TULUYAN NANG NAPA-HANDUSAY...
MAHAL KONG PATRON..TULU-NGAN MO PO A-KONG MAPANUM-BALIK ANG MALAY NG MATANDANG ITO...
SUBALI'T PARA NAMANG SINADYA NG PAGKAKATAONG NABIGO ANG BINATA SA PAGTINGIN SA MATANDANG SINUMPONG NG SAKIT SA TINDAHAN KAYA...
ANO BA MGA KAPA-TID?. ANO ANG NANG-YARI KAY TANDANG IMPIYONG?
KAYO PALA PADRE.. ETO HU AT BIGLA NA LANG SINUM-PONG NG KUNG ANONG SAKIT E... TINITINGNAN NGA HU NILA...
IYAN ANG HIRAP E.. BAKA KUNG NAA-ANO NA ANG MATANDA AY HINDI PA NIYO IYU-WI SA KANILA.. MA-LAY NIYO KUNG MAY DUKTOR SILANG PATITINGININ DIYAN...
MASAMA ITO... LABAN NGA PALA ANG PARI SA BINATANG ITONG NAGGAGANTU-SANTUHAN DAW..
BAKIT KUNG TOTOONG SANTO ANG GUMAGAMOT NA IYAN AY WALA SIYANG MA-GAWA.. SINABI KO NA SA INYONG HINDI MANANAIG ANG MGA TAONG GUMAGA-GAD SA KAPANGYARIHAN NG DIYOS E...
PADRE, KAILANMA'Y DI KO SINABI SA KANILANG AKO'Y SANTO..TINAPAT KO SA KANILA KUNG MAKAILAN NG BESES NA AKO'Y TA-ONG KATULAD NILA AT DI KO SILA PINANIWALA KAILANMANG AKO NGA'Y SANTO...
PAGKAWIKA NITO'Y TUMAYO SI SEGMUNDO AT NILISAN ANG UMPUKANG IYON. ANG MAYSAKIT NAMAN AY INIUWI NG MGA TAO SA BAHAY NITO.
TATLONG ARAW PA ANG LUMIPAS. ISANG UMAGA AY SINAKLOT NG PAGTATAKA ANG MGA TAGA-SAN CRISTOBAL NANG...
NGAYON LANG NAG-MINTIS ANG SEGMUN-DONG 'YUN.. NAMA-TAY ANG ME SAKIT NA GINAGAMOT NIYA...
OW, E MALAY NATIN.. TALAGA NA NG DIYOS ANG PAGKAMA-TAY NG ME SAKIT...
MAGBAGO PA KAYA ANG PA-LAGAY NG PARI KAY SEGMUNDO? HINDI KAYA MA-HALINHAN NG ALINLANGAN ANG PANANA-LIG NG MGA TA-O SA BINATA?
ITUTULOY


RITARITS
MELBA
BAKAS NG NAKARAAN:
DAHIL SA ANYAYA NI MILA KAY MELBA NA SILA'Y SASAMA SA ISKURSIYON. LUMAPIT SI MELBA SA INA....
BILANG 8
Guhit ni EMIL
BAKIT MELBA, ME KAILANGAN KA BA ANAK?...
E... INAY... ISASAMA DAW AKO NI MILA SA ISKURSIYON SA LINGGO. IBIG KONG SUMAMA E....
HAKU... ANG ANAK NA IRE... GASTOS NA NAMAN ANG NAISIP!..
ANG NANAY NAMAN... PARA MINSAN LANG E....
EHEM.... INAY....
HUWAG KA NANG SUMAMA ANAK... AT BAKA SUNDAN KA NA NAMAN NG BINATA DIYAN SA ATING KAPIT-BAHAY....
SIGE NA INAY... MAGHAPON NAMAN AKONG NANAHI.... PAYAGAN NINYO AKO.....
NAKA! NANG BOBOLA.
TAMA NA 'YANG LANGIS-LANGIS SA NANAY!
TAMA KA RIN!
BASTA'T ISAMA MO AKO... PAPAYAG ANG NANAY....
ISAMA?... HINDI MAAARI. BATA KA PA!
NAKA! BATA DAW...
O SIYA... DALE... ISAMA MO SI RITARITS.... NANG MAKALAKAD KA....
KITA MO NA... HI! HI! HI!
BAKIT PA BA ITO SUMAMASAMA... NAKASUSUYA! HMMM!
HI! HI! HI!
ABA, SI KALBO?
SIYANGA PALA INAY...
O ANO 'YON?


GAGAWA HO AKO NG SAYA'T BARO....! TUTAL, SA LINGGO PA NAMAN ANG ISKARSIYON, HO....
ABA NAMAN ANG ANAK NA IRE....!
NAKA.!
HUWAG KA NANG GUMAWA!... ANG BARO'T SAYA NI INAY ANG ISU-OT MO...!
IKAW RITA, HA!
HI! HI! HI! O SIYA.....! IKAW NA NGA ANG BAHALA!... GUMAWA KA....
HABANG NAGSASALITA SI RITARITS ANG MATA'Y NA-KATITIG KAY TERIONG KALBO.....
AT NANG INAAKALA NI RITARITS NA HINDI SIYA NAPAPANSIN NG KANYANG INA AT NI MELBA AY....
SSST.! HI.! HI.! HI.! BELAT ANG BATA.!
HU...HU... HU....
SA SAMA NG LOOB AY NAPAHAGULGOL NG IYAK SI KALBO....
WAAAA!...HU! HU...HU...WAAA....
SAMANTALA....
ABA! HUMAHAGULGOL SI TEROY KO... BAKIT KAYA?
MEEEE.... BUTI NGA!
EEEK!
WAAA!... HU...HU... WA....
AT NAGSIMULA NANG MAGBUNGANGA SI ALING KARIAKA.....
TALAGANG SARAGATE! WALANG MODO! WALANG PINAGARALAN! ANAK NG SUROT! DUWENDENG BUHAY -UGALING PANIKE... KALA-HAT-LAHATAN-OO, PINA-NAMASAMANG ANAK NI HUDAS!
ABA! TUMALAK NA NAMAN ANG KAPIT-BAHAY NAMIN. HA?... SIGURO SI RITA NA NAMAN ANG ME KAULULAN NITO...
AT ANG NGIT-NGIT NG LOOB NI ALING KARIAKA AY NAG-PATULOY.....
ALIN... AKO... AKO'Y LAKI SA KOLEHIO... MAHIRAP NA LANG MAGSALITA!... PERO 'YAN! PHUWE!... MGA LAKI SA LANSANGAN KAYA MGA WALANG EDUKASYON!...
....ALIN... KAYA LANG AKO HINDI NAKA-TAPOS... MANGYARI AKO ANG TAGA BUGAW NG LANGAW SA LOOB NG KOLEHIO, KUNG KUMAKAIN ANG MGA MADRE....
ITUTULOY


ALANGANG-NANANABIK NA LUMAPIT ANG PARI SA NAGKA-KATIPONG MGA TAO SA TINDAHAN NI ALING ISKA, AT ITO'Y SANDALING NAPAHINTO NANG..
AHA! AT ANG ARBULARYONG PUTOL PALA ANG PINAGKAKALIPUMPUNAN NG TAO RINE.. AT MAY GINAGAMOT NA NAMAN ANG SANTU-SANTUHAN...
MAGKAKAUSAP HU KAMI RITO E.. BIGLA NA LANG DUMAING NG PAGKAHILO AT TULUYAN NANG NAPAHANDUSAY...
MAHAL KONG PATRON.. TULUNGAN MO PO AKONG MAPANUMBALIK ANG MALAY NG MATANDANG ITO...
SUBALI'T PARA NAMANG SINADYA NG PAGKAKATAONG NABIGO ANG BINATA SA PAGTINGIN SA MATANDANG SINUMPONG NG SAKIT SA TINDAHAN KAYA...
ANO BA MGA KAPATID?. ANO ANG NANGYARI KAY TANDANG IMPIYONG?
KAYO PALA PADRE.. ETO HU AT BIGLA NA LANG SINUMPONG NG KUNG ANONG SAKIT E... TINITINGNAN NGA HU NILA...
IYAN ANG HIRAP E.. BAKA KUNG NAANO NA ANG MATANDA AY HINDI PA NIYO IYUWI SA KANILA.. MALAY NIYO KUNG MAY DUKTOR SILANG PATITINGININ DIYAN...
MASAMA ITO... LABAN NGA PALA ANG PARI SA BINATANG ITONG NAGSASANTU-SANTUHAN DAW..
BAKIT KUNG TOTOONG SANTO ANG GUMAGAMOT NA IYAN AY WALA SIYANG MAGAWA.. SINABI KO NA SA INYONG HINDI MANANAIG ANG MGA TAONG GUMAGAGAD SA KAPANGYARIHAN NG DIYOS E...
PADRE, KAILANMA'Y DI KO SINABI SA KANILANG AKOY SANTO..TINAPAT KO SA KANILA KUNG MAKAILAN NG BESES NA AKO'Y TAONG KATULAD NILA AT DI KO SILA PINANIWALA KAILANMANG AKO NGA'Y SANTO...
PAGKAWIKA NITO'Y TUMAYO SI SEGMUNDO AT NILISAN ANG UMPUKANG IYON. ANG MAYSAKIT NAMAN AY INIUWI NG MGA TAO SA BAHAY NITO.
TATLONG ARAW PA ANG LUMIPAS. ISANG UMAGA AY SINAKLOT NG PAGTATAKA ANG MGA TAGA-SAN CRISTOBAL NANG...
NGAYON LANG NAGMINTIS ANG SEGMUNDONG 'YUN.. NAMATAY ANG ME SAKIT NA GINAGAMOT NIYA...
OW, E MALAY NATIN.. TALAGA NA NG DIYOS ANG PAGKAMATAY NG ME SAKIT...
MAGBAGO PA KAYA ANG PALAGAY NG PARI KAY SEGMUNDO? HINDI KAYA MAHALINHAN NG ALINLANGAN ANG PANANALIG NG MGA TAO SA BINATA?
ITUTULOY


RITARITS
MELBA
BAKAS NG NAKARAAN:
DAHIL SA ANYAYA NI MILA KAY MELBA NA SILA'Y SASAMA SA ISKURSIYON. LUMAPIT SI MELBA SA INA....
BILANG 8
Guhit ni EMIL
BAKIT MELBA, ME KAILANGAN KA BA ANAK?...
E... INAY... ISASAMA DAW AKO NI MILA SA ISKURSIYON SA LINGGO. IBIG KONG SUMAMA E....
NAKU... ANG ANAK NA IRE... GAS-TOS NA NAMAN ANG NAISIP!...
ANG NANAY NAMAN... PARA MINSAN LANG E....
EHEM.... INAY....
HUWAG KA NANG SUMAMA ANAK... AT BAKA SUNDAN KA NA NAMAN NG BI-NATA DIYAN SA ATING KAPIT-BAHAY....
SIGE NA INAY... MAGHAPON NAMAN AKONG NANAHI.... PAYAGAN NINYO AKO.....
NAKA! NANG BO-BOLA.
TAMA NA 'YANG LANGIS-LANGIS SA NANAY!
TAMA KA RIN!
BASTA'T ISAMA MO AKO... PAPAYAG ANG NANAY....
ISAMA?... HINDI MAAARI, BATA KA PA!
NAKA! BATA DAW...
O SIYA... DALE... ISAMA MO SI RITARITS.... NANG MAKALAKAD KA....
KITA MO NA... HI! HI! HI!
BAKIT PA BA ITO SUMAMASA-MA... NAKASUSUYA! HMMM!
HI! HI! HI!
ABA, SI KALBO?
SIYANGA PALA INAY...
O ANO 'YON?


GAGAWA HO AKO NG SAYA'T BARO....! TUTAL, SA LINGGO PA NAMAN ANG ISKARSIYON, HO....
ABA NAMAN ANG ANAK NA IRE....!
NAKA!
HUWAG KA NANG GUMAWA!... ANG BARO'T SAYA NI INAY ANG ISU-OT MO...—!
IKAW RITA, HA!
HI! HI! HI! O SIYA..... IKAW NA NGA ANG BAHALA!... GUMAWA KA.....
HABANG NAGSASALITA SI RITARITS ANG MATA'Y NA-KATITIG KAY TERIONG KALBO.....
AT NANG INAAKALA NI RITARITS NA HINDI SIYA NAPAPANSIN NG KANYANG INA AT NI MELBA AY....
SSST.! HI! HI! HI! BELAT ANG BATA!
HU...HU... HU....
SA SAMA NG LOOB AY NAPAHAGULGOL NG IYAK SI KALBO....
WAAAA!...HU! HU...HU...WAAA....
SAMANTALA....
ABA! HUMAHAGULGOL SI TEROY KO.... BAKIT KAYA?
MEEEE.... BUTI NGA!
EEEK!
WAAA!... HU...HU.... WA....
AT NAGSIMULA NANG MAGBUNGANGA SI ALING KARIAKA.....
TALAGANG SARAGATE! WALANG MODO! WALANG PINAGARALAN! ANAK NG SUROT! DUWENDENG BUHAY -UGALING PANIKE... KALA-HAT-LAHATAN-OO, PINA-NAMASAMANG ANAK NI HUDAS!
ABA! TUMALAK NA NAMAN ANG KAPIT-BAHAY NAMIN, HA?... SIGURO SI RITA NA NAMAN ANG ME KAUGNAYAN NITO...
AT ANG NGIT-NGIT NG LOOB NI ALING KARIAKA AY NAG-PATULOY....
ALIN... AKO... AKO'Y LAKI SA KOLEHIO... MAHIRAP NA LANG MAGSALITA!... PERO 'YAN! PHUWE!... MGA LAKI SA LANSANGAN KAYA MGA WALANG EDUKASYON!...
....ALIN... KAYA LANG AKO HINDI NAKA-TAPOS... MANGYARI AKO ANG TAGA BUGAW NG LANGAW SA LOOB NG KOLEHIO, KUNG KUMAKAIN ANG MGA MADRE....
ITUTULOY

